

KABABAIHAN: SA PANANAW NG BIBLIA

HARVESTIME INTERNATIONAL INSTITUTE

Ang kursong ito ay bahagi ng **Harvestime International Institute**, isang programang inihanda upang mabigyang kakayahan ang mga mananampalataya tungo sa mabisang pagaaning espirituwal.

Ang batayang paksa ng pagsasanay na ito ay ituro ang mga itinuro ni Jesus, kung paanong ang mga mangingisda, kolektor ng buwis at iba pa, ay binago Niya at naging mga mabubungang Cristiano at ang mga ito ay naghatid ng ebanghelyo sa kanilang daigdig na may kapahayagan ng kapangyarihan.

Ang manwal na ito ay isang kurso na kabilang sa ilang mga *modules* ng kurikulum na gumagabay sa mga mananampalataya mula sa pagmamasid, tungo sa pagsasagawa, pagpaparami, at pagsasangkot upang maabot ang ebanghelisasyon.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga dagdag ng mga kurso, sumulat sa:

Harvestime International Network
14431 Tierra Dr.
Colorado Springs, CO 80921

© Harvestime International Institute

NILALAMAN

Paano Gamitin ang Manwal na ito	I
Mga Mungkahi Para sa Sama-samang Pag-aaral	II
Pambungad Ng Kurso.	1
Mga Layunin ng Kurso	2
1. Sa Pasimula	3
2. Ang Pagkahulog Ng Babae Sa Kasalanan	10
3. Mga Babaing Makasalanan at Banal	22
4. Ang Aklat Ni Ruth	35
5. Ang Aklat Ni Esther	48
6. Ang Kaugnayan Ni Jesus Sa Mga Kababaihan	57
7. Ang Ministeryo Ni Jesus Sa Mga Kababaihan	65
8. Mga Babae Sa Aklat Ng Mga Gawa	75
9. Mga Babae Sa Mga Sulat: Mga Tinukoy Na Ministeryo	83
10. Mga Babae Sa Mga Sulat: Mga Posisyon Sa Iglesia	89
11. Mga Babae Sa Mga Sulat: Mga Tanging Tagubilin	100
12. Ang Iyong Dako Sa Ministeryo	114
13. Mga Hamon At Karangalan	131
14. Paglilingkod Sa Mga Kababaihan	142
15. Lahat Ng Mga Babae Sa Biblia	156
Mga Sagot sa Pansariling Pagsusulit	169

PAANO GAMITIN ANG MANWAL NA ITO

PORMAT NG MANWAL

Mga Layunin: Ito ang mga layuning na dapat maabot sa pagaaral ng kabanata. Basahin muna ang mga ito bago simulan ang aralin.

Susing Talata: Ang talatang ito ang nagbibigay diin sa kaisipan ng kabanata. Isaulo ito.

Nilalaman ng Kabanata: Pagaralan ang bawat seksyon. Gamitin ang iyong Biblia sa pagtingin sa mga reperensya na hindi nalimbag sa manwal.

Pansariling-Pagsusulit: Isagawa ang pagsusulit na ito pagkatapos pagaralan ang kabanata. Sikaping sagutin ang mga tanong na hindi ginagamit ang Biblia o ang manwal na ito. Pag natapos na ang Pansariling-Pagsusulit, Ihambing ang inyong mga sagot sa Seksyon ng mga Sagot sa dulo ng aklat.

Para sa Dagdag na Pag-aaral: Ang seksyon na ito ay tutulong sa iyo na ituloy ang iyong pagaaral ng Salita ng Diyos, palaguin ang inyong kakayahang magaral, at iangkop ang iyong natutuhan sa buhay at ministryo.

Pangwakas na Pagsusulit: Kung ang pag-enrol mo sa kursong ito ay upang makaipon ng credits, kailangang kumuha ka ng Pangwakas na Pagsusulit para sa kursong ito. Sa pagtatapos ng kursong ito, kumpletohin ang pagsusulit at ibalik ito ayon sa tagubilin upang mabigyan ng grado

DAGDAG NA KAILANGANG GAMIT

Kakailanganin mo ang salin sa Tagalog- Ang Biblia

I

MGA MUNGKAHI PARA SA SAMA-SAMANG PAG-AARAL

UNANG PAGTITIPON

Pasimula: Magsimula sa panalangin at pagpapakilala. Magkilanlan at ilista ang mga magaaral.

Ilatag ang mga Pamamaraan sa Grupo: Tiyakin kung sino ang mangunguna sa mga pagtitipon, ang oras, ang lugar, at petsa para sa mga sesyon.

Praise and Worship: Anyayahan ang presensya ng Espiritu Santo sa inyong mga sesyon ng pagsasanay.

Ipamahagi ang mga Manwal sa mga Magaaral: Ipatid ang paksa ng manwal, pormat, at mga layunin ng kurso na nakatala sa mga paunang pahina ng manwal na ito.

Ibigay ang Unang Takdang-Aralin: Babasahin ng mga magaaral ang mga itinakdang kabanata at gawin ang Pangsariling-Pagsusulit bago maganap ang unang pagtitipon. Ang bilang ng kabanata na masasakop kada pagtitipon ay naka depende sa haba, nilalaman ng mga kabanata at kakayahan ng grupo.

PANGALAWA AT MGA SUMUSUNOD NA MGA PAGTITIPON

Pasimula: Manalagin. Tanggapin at irehistro ang sinumang bagong magaaral at bigyan sila ng manwal. Ilista ang mga present. Magdaos ng Praise and Worship.

Pagbabalik-Aral: Magbigay ng maikling kabuuan ng mga pinag-aralan sa nakaraang pagtitipon.

Aralin: Talakayin ang bawat seksyon ng kabanata na ginagamit ang mga **PAMAGAT NA NAKATITIK NG MALAKING MGA LETRA** bilang balangkas ng pagtuturo. Hayaang magtanong o mag-komentaryo ang mga magaaral sa kanilang mga napagaralan na. Iangkop ang mga aralin sa buhay at mga ministryo ng iyong mga magaaral.

Pangsariling-Pagsusulit: Balikan ang Pangsariling-Pagsusulit na natapos na ng mga magaaral. (Bigyang-pansin: Kung hindi mo nais na tingnan ng mga magaaral ang mga sagot sa Pangsariling-Pagsusulit, maaari mong alisin ang mga pahina ng mga sagot sa dulo ng manwal.

Para sa Dagdag na Pagaaral: Maaari mong gawin ng sama-sama o isahan ang mga proyekto .

Pangwakas na Pagsusulit: Kung ang iyong grupo ay nag-patala para magkaroon ng credit, kailangan ang Pangwakas na Pagsusulit. Magpa-kopya para sa bawat magaaral at pangasiwaan ang pagsusulit sa pagtatapos ng kurso.

II

Module: Dagdag Na Mga Kurso

Kurso: Kababaihan: Mula Sa Pananaw Ng Biblia

PAMBUNGAD

Maraming tinig sa mundo ngayon na nagsasalita sa ngalan ng mga kababaihan.

- Narinig natin ang tinig ng tinatawag sa ibang bansa na “women’s liberation” na humihiling ng magkaparehong karapatan para sa lahat ng babae kahit saan.
- Sa ibang bansa, ang tinig ng tradisyon ay ipinipilit na ang mga babae ay magpasakop.
- Ang mga teologo ay patuloy na nagdedebate tungkol sa bahagi ng kababaihan sa Iglesia.
- Naririnig natin ang tinig ng mga “psychologists”, mga tao sa larangan ng edukasyon, at mga pilosopo na may kani-kaniyang pananaw tungkol sa kababaihan.

Sa pangkalahatan, ang paksa ng kababaihan ay naka pokus sa kanilang pakay at posisyon sa lipunan. Maraming mga modernang kapisanan na nais ng “women’s liberation” ay sumobra ang reaksiyon sa mga problemang kinakaharap ng mga kababaihan.

Hindi bago itong paksa ng pagnanais ng mga kababaihan na lumaya. Matutunton natin ito sa unang babae, si Eva, na nagnais lumaya mula sa mga batas ng Dios. Subalit ang tunay na kalayaan para sa mga kababaihan ay nangyayari lamang sa pamamagitan ni Jesucristo at ng pagkilala ng mga modelo at prinsipyo na sumasaklaw sa kababaihan ayon sa Salita ng Dios, ang Biblia.

Sa kursong ito ay ibinibigay ang buod ng lahat ng turo ng Biblia tungkol sa mga babae. Hindi lamang ito patnubay sa pag-aaral, kundi isang gamit na reperensya na inililista ang mga talata tungkol sa kababaihan at mga binanggit na mga indibiduwal na kababaihan sa Salita ng Dios.

Ngayon, “Bayaang marinig ng mundo ang Kaniyang tinig” sa paksa ng kababaihan mula sa Kasulatan: “*Kababaihan: Mula Sa Pananaw Ng Biblia.*”

MGA LAYUNIN NG CORSO

Sa pagtatapos ng kursong ito, ikaw ay may kakayahang:

- Ibuod ang kasaysayan ng kababaihan na isinaad sa Biblia.
- Ilista ang mga layunin kung bakit nilalang ang mga babae.
- Ihambing ang mga katangian ng dalawang uri ng babae na inilarawan sa Kawikaan.
- Ipaliwanag ang bahaging ginampanan ng mga babae sa ministeryo ni Jesus dito sa lupa.
- Ibuod ang Biblikal na dako ng mga babae ayon sa Mga Gawa at Mga Sulat.
- Patunayan sa Kasulatan ang mga oportunidad sa paglilingkod na nakabukas sa mga Kristiyanong kababaihan.
- Ibuod ang aklat ni Ruth.
- Ibuod ang aklat ni Esther.
- Ipagpatuloy ang pansariling pag-aaral ng kababaihan mula sa pananaw ng Kasulatan.
- Ibahagi ang iyong natutuhan sa ibang kababaihan.
- Magpasimula ka ng isang ministeryo para sa kababaihan.

UNANG KABANATA

SA PASIMULA

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos mo ng kabanatang ito, ikaw ay may kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.
- Magbigay ng mga sitas mula sa Kasulatan tungkol sa pinagmulan ng babae.
- Ibuod ang makalangit na paglalang sa babae.
- Ilarawan ang Biblikal na kaugnayan niya sa Dios at tao.
- Tukuyin ang orihinal na layunin sa pagkalikha ng lalake at babae.

SUSING TALATA:

**At nilalang ng Dios ang tao ayon sa Kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang Niya sila na lalake at babae.
(Genesis 1: 27)**

PAMBUNGAD

Ang aklat ng Genesis sa Banal na Kasulatan ang itinuturing na aklat ng mga pasimula. Nakatala dito ang pasimula ng sanglibutan, ng lalake at ng babae, ng kasalanan at ng plano ng Dios para sa kaligtasan, at ang pagbubuo ng mga bansa.

Ang unang kabanata ng Genesis ang naglalarawan ng paglalang ng mundo. Ang pangalawang kabanata ang nagsasaad ng paglalang ng lalake, at tinukoy ang babae sa 1:27. Ang mga pangunahing talata sa Genesis kabanata 2 ang naglalarawan ng pinanggalingan ng babae:

At sinabi ng Panginoong Dios, Hindi mabuti na ang lalake ay mag-isa; siya’y ilalalang Ko ng isang katulong niya.

At hinulugan ng Panginoong Dios ng di kawang himbing ang lalake, at siya’y natulog: at kinuha ang isa sa kaniyang mga tadyang at pinapaghilom ang laman sa dakong yaon;

At ang tadyang na kinuha ng Panginoong Dios sa lalake ay ginawang isang babae, at ito’y dinala Niya sa lalake.

At sinabi ng lalake, Ito nga’y buto ng aking mga buto at laman ng aking laman: siya’y tatawaging Babae, sapagkat sa Lalake siya kinuha.

**Kaya’t iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila’y magiging isang laman.
(Genesis 2: 18, 21-24)**

Inihayag ng Biblia na ang babae ay:

NILALANG NG DIOS:

Ang Genesis 2: 7 ang nagsaad na ang tao ay nilalang ng Dios mula sa alabok ng lupa. Hiningahan ng Dios ang tao ng hininga ng buhay, at siya ay naging buhay na kaluluwa. Nagpasiya ang Dios na hindi mabuti para kay Adam na nag-iisa (Genesis 2:22). Pinatulong ng Dios si Adam nang mahimbing, at kinuha Niya ang isa sa kaniyang mga tadyang at mula doon ay nilalang Niya ang unang babae na pinangalanan Niyang Eva.

Tinawag ni Adam ang kaniyang asawa na babae, na nangangahulugang “babaeng-tao” o “kaugnay ng lalake,” sapagkat siya ay kinuha mula sa lalake. Dito nanggaling ang salitang “babae.”

NILALANG SA WANGIS NG DIOS:

Pinatunayan ng Genesis 2: 26-27 na nilalang ng Dios ang lalake at babae sa Kaniyang wangis:

**At sinabi ng Dios, lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa Ating wangis... At nilalang ng Dios ang tao ayon sa Kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang Niya sila na lalake at babae.
(Genesis 1: 26-27)**

ANG PANGUNAHING RESPONSABILIDAD NG TAO

Sinabi ng Dios kay Adam at Eva na:

- Magpalaanakin kayo.
- Magpakarami.
- Kalatan ninyo ang lupa.
- Supilin ninyo ang lupa.
- Magkaroon kayo ng kapangyarihan sa lahat ng buhay na bagay sa lupa.
(Genesis 1: 28)

Magandang malaman na ang unang utos ng Dios sa lalake at babae ay “magpakarami kayo.” Ang Harvestime International Institute, kung saan kabilang itong kursong ito, ay sumusunod sa tema ng pag-aaning espirituwal, o pagbubunga, sa kurikulum nito. Ang espirituwal na pagbubunga ay isang konsepto ng Biblia na nagmula sa unang utos na ito hanggang sa huling pag-aani ng mga bansa na hinulaan sa huling aklat ng Apocalipsis.

Si Adam at si Eva ay pinagbubunga sa lahat ng larangan ng kanilang tatluhan kalikasan: sa pangangatawan, sa espiritu, at sa pag-iisip, sa kanilang pagpaparami sa lupa, pagsupil at paghahari nito.

Ang babae ay nilalang ng Dios, sa wangis ng Dios, na may kaluluwang walang hanggan (Genesis 2: 7) at kaugnay ng Dios sa isang tanging pagkakaisa. Ang relasyon na ito ay espirituwal sapagkat ang Dios ay espiritu (Juan 4: 24). Nasiyahan ang Dios sa espirituwal na kaugnayan kay Adam at Eva (Genesis 3:8). Ang pagsasamang ito ay nasira dahil sa pagkahulog ng tao sa kasalanan. Subalit naglaan ang Dios ng plano upang maibalik ang espirituwal na kaugnayang ito sa Lumalang sa kaniya. Lalo mong matututuhan ito sa susunod na kabanata.

ANG KAUGNAYAN NG BABAE SA LALAKE

Ang kaugnayan ng babae sa lalake ay tungkol sa:

PAGIBIG:

Bagamat ang pag-aaral na ito ay hindi tungkol sa mga sagisag sa Biblia, mahalagang matalakay ito upang maunawaan ang orihinal na relasyon ng babae at lalake. Kung pinaguusapan natin ang mga sagisag sa Biblia, tinutukoy natin ang ilang mga pangyayari sa Kasulatan na mahalaga hindi lamang sa kanilang sarili, kundi mga halimbawa ng lalong dakilang mga katotohanang espirituwal.

Maraming mga tao at pangyayari sa Lumang Tipan ay “sagisag” ng mga espirituwal na katotohanan sa Bagong Tipan. Ang pag-aaral ng mga sagisag ay isang uri ng pag-aaral ng Biblia na itinuturo sa kurso ng Harvestime International Institute na pinamagatang “*Mga Mabibisang Paraan ng Pag-aaral Ng Biblia.*”

Ang paglalang ng babae mula sa lalake ay isang sagisag ng kaugnayan na mangyayari sa pagitan ni Jesucristo at ng Iglesia. Habang natutulog si Adam, ang kaniyang tagiliran ay binuksan at nilalang ang babae. Maraming siglo pagkatapos noon, nang si Jesuscristo ay namatay sa krus para sa kasalanan ng buong sangkatauhan, sa pamamagitan ng dakilang pagkatulog na ito ng Kanyang kamatayan, ang Iglesia ay napasimulan. Ang tagiliran ni Cristo ay tinusok ng sibat at lumabas dito ang agos ng lumalalang na dugo upang tumubos, at tubig upang dumalisay sa Iglesia:

...gaya naman ni Cristo na umibig sa Iglesia, at ibinigay ang Kaniyang sarili dahil sa kaniya;

Upang Kaniyang pakabanalin ito, na nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may Salita. (Efeso 5: 25-26)

Ang paglalang sa babae ay tungkol sa pagiibigan, tulad ng relasyon ni Cristo at ng Iglesia. Ito ay malalim at nananatiling espirituwal na pagibig, hindi isang kaugnayan na nakabatay sa sex at panlabas na kagandahan.

PAGSASAMA:

Sinabi ng Dios na hindi mabuti para sa lalake ang nag-iisa. Nais ng Dios na ang lalake at babae ay magkasama.

PAGTUTULUNGAN:

Sinabi ng Dios na lilikha Siya ng “katulong” para sa lalake (Genesis 2: 18). Ang salitang Hebreo na katulong, *Azyer*, ay apat na pung beses inulit sa Lumang Tipan at madalas na ginamit patungkol sa Dios na tumutulong sa Kaniyang bayan. Ang salitang ito ay hindi nangangahulugan ng pagpapailalim, sapagkat ang Dios ay hindi nasa ilalim ng tao. Kundi, inilalarawan dito ang isang relasyon na nagbibigay, nagmamahal, at kumakalinga, katulad ng relasyon ng Dios sa tao.

PAGTUPAD SA PANGAKO:

Ang Genesis 2: 24 ay nagsasaad ng pagtupad sa pangako sa pagitan ng lalake at babae. Ang lalake ay:

Iwan ang kaniyang ama at ina:	Pangako sa pag-iisip.
Makikipisan sa kaniyang asawa:	Pangako ng damdamin.
Sila’y magiging isang laman:	Pangakong pisikal.

Ang pagibig, pagsasama, pagtupad sa pangako, at ang pagtutulungan sa isa’t isa ang mga katangian ng pag-aasawa na inihanda ng Dios sa pagitan ng lalake at babae.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang mga pangunahing reperensya sa Biblia na naglalarawan ng paglalang sa babae.

2. Lagyan ng tsek ang HINDI kasama sa listahan ng mga orihinal na pakay o responsabilidad na ibinigay ng Dios sa lalake at babae.

- Magpakarami
- Magpalaanakin
- Supilin ang lupa
- Magtatag ng mga lunsod at komunidad
- Magkaroon ng kapangyarihan sa mga nilalang
- Kalatan ninyo ang lupa

3. Lagyan ng tsek ang isang tamang sagot. Ang relasyon ng mga babae sa Dios ay:

- Pisikal lamang, sapagkat tayo ay nilalang sa Kaniyang wangis.
- Hindi lamang pisikal kundi espirituwal na relasyon din.
- Hindi posible, dahil sa pagkahulog ng tao sa kasalanan.

4. Ilista ang apat na pangunahing relasyon na dapat maganap sa pagitan ng lalake at babae. Ibigay ang tamang reperensya mula sa Biblia para sa bawat relasyon.

Relasyon	Reperensya
(1) _____	_____
(2) _____	_____
(3) _____	_____
(4) _____	_____

5. Lagyan ng tsek ang tamang pangungusap patungkol sa salitang “katulong” na ginamit tungkol sa babae bilang kaugnay ng lalake sa Genesis 2. Ang ibig sabihin ng katulong ay...

_____Ang babae ay tulad ng alipin ng lalake.

_____Tulad ng Dios na tumutulong sa Kaniyang bayan.

_____Hindi ito katawagan na galing sa Kasulatan para sa relasyon ng lalake at babae.

6. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo:

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Palawakin ang iyong kaalaman tungkol sa mga pasimula. Pag-aralan ang bawat reperensya sa Biblia at ibuod ang itinuturo nito tungkol sa paglalang tulad ng halimbawa rito:

Reperensya

Buod

Exodo 20:11

Nilalang ng Dios ang mundo sa anim na araw, nagpahinga sa ika-pito at tinawag ang araw na ito sa Sabbath.

Nehemias 9: 6

Job 12: 9

Job 26: 7

Job 38: 4-7

Awit 24: 2

Awit 33: 6

Awit 95: 5

Awit 102: 25

Awit 104: 5

Isaias 40: 28

Isaias 45: 12

Isaias 48: 13

Gawa 4: 24

Gawa 7: 50

IKALAWANG KABANATA

ANG PAGKAHULOG NG BABAE SA KASALANAN

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.
- Ilarawan ang unang pagkahulog ng babae sa kasalanan.
- Ilista ang mga kabayaran ng kasalanan.
- Matukoy ang reperensya sa Biblia na nagbibigay ng unang pangako ng Tagapagligtas.
- Makilala ang takbo ng pagikot ng pagtukso at pagkakasala.

SUSING TALATA:

At pagaalitin Ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong. (Genesis 3: 15)

PAMBUNGAD

Ang Genesis 3 ang maaaring pinakamalungkot na kabanata sa buong Biblia, at ito rin ang pinaka-kahangahanga. Bago magpatuloy sa araling ito ay basahin mo ang Genesis 3 sa iyong Biblia.

ANG PAGTUKSO

Pumasok si Satanas sa Genesis 3 bilang isang ahas, na isa sa kaniyang mga pangalan (tingnan ang Apocalipsis 12: 9). Lumitaw siya sa anyo ng ahas. Upang lalo nating maunawaan ang pagtukso kay Eva, pansinin natin ang mga utos ng Dios sa lalake:

At iniutos ng Panginoong Dios sa lalake, na sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan;

Datapuwat sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sa pagkat sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka. (Genesis 2: 16-17)

Ang unang hakbang sa pagkahulog ni Eva sa kasalanan ay naroon siya sa maling lugar. Sa Genesis 3 ay masusumpungan natin siyang katabi ng punong ipinagbabawal. Ganito ang sinasaad ng Kawikaan sa landas ng masama:

**Ilagan mo. Huwag mong daanan; Likuan mo, at magpatuloy ka.
(Kawikaan 4: 15)**

Pangalawa, hindi dapat nakipag-usap si Eva kay Satanas na ang unang pananalita ay pinabubulaanan ang mga utos ng Dios:

At sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan? (Genesis 3: 1)

Ang pagtatanong sa katotohanan ng Salita ng Dios ay madalas paraan ni Satanas sa proseso ng pagtukso. Hindi tama ang sinabi ni Eva ayon sa Salita ng Dios sa pagsagot niya kay Satanas. Dinagdagan niya ang mga utos ng Dios at binawasan niya ang kaparusahan ng kasalanan:

Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay. (Genesis 3: 3)

Ihambing ang talatang ito sa Genesis 2: 16-17. Hindi sinabi ng Dios na “ ni huwag ninyong hihipuin ito.” Idinagdag ito ni Eva. Mula pa sa pasimula, ang tao ay nagdaragdag ng kaniyang mga kaisipan, mga utos, at legalismo sa Salita ng Dios. Sinabi rin ng Dios na “kayo ay tiyak na mamamatay.” Ito ang parusa sa pagkain ng bunga ng kahoy. Pinalitan ito ni Eva ng “ baka kayo'y mamatay.”

Sa panahon ngayon, may ganito ring kaisipan na bawasan ang parusa sa kasalanan. Ang sabi ng mga tao ay, “Hindi magdadala ng tao sa impiyerno ang isang matuwid na Dios.” Ang katotohanan ay hindi nagpapadala ng tao ang Dios sa impiyerno. Pinipili ng tao na pumaroon sa pamamagitan ng kaniyang makasalanang mga gawa. Ang kaparusahan ng kasalanan ay walang hanggang pagkahiwalay sa presensiya ng Dios sa impiyerno. Madalas ay hindi itinuturing ng tao na kasalanan ang kasalanan. Ang “ abortion” ay tinatawag na pagpaplano ng pamilya sa halip na pagpatay. Ang pangangalunya ay tinatawag na “ affair.”

Sa pagsagot kay Eva, kinontra ni Satanas ang Salita ng Dios:

At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay:

Sapagkat talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama. (Genesis 3: 4-5)

Sa susunod na tsart, pansinin ang maling gamit ng Salita ng Dios sa unang pagtukso:

Una: Itinanong
Genesis 3: 1
“Sinabi ba ng Dios?”

Pangalawa: Dinagdagan
Genesis 3: 3
“Ni huwag ninyong hihipuin ito.”

Pangatlo: Ang parusa sa kasalanan ay binawasan
Genesis 3: 3
“Baka” kayo ay mamatay sa halip na
“kayo ay tiyak na mamamatay”

Pang-apat: Sinalungat
Genesis 3: 4
“ Tunay na hindi kayo mamamatay”

Mahalaga na kilalanin ang padron na ito, sapagkat ginagamit pa rin ito ni Satanas kapag ikaw ay tinutukso niyang magkasala. Pinagbibintangan niya ang Salita ng Dios at sinusubok niyang ikaw ay maunsiyami. Banal si Eva sa harap ng Dios sa magandang palibot sa halamanan, subalit tinuruan siya ni Satanas na huwag makontento. Pinaniwala niya si Eva na siya ay magiging tulad ng Dios at makaka-alam ng lahat ng bagay. Ang pagiging hindi kontento ay nagbubulid sa kasalanan. Halimbawa, ang mga taong hindi nasisiyahan sa kanilang pinansiyal na kalagayan ang siyang dahilan kung bakit sila ay nagnanakaw, nang-uumit, at nandaraya. Ang hindi nasisiyahan sa kaniyang asawa ay nagbubulid sa pangangalunya.

Nais ni Satanas na ilayo (ihiwalay) si Eva sa Dios. Sinabi ni Satanas na alam ng Dios na marami siyang pakikinabangan kapag kumain siya mula sa punong kahoy na ito. Ang ibig sabihin nito ay, “Hindi ka mahalaga sa Dios, Eva, kaya hindi nais ng Dios na magkaroon ka ng ganitong kahangahangang pagkakataon.” Ang dapat isinagot ni Eva ay, “Ako ay tulad na ng Dios,” sapagkat siya ay nilalang sa wangis ng Dios.

Laging tandaan: Ang kasalanan ay madalas nagpapanggap bilang isang magandang pagkakataon.

ANG PAGBAGSAK

Inilarawan ng Genesis 3: 6 ang pinakamadilim na oras sa kasaysayan ng sangkatauhan:

At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain. (Genesis 3:6)

Pansinin ang unti-unting pagtungo sa kasalanan:

Narinig niya: Ang tinig ni Satanas.

I

Nakita niya: At magandang tingnan.

I

Kinuha niya: Para sa kaniyang sarili.

I

Kinain niya: Ipinasok niya ang bunga ng puno sa kaniyang katawan.

I

Nagbigay siya: Hinimok si Adam na magkasala.

I

Kumain si Adam: At nagkasala rin.

Mahalagang pansinin ang padron na ito, sapagkat ito ang sinusunod ng mga tao ngayon sa kanilang pagkahulog sa kasalanan. Una, si Eva ay nasa maling lugar. Inilagay niya ang kaniyang sarili sa isang lugar na madali siyang matutukso. At nakinig siya sa kaaway, si Satanas.

Sumunod ay tumingin siya nang may pagnanasa sa ipinagbawal ng Dios. Ang tukso rito ay malayo pa sa kaniya, subalit nagpasimula si Eva na pumitas at kumain mula sa puno. Kinain niya ang tinawag ng Dios na **KASALANAN**.

Ang huling kinahinatnan ay nadamay si Adam sa kaniyang pagkakasala nang binigyan niya ito at pinakain ng bunga. Kung ikaw ay nagkakasala, madalas ito ay nakaka-apekto sa ibang nakapalibot sa iyo. At kung sila'y magkasala, pumapasok sila sa ganoon ding nakasisirang pagikot ng kasalanan.

Nagbabala ang Mga Awit sa ganitong pagbulusok sa kasalanan:

Mapalad ang tao na hindi lumalakad sa payo ng masama, Ni tumatayo man sa daan ng mga makasalanan, Ni nauupo man sa upuan ng mga manglilibak.

Kundi ang kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng Panginoon; At sa kautusan Niya nagbubulaybulay siya araw at gabi. (Awit 1: 1-2)

Una ay lumalakad ka sa tukso ng kasalanan. Kung hindi ka tatakbong palayo, ikaw ay mananatili roon na nag-iisip. Sa bandang huli, ikaw ay uupo sa upuan ng mga manglilibak o mananatili sa dako ng kasalanan.

Tingnan mo ang sumusunod na “diagram.” Kahit saan ka naroroon sa pagikot ng tukso at kasalanan, ang paginog ay maaaring mahinto sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesucristo na nagbayad ng kaparusahan ng kasalanan para sa sangkatauhan.

Ang Pag-inog ng Kasalanan

- . Lumalakad sa lugar ng tukso →
 - . Tinutukso ang iba na magkasala →
 - . Nakikinig sa tinig ni Satanas →
 - . Tumikim: Pumasok sa kasalanan →
 - . Pinagmamasdan ang ipinagbabawal na kasalanan, humahanga →
 - . Tinanggap ang tukso na magkasala.

Ang pag-inog ng kasalanan ay maaaring maputol kahit saang punto sa pamamagitan ng kapangyarihan ng krus ni Jesucristo. Binayaran na ni Jesus ang kasalanan sa krus. Dinurog Niya ang ulo o kapangyarihan ni Satanas upang ikaw ay lumaya mula sa kapangyarihan at parusa ng kasalanan.

Kung hindi maputol ang pag-ikot ng kasalanan sa iyong buhay, makakaimpluwensiya ka sa iba na nakapalibot sa iyo. Mahihimok mo sila na magkasala at magpapatuloy ang pagikot ng kasalanan sa kanilang buhay. Kaya ito ay nagiging dugtong-dugtong na tanikala na kumakalat sa buong mundo. Ang pagikot na ito ay masisira lamang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng mensahe ng Ebanghelyo ng pagkamatay ni Jesus para sa kasalanan at ng Kaniyang pagkabuhay na maguli bilang kapangyarihan laban sa kamatayan, sa Impiyerno, at kay Satanas.

May dalawang pagikot lamang sa mundo ngayon na kinabubuhayan ng tao. Ang isa ay ang pagikot sa kasalanan. Ang pangalawa ay ang pagikot sa kaligtasan: Pakikinig ng Ebanghelyo, pagkaunawa nito, pagtanggap dito bilang katotohanan, pagsunod sa plano ng kaligtasan, at pagdadala sa iba tungo kay Jesucristo.

Saang pagikot mo nais gugulin ang iyong buhay?

ANG DAGLIANG BUNGA NG PAGKAHULOG SA KASALANAN

Maraming naging dagliang bunga ng pagkahulog sa kasalanan:

PAGKAALAM NG MABUTI AT MASAMA:

Karakaraka, pagkatapos ng pagbagsak, hindi na inosente si Adam at si Eva. Nalaman nila ang mabuti at ang masama at nakita nila na sila ay hubad (Genesis 3: 7).

SARILING KATUWIRAN:

Sapagkat kaming lahat ay naging parang marumi, at ang lahat naming katuwiran ay naging parang basahang marumi. (Isaias 64: 6)

TAKOT AT KAHIHIYAN:

Nang dumating ang Dios upang lumakad at makipag-usap kay Adam at Eva, nagtago sila sa kahihyan at takot (Genesis 3: 10). Kahihyan dahil sa nakaraan at takot sa hinaharap ang emosyon na nagdadala ng mga negatibong pagkilos.

PAGKAHIWALAY SA DIOS:

Hindi inalis ng Dios ang Kaniyang sarili mula sa presensya ng tao, bagkos, ang tao ang humiwalay sa Dios. Sinubok ni Adam at Eva na magtago sa Dios. Narito ang isa pang mahalagang padron. Tingnan at tsart at pansinin si Adam at Eva na:

Nag-alinlangan sa Dios

“Tunay bang sinabi ng Dios?”

Genesis 3: 1

Sumuway sa Dios

“Pumitas siya... at kumain...”

Genesis 3: 6

Itinatwa nila ang Dios

“Nagtago si Adam at ang kaniyang asawa sa harapan ng Panginoong Dios.”

Genesis 3: 8

Ang pagkaalam ng mabuti at masama, sariling katuwiran, takot, kahihyan, at pagkahiwalay sa Dios ang mga dagliang resulta ng pagbagsak ng tao. Ang ibang resulta ay dumating bilang kaparusahan ng kasalanan.

ANG PAGTATAGPO SA DIOS

Ang isang tanging pagtatagpo sa Dios ang sumunod pagkatapos ng pagbagsak ng tao. Ang Dios, si Adam, at si Eva ay kasali sa usapan:

Dios... “Nasaan ka?” Ang tanong ng Dios ay hindi upang malaman kung saan nagtatago si Adam at si Eva. Alam ng Dios ang lahat ng bagay, at alam Niya kung nasaan sila. Ang dahilan ng Kaniyang pagtatanong ay upang matuon sila sa kanilang espirituwal na kalagayan. “Nasaan ka, Adam? Nasaan ka sa iyong kalagayang espirituwal? Ano ang nangyari?”

Ganito rin ang itinatanong ng Dios sa mga makasalanan ngayon. Dapat nating kilalanin ang ating tunay na kalagayang espirituwal sapagkat liban kay Cristo nakatayo tayong hinatulan sa harap ng banal na Dios.

Adam... Sumagot si Adam na narinig niya ang tinig ng Dios at siya ay natakot sapagkat siya ay hubad, kaya’t siya ay nagtago mula sa presensya ng Dios.

God... Ang tugon ng Dios ay isa ring tanong:

Sinong nagsabi sa iyong ikaw ay hubad? Nakakain ka ba ng bunga ng punong kahoy, na iniutos Ko sa iyong huwag mong kanin? (Genesis 3: 11)

Alam na ng Dios na kumain si Adam mula sa puno. Ang pakay ng Kaniyang pagtatanong ay upang aminin ni Adam ang kaniyang pagkakasala:

Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo’y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo’y lilinisin sa lahat ng kalikuan. (I Juan 1: 9)

Adam... Ang sagot niya ay nagpapakita na hindi siya ang may kasalanan. Sa pagpapatang niya kay Eva ay sinisisi rin niya ang Dios:

Ang babaeng ibinigay Mong aking kasamahin, ay siyang nagbigay sa akin ng bunga ng punong kahoy at aking kinain. (Genesis 3: 12)

Dios... At tinanong ng Dios ang babae, “Ano itong ginawa mo?”

Eva... Sumunod sa ginawa ng kaniyang asawa, ayaw din tanggapin ni Eva ang sisi. Sinisi niya ang ahas dahil sa kaniyang pagkakasala.

Dios... Ang sumunod na mga pananalita ay pawang galing na sa Dios na nagbigay ng mga kaparusahan para sa nagawa nilang kasalanan.

MGA KAPARUSAHAN NG KASALANAN

Nakita natin ang mga dagliang resulta ng kasalanan. Narito ang mga karagdagang kaparusahan na ipinataw ng Dios sa ahas, sa lalake, at sa babae.

SA AHAS:

1. Pagbabago ng anyo: Ang anyong ginamit ni Satanang sa pagtukso ay isinumpa. Sa pasimula, ang ahas ay lumalakad nang patayo, subalit mula ngayon siya ay gagapang sa kaniyang tiyan sa alabok.

2. Pagkikibaka sa pagitan ni Satanang at ng tao: Ito ang pasimula ng tinatawag nating “pakikibakang espirituwal,” si Satanang na nagsusumikap makuha ang kaluluwa ng tao. Ang pakikibakang ito ay nagaganap hanggang ngayon. Ang Harvestime International Institute ay may kursong pinamagatang “Mga Estratehiyang Espirituwal” na nagtuturo kung paanong magwagi laban sa kaaway.

3. Isang ulong dinurog: Ang pangatlong parusa sa ahas ay isang pangako sa tao. Bagama’t “dudurugin ni Satanang ang sakong” ng tao sa pamamagitan ng kasalanan, ang binhi (mga anak) na manggagaling sa babae ang dudurog ng ulo ni Satanang (Genesis 3: 15). Ito ang unang pangako ng Tagapagligtas mula sa kasalanan ng sangkatauhan. Bagama’t makakaimpluwensiya si Satanang sa pamamagitan ng kasalanan, ang isang Tagapagligtas ay ipadadala ng Dios sa pamamagitan ng babae at ang kapangyarihan ng kasalanan ay madudurog. Ang trahedyang ng kasalanan ay dumating sa pagkahulog ng isang babae, subalit ang katubusan ay darating din sa pamamagitan ng isang babae na magluluwal ng Panginoong Jesucristo.

KAY ADAM:

1. Ang paggawa ay magiging mabigat: Bago ang kasalanan, maligayang gumagawa sa lupa si Adam, subalit ngayon siya ay dapat maghirap sa pagtatrabaho. Ang kalagayan ng lupa ay nagbago. Ang lupa na dati’y mataba at walang peste at mga damo ay napuno ng mga tinik at dawag.

2. Kamatayan: Ang parusa ng natural na kamatayan ay napataw kay Adam. Sinabi ng Dios na ang kaniyang katawan ay babalik sa lupa, sapagkat “alabok ka, at sa alabok ka magbabalik.” Ang espirituwal na kamatayan ay parusa rin ng kasalanan. Sinabi ng Dios, “ang kaluluwang nagkasala ay mamamatay (Ezekiel 18: 20). Kung walang kapatawaran, ang tao ay makararanas ng espirituwal na kamatayan na pagkahiwalay sa Dios magpakailanman.

KAY EVA:

Ang babae ay tumanggap din ng parusa para sa kaniyang kasalanan:

1. Paghihirap sa panganganak: Ang sumpa ng kirot at paghihirap ay nalagay sa panganganak.
2. Pagpapailalim: Si Eva ay magpapasakop sa kaniyang asawa. (Lalo pang tatalakayin ang pagpapasakop sa kursong ito sa pag-aaral ng Mga Sulat).

PARUSA KAY ADAM AT EVA:

Inalis ng Dios si Adam at Eva mula sa magandang Hardin ng Eden tungo sa isang sanglibutang puno ng kalungkutan, sakit, mga tinik, at kamatayan.

ANG PANGAKO NG CRISTO

Ang tanging maliwanag na bahagi ng buong kabanata ng Genesis 3 ay ang pangako ng darating na Manunubos na Siyang sisira sa kapangyarihan ni Satanas (Genesis 3: 15).

Pansinin kung paano ito natupad kay Jesucristo:

Nagdala ang Kasalanan ng...

Natupad kay Jesus...

Hirap sa panganganak	Naghirap si Jesus para sa atin. (Isaias 53:11)
Pagpapasakop	Siya ay napailalim sa mga batas upang matubos tayo mula sa kautusan. (Gal. 4: 4)
Mga Tinik	Siya ay nakoronahan ng tinik para sa atin. (Mateo 27: 29)
Pawis	Pinagpawisan ng malalaking patak ng dugo si Jesus para sa atin. (Lucas 22: 44)
Kapanglawan	Tunay na Kaniyang dinala ang ating mga kapanglawan. (Isaias 53: 4-5).
Kamatayan	Nagdala Siya ng buhay na walang hanggan (Juan 3:16)

Dinala ni Jesus ang lahat ng kaparusahan ng kasalanan. Sa pamamagitan ng Kaniyang buhay, kamatayan, at pagkabuhay na maguli, ang ulo (kapangyarihan) ni Satanas ay nadurog.

ANG PASIMULA AT KATAPUSAN

Sa unang dalawang kabanata napag-aralan natin ang mga pangyayari nang ang unang babae ay nilalang. Ang aklat ng Apocalipsis ay nagpapakita ng mga paghahambing sa pagitan ng pasimula at katapusan. Basahin mo ang Apocalipsis kabanata 21 at 22 na inilalarawan ang mga huling araw ng panahon at ang bagong langit at lupa na inihanda ng Dios para sa Kaniyang bayan. Sa sumusunod na tsart, pansinin ang paghahambing kung saan ang bawat parusa sa kasalanan ay naalis:

Genesis

Apocalipsis

Nagsara ang Paraiso
3: 23

Nagbukas ang Paraiso
21: 25

Pinalayas mula sa pag-aari
dahil sa kasalanan
3: 24

Binigyang karangalan sa
pamamagitan ng biyaya
21: 24

Ang sumpa'y ipinataw
3: 17

Ang sumpa'y inalis
22: 3

Ipinagbawal ang puno
3: 24

Binigyang karapatan sa puno ng buhay
22: 14

Pasimula ng kalumbayan, kamatayan
3: 16-19

Katapusan ng kalumbayan, kamatayan
21: 4

Nadungisan ang Hardin
3: 5-7

Walang kasalanang makapapasok doon
21: 27

Ang paghahari ng tao ay nasira
3: 19

Nabalik ang paghahari
22: 5

Nagwagi ang masama
3: 13

Nagwagi ang katuwiran
20: 10

Paglakad ng Dios kasama ng tao
ay naputol 3: 8-10

Nanumbalik ang dating kaugnayan
21: 3

Bagama't ang pagkahulog sa kasalanan ay isang malungkot na sandali sa kasaysayan, ang hinaharap ng sangkatauhan ay isang masayang paghihintay dahil kay Jesucristo.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Aling talata sa Biblia ang unang pangako ng Tagapagligtas na ibinigay sa Kasulatan?

2. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

3. Isulat ang T sa harap ng pangungusap na TAMA. Isulat ang M sa harap ng pangungusap na MALI.

- a. ___Mali ang pag-ulit ni Eva ng Salita ng Dios nang sagutin niya si Satanas.
- b. ___Sinisi ni Adam ang ahas sa kaniyang pagkakasala.
- c. ___Sinisi ni Eva si Adam sa kaniyang pagkakasala.
- d. ___Binawasan ni Eva ang bigat ng parusa ng kasalanan na sinabi ng Dios.
- e. ___Ang pag-ikot ng tukso ay maaaring putulin sa anumang bahagi nito sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Jesucristo.

4. Basahin ang bawat parusa sa kasalanan na nakalista sa ibaba. Isulat ang mga sumusunod sa puwang sa harap ng kaparusahan:

- A - Kung ang parusa ay sa ahas.
- L - Kung ang parusa ay sa lalake.
- B- Kung ang parusa ay sa babae.
- LB- Kung ang parusa ay sa lalake at babae.

- a. ___Espirituwal na kamatayan.
- b. ___Pagkaalam ng mabuti at masama.
- c. ___Takot at kahihyan.
- d. ___Dudurugin niya ang iyong ulo.
- e. ___Maghihirap ka sa paggawa sa lupa.
- f. ___Dalamhati sa panganganak.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Ipagpatuloy ang iyong pag-aaral ng mga paghahambing ng pasimula at katapusan ng sanglibutan sa pamamagitan ng paggamit ng tsart sa pag-aaral ng Apocalipsis 20-22.

Ang Pasimula Genesis 1-3

Nilalang ng Dios ang Langit at lupa 1: 1
Nagkaroon ng ilaw 1: 3-5
Mga tubig na tinawag na dagat 1:10
Ipinagbawal ang puno ng buhay 2: 8-9
Ilog mula sa Eden 2: 10
Kamatayan mula sa puno 2:17
Pinairal ang sumpa 3: 17
Dalamhati 3: 17
Sinarhan ang pasukan 3: 24
Nalayo sa presensya ng Dios 3:8

Ipinataw ang kamatayan 2: 17
Nandaya ang Diablo 3: 4-6
Malaya ang Diablo upang gumawa
ng masama 3: 4-6
Kalumbayan 3: 17
Kapangyarihan ng Dios na lumikha 1:1
Pinasimulan 1: 1

Ang Katapusan Apocalipsis 20-22

Isang bagong Langit at lupa 21: 1
Hindi na kailangan ang ilaw 21:23; 22:5
Wala nang dagat 21: 1
Makikinabang na sa puno ng buhay 22:2
Ilog ng buhay 22: 1
Buhay mula sa puno 22: 2
Wala nang sumpa 22: 3
Wala nang dalamhati 21: 4
Ang pinto ay hindi nakapinid 21:25
Nasa presensya ng Dios
magpakailanman 20:12
Ibinulid ang kamatayan 20:14
Hindi makapandaraya ang Diablo 20: 3
Tinalian ang Diablo 20: 3

Wala nang kalumbayan 21: 4
Kapangyarihan ng Dios na sumira 20: 9
Tinapos na 21: 6

IKATLONG KABANATA

MGA BABAENG MAKASALANAN AT BANAL

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, may kakayahan kang:

- Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.
- Tukuyin ang dalawang uri ng mga babae na tinalakay sa Kawikaan.
- Ilarawan ang mga katangian ng “makasalanang” babae.
- Ilarawan ang mga katangian ng babaing “banal.”

SUSING TALATA:

Ang lingap ay magdaraya, at ang kagandahan ay walang kabuluhan: Ngunit ang babae na natatakot sa Panginoon, ay siya’y pupurihin. (Kawikaan 31:30)

PAMBUNGAD

Nang unang lalangin ang babae, siya ay nilalang ng Dios na maganda at walang kasalanan. Dahil sa pagkahulog niya sa kasalanan, lahat ng babae ngayon ay nabibilang sa isa sa mga hanay na ito:

Ang babaeng malayo sa Dios: Isang babaeng makasalanan na hindi pa tumatanggap kay Jesucristo bilang Tagapagligtas at hindi pa napapatawad sa kaniyang mga kasalanan.


Ang babae ng Dios: Dati’y makasalanan, pinagsisihan na niya ang kaniyang mga kasalanan at tinanggap niya si Jesucristo bilang Tagapagligtas. Siya ngayon ay isang “banal” sa harap ng Dios.

Binigbigyang diin ng aklat ng Kawikaan sa Lumang Tipan ang pagkakaiba nitong dalawang uri ng mga babae. Ang babaeng malayo sa Dios ang itinuturing na “makasalanang” babae. Ang babae ng Dios ay tinutukoy na isang babaeng “banal.”

Ang paksa ng makasalanang babae ay patuloy na tinalakay sa aklat ng Kawikaan, hanggang sa huling kabanata kung saan ang mga katangian ng banal na babae ay ipinakita bilang kabaliktaran nito.

ANG AKLAT NG KAWIKAAN

Ang aklat ng Kawikaan ang itinuturing na may “karunungan para sa pamumuhay.” Ito ay tinipong mga prinsipyo ng karunungan mula sa Dios patungo sa tao (vertical) upang pangunahan ang ating pamumuhay (horizontally) kasama ng iba.



Para sa pamumuhay kasama ng iba

Ang salitang “kawikaan” ay nangangahulugang maikling salawikain sa halip na maraming salita. Ang bawat linya sa Kawikaan ay isang buod ng isang mahalagang katotohanan.

Si Solomon, ang anak ni Haring David, and sumulat ng karamihan sa mga Kawikaan. Ito ay nakatala sa I Hari 4: 32 na si Solomon ay nagsalita ng mahigit tatlong libong mga kawikaan sa ilalim ng inspirasyon ng Dios. Ang marami rito ay naingatan ng Espiritu Santo para sa atin sa aklat ng Mga Kawikaan.

Ang diin sa mga makasalanang at banal na babae ay nasulat dahil sa kaniyang mga relasyon sa pag-aasawa. Nagkasala si Solomon sa pagkakaroon ng higit sa isang asawa at marami sa kaniyang mga naging asawa ay mga makasalanang babae na naglingkod sa mga hindi tunay na dios.

ANG MAKASALANANG BABAE

Ang salitang “kakaiba” sa aklat ng Mga Kawikaan ay nangangahulugan ng “taga-ibang lugar, dayuhan, nangangalunya.” Inilalarawan nito ang isang babaing hiwalay sa Dios, isang dayuhan sa Kaniyang katuwiran. Ang plano ng Dios para sa babae ay siya ay maging bahagi ng Kaniyang Katawan, ang Iglesia. Ito ang dahilan kung bakit ang “kakaibang” babae ay isang mangangalunya, sapagkat siya ay lumayo sa relasyon niya sa Dios upang mamuhay ng makasalanang buhay.

HINDI TAPAT:

Ang babaing makasalanang ay mahilig mambola, nagbibigay ng hindi totoong papuri na mali ang motibo. Itinuturo ng Kawikaan na ang ganyang klaseng babae ay dapat iwasan:

Upang iligtas ka sa masamang babae, Sa makatuwid baga’y sa di kilala na nangahalina ng kaniyang mga salita. (Kawikaan 2: 16)

**Upang ingatan sa ka sa masamang babae, sa tabil ng dila ng di kilala.
(Kawikaan 6: 24)**

Upang kanilang maingatan ka sa babaing masama; Sa babaing di kilala na nagtatabil ng kaniyang mga salita. (Kawikaan 7: 5)

MASAMA:

Isa sa mga pakay ng Kawikaan ay magbigay ng mga prinsipyo....

Upang ingatan ka sa masamang babae. (Kawikaan 6: 24)

MANINIRA:

Ang makasalanang babae ay nagnanais na sumira ng buhay ng iba sa pamamagitan ng paghila sa kanila sa kasalanan:

Sapagkat dahil sa isang masamang babae ay walang naiiwan sa lalake kundi isang putol na tinapay; At hinuhuli ng mangangalunya ang mahalagang buhay. (Kawikaan 6: 26)

MALASWANG MANAMIT:

Ang makasalanang babae ay malaswang manamit:

At, narito, doo'y nasalubong niya ang isang babae na nakagayak na tila isang patutot... (Kawikaan 7: 10)

TUSO:

Ang masamang babae ay mapanlinlang at tuso:

**At, narito, doo'y nasalubong niya ang isang babae... tuso sa puso.
(Kawikaan 7: 10)**

Siya ay inilarawan bilang isang malalim na lubak na kinahuhulugan ng iba:

Sapagkat ang isang patutot ay isang malalim na lubak. (Kawikaan 23: 27)

Nagsasalita siya ng mapandayang mga salita na hinihimok ang iba na magkasala:

Sapagkat ang mga labi ng masamang babae ay tumutulo ng pulot; At ang kaniyang bibig ay madulas kay sa langis. (Kawikaan 5: 3)

MAHILIG MAKIPAGTALO:

Siya ay mahilig makipagtalo, at laging napapasok sa away:

Ang mga pakikipagtalo ng asawa ay walang likat na tulo. (Kawikaan 19: 13)

Ang laging tulo sa araw na maulan, at ang babaing palatalo ay magkahalintulad. (Kawikaan 27: 15)

Lalong maigi ang tumahan sa ilang na lupain, kay sa makisama sa palatalo at magagaliting babae. (Kawikaan 21: 19)

PALA-AWAY:

Dalawang talata ang tungkol sa pakikipag-away ng masamang babae. Ang pala-away ay malakas ang bunganga at maingay makipagtungyaw. Nagbabala ang Kawikaan:

Lalong maigi ang tumahan sa sulok ng bubungan, kay sa palatalong babae sa maluwang na bahay. (Kawikaan 21: 9)

Mas nanaisin pang tumira sa sulok ng bubungan:

Maigi ang tumira sa sulok ng bubungan, kay sa kasama ng palaaway na babae sa maluwang na bahay. (Kawikaan 25: 24)

MAPANGALUNYA:

Ang makasalanang babae ay maaaring mapaloob sa isang mapangalunyang kalagayang pisikal. Siguradong siya ay nangangalunya mula sa Dios sapagkat pinabayaan niya ang kaniyang relasyon sa Dios:

Gayon ang lakad ng mangangalunyang babae... (Kawikaan 30: 20)

Sapagkat bakit ka malulugod, Anak ko, sa ibang babae, At yayakap sa sinapupunan ng di kilala? (Kawikaan 5: 20)

MAY SARILING KATUWIRAN:

Ang makasalanang babae ay hindi nauunawaan ang kaniyang tunay na kalagayang espirituwal:

... Siya’y kumakain, at nagpapahid ng kaniyang bibig, At nagsasabi, Hindi ako gumawa ng kasamaan. (Kawikaan 30: 20)

MAYAMUTIN:

Ayon sa Kawikaan ang makasalanang babae ay mayamutin, “madaling mainis.” Ang sumulat ay nagpapahiwatig ng malasakit...

Sa isang babaing nakayayamot, pagka nag-aasawa... (Kawikaan 30: 23)

MAGAGALITIN:

Lalong maigi ang tumahan sa ilang na lupain, kay sa makisama sa palatalo at magagaliting babae. (Kawikaan 21: 19)

WALANG PAKINABANG:

Dalawang talata ang nagpapakita na ang makasalanang babae ay nagiging sanhi ng pagkalugi:

**Kunin mo ang kaniyang kasuotan na nananagot sa di kilala; At tanggapan mo siya ng sanla na nananagot sa babaing di kilala.
(Kawikaan 27:13 at 20:16)**

MANGMANG AT MAPAGREKLAMO:

Ang mangmang ay kulang sa karunungan. Ang mapagreklamo ay malakas na magsabi ng nais niyang mangyari:

Ang hangal na babae ay madaldal... (Kawikaan 9: 13)

WALANG NALALAMAN:

**Ang hangal na babae ay madaldal; Siya’y musmos at walang nalalaman.
(Kawikaan 9: 13)**

WALANG BAIT:

Hindi siya marunong magsalita nang wasto sa tamang panahon. Inihalintulad ng Kawikaan ang magandang babae na walang bait sa isang hiyas sa nguso ng baboy:

Kung paano ang hiyas na ginto sa nguso ng baboy, Gayon ang magandang babae na walang bait. (Kawikaan 11: 22)

Inilalarawan ng Kawikaan ang makasalanang babae na isang taong hindi maganda ang ugali. Mas mabuti pang tumira sa bubong ng bahay (Kawikaan 21:9), sa ilang (Kawikaan 21: 19), o sa isang sulok ng bubong ng bahay (Kawikaan 25: 24) kay sa manirahang kasama niya.

MGA PAGHAHAMBING

Ang aklat ng Kawikaan ay nagpapakita ng mga paghahambing sa pagitan ng banal at matalinong babae at ng kakaiba o mangmang na babae:

Kakaiba
(Mangmang)

Sinisira ang kaniyang tahanan
(14:1)

Madaldal, musmos, walang alam
(9:13)

Tulad ng hiyas sa nguso ng baboy
(11: 22)

Banal
(Matalino)

Itinatayo ang kaniyang tahanan
(14: 1)

Nag-iimpok ng karangalan
(11: 16)

Putong sa kaniyang asawa
(12: 4)

BABAE BILANG ASAWA

May mga napansin ang Kawikaan tungkol sa katungkulan ng babae bilang asawa. Ang mga komentaryong ito ay patuloy na nagbibigay ng pagkakaiba sa makasalanang at banal na mga babae:

Ang mabait na babae ay putong sa kaniyang asawa; Ngunit siyang nakahihiya ay parang kabulukan sa kaniyang mga buto.
(Kawikaan 12: 4)

Binigyan ng babala ang mga lalake tungkol sa pagkakaroon ng relasyon ng pangangalunya sa mga babae:

Gayon ang sumisiping sa asawa ng kaniyang kapwa; Sinomang humipo ay hindi maaaring di parusahan. (Kawikaan 6: 29)

Siyang nagkakamit ng pangangalunya sa isang babae ay walang bait; Ang gumagawa niyaon ay nagpapahamak sa kaniyang sariling kaluluwa.
(Kawikaan 6: 32)

Dapat masiyahan ang lalake sa kaniyang sariling asawa sa halip na sa makasalanang mga babae:

Pagpalain ang iyong bukal; At magalak ka sa asawa ng iyong kabataan.
(Kawikaan 5: 18)

Ang banal na asawa ay kaloob ng Panginoon:

Sinomang lalaking nakakasumpong ng asawa ay nakasumpong ng mabuting bagay. (Kawikaan 18: 22)

... ang mabait na asawa ay galing sa Panginoon. (Kawikaan 19: 14)

Ang makasalanang asawa ay mapagtungyaw at isang patuloy na pagsubok:

...ang pakikipagtalo ng asawa ay walang likat na tulo. (Kawikaan 19: 13)

ANG BANAL NA BABAE

Pagkatapos ilarawan ang makasalanang babae sa buong Kawikaan, nagtapos ang manunulat sa magandang katangian ng banal na babae. Ito ay nagbubukas sa pagtatanong at deklarasyon:

Isang mabait na babae sinong makakasumpong? Sapagkat ang kaniyang halaga ay higit na makapupo kaysa mga rubi. (Kawikaan 31: 10)

Basahin ang Kawikaan 31: 10-31 na nagsasaad ng mga katangian ng banal at mabait na babae. Panatilihin bukas ang iyong Biblia sa kabanatang ito sa iyong pagrepaso ng kaniyang mga katangian.

Tandaan, kung paanong hindi matatagpuan ang lahat ng kasamaan sa babaing makasalanang, ang mga sumusunod na mga katangian ay hindi rin makikitang lahat sa isang banal na babae. Subalit maaaring maabot ito sa paglagong espirituwal, at ito ang larawan ng ulirang babae ng Dios.

Ang sumusunod ay mga talata na pag-aaral ng mga katangian ng banal at mabait na babae:

TALATANG 10:

Bihira ang mabait na babae, tulad ng itinanong ng manunulat “Sino ang makakasumpong ng mabait na babae?” Ang mabait na babae ay malinis ang buhay moral. Ang uri ng babaing tio ay binibigyan ng halaga, higit sa mga rubi. Sa Amplified Bible ay isinali ang katangian ng katalinuhan at kakayahan.

TALATANG 11:

Siya ay mapapagkatiwalaan at ang puso ng kaniyang asawa ay nagtitiwala sa kaniya.

TALATANG 12:

Ang kaniyang mga kaugnayan ay wasto. Nais lamang niya ng mabuti para sa kaniyang asawa. Isinali ng Amplified Bible ang kahulugan ng “mabuti” bilang isang asawa na umaaliw at nagbibigay ng lakas ng loob sa asawang lalake.

TALATANG 13:

Masipag siya at nakalaang gumawa.

TALATANG 14:

Tinutustusan niya ang kaniyang tahanan. Kasali rito ang espirituwal at pisikal na pagtustos ng mga pangangailangan. Isinali ng Amplified Bible ang pagtustos a “pisikal, materyal, at espirituwal na pangangailangan ng kaniyang sambahayan.”

TALATANG 15:

Siya ay may malasakit sa iba at responsable. Gumigising siya nang maaga at naghahanap buhay para sa kaniyang pamilya. Gumigising din siya nang maaga upang makipagtagpo sa Dios. Ang mabait na babae ay isang mabuting amo at tinutustusan din niya ang kaniyang mga katulong.

TALATANG 16:

Siya ay mahusay magnegosyo. Pinagiisipan niyang mabuti ang mga bagay bago siya gumawa ng pasya. Siya ay masipag at mabunga sa “ubasan” na ibinigay sa kaniya ng Dios. Isinali ng Amplified Bible na hindi niya pinababayaan ang kaniyang mga katungkulan. Pinalalawak niya ang kaniyang negosyo.

TALATANG 17:

Siya ay malakas. Inilarawan siya ng Amplified Bible na pinalalago niya ang kaniyang “espirituwal, kaisipan, at pisikal na kakayahan para sa mga gawaing ibinigay sa kaniya ng Dios.”

TALATANG 18:

Mayroon siyang kumpiyansa sa kaniyang sarili at hindi nababagabag ng mga pangyayari sa palibot. Ayon sa Amplified Bible, ang kaniyang ilaw ng pagpapalakas ng loob ay lumiliwanag sa oras ng bagabag at kalungkutan, na nag-aalis ng takot, pag-aalinlangan, at di pagtitiwala.

TALATANG 19:

Siya ay sanay sa paggawa. Alam niyang gamitin ang mga kagamitan ng kanyang pang habi.

TALATANG 20:

Siya ay mapagbigay sa mahihirap at mga nangangailangan. Ayon sa Amplified Bible, siya ay “naglilingkod sa katawan, sa pag-iisip, at sa espiritu ng iba.”

TALATANG 21:

Wala siyang takot. Dinaramtan niya ang kaniyang sambahayan, hindi lamang sa pisikal kundi pati sa espirituwal na larangan. Ayon sa Hebreo 9: 19-21 ito ay ang espirituwal na proteksiyon ng dugo ni Jesucristo.

TALATANG 22:

Inilalarawan dito ang mabait na babae na mabuting mag-ayos ng bahay at maayos manamit.

TALATANG 23:

Ipinagmamalaki niya ang katungkulan ng kaniyang asawa sa lipunan.

TALATANG 24:

Mabuti siyang negosyante.

TALATANG 25:

Siya ay malakas, kagalang-galang, at masayang tumitingin sa hinaharap.

TALATANG 26:

Matalino siya at nakatutulong sa pamamagitan ng pananalita. Sinusupil niya ang kaniyang dila at siya ay mabait.

TALATANG 27:

Siya ay matiyaga, responsible at inaasikaso ang pangangailangan ng tahanan. Hindi siya tamad, kundi masipag, at maliksing kumilos. Ayon sa Amplified Bible, “hindi siya kumakain ng tinapay ng pagchichismis, walang kasiyahan, at pagka-awa sa sarili.”

TALATANG 28:

Siya ay ulirang asawa at ina.

TALATANG 29:

Nasa kaniya ang magagandang katangian. Ang kahusayan ay nakikita sa kaniyang buhay at ministryo.

TALATANG 30:

Siya ay matagumpay at kinikilala ito ng iba. Siya ay may takot sa Dios.

TALATANG 31:

Siya ay mabunga at pararangalan siya ng iba dahil sa kaniyang mga kontribusyon. Pinupuri siya ng kaniyang mga gawa. Hindi na siya kailangang magyabang.

ANG LIHIM NG BANAL AT MABAIT NA BABAE

Ano ang lihim ng banal na babae? Paano niya naaabot ang lahat ng mga positibong katangiang ito?

Siya ay may takot sa Dios! Lahat ng kaniyang katuwiran, lahat ng kaniyang kahangahangang katangian ay nagmumula sa kaniyang wastong kaugnayan sa Dios.

Ang pagkakaroon ng takot sa Dios ay higit pa sa paggalang sa Kaniya. Kasama rito ang pagkilala sa Kaniya bilang Dios, pagkukumpisal ng kasalanan, at pagtanggap kay Jesucristo bilang sariling Tagapagligtas. Sa pagiging bagong nilalang mo kay Jesucristo, lahat ng mga lumang bagay ay iwinaksi na:

Kaya't kung ang sinoman ay na kay Cristo, siya'y bagong nilalang: ang mga dating bagay ay nagsilipas na; narito, sila'y pawang naging mga bago. (II Corinto 5: 17)

Ang banal na babae dati ay naapektuhan din ng kasalanan na dumating sa lahat ng lalake at babae dahil sa pagkakasala ni Eva. Ang pagkakaiba niya sa babaing makasalanan ay hindi na siya makasalanan ngayon. Nilinis na siya sa kapangyarihan ng kaligtasan ni Cristo.

Maaaring ang buhay mo'y sinira ng kasalanan. Maaaring nasa iyo ang maraming katangian ng makasalanang babae. Ngayon, sa pamamagitan ni Cristo, maaari kang baguhin mula sa isang makasalanang babae tungo sa pagiging banal na babae. Maaari mong ibalik ang relasyon mo sa Dios at hayaang baguhin ka Niya upang ikaw ay maging banal at mabait na babae.

Ang kailangan mo lang gawin ay ikumpisal mo ang iyong kasalanan at tanggapin mo si Jesucristo na iyong Tagapagligtas. Kung hindi mo pa ito nagagawa ay manalangin ka sa Dios sa iyong sariling pangungusap at gawin mo ito ngayon.

BUOD

Isang talata ang nagbibigay ng buod sa itinuturo ng Kawikaan tungkol sa pagkakaiba ng banal at makasalanang babae:

Ang lingap ay mandaraya, at ang kagandahan ay walang kabuluhan: Ngunit ang babae na natatakot sa Panginoon, ay siya'y pupurihin. (Kawikaan 31:30)

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

2. Ano ang kahulugan ng “kawikaan?”

3. Ano ang kahulugan ng salitang “kakaiba” sa paggamit sa aklat ng Kawikaan?

4. Ano ang ibig sabihin ng “banal” tulad ng paggamit sa Kawikaan?

5. Basahin ang bawat katangian sa ibaba. Kung ito ay katangian ng Makasalanang babae, isulat ang M sa puwang. Kung ito ay katangian ng Banal na babae, isulat ang B sa puwang.

a. ___ Hindi tapat

b. ___ Masama

c. ___ Tuso sa puso

d. ___ Pala-away

e. ___ Putong ng kaniyang asawa

f. ___ Hiyas sa nguso ng baboy

g. ___ Mayamutin

h. ___ Mahirap masumpungan

i. ___ Walang bait

j. ___ Magagalitin

k. ___ Mangmang

l. ___ Masipag

m. ___ Mahusay gumawa

n. ___ May sariling katuwiran

o. ___ Mapagtungayaw

p. ___ Mapagkakatiwalaan

q. ___ May takot sa Dios

r. ___ Banal

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata sa manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Kung ikaw ay nagsuko ng buhay kay Jesucristo, hiniling mo na patawarin ka Niya sa iyong mga kasalanan, at tinanggap mo siya bilang Tagapagligtas, nais naming malaman ito. Sulatan mo kami sa: Harvestime International Institute, 3092 Sultana Dr., Madera, CA 93637 USA.

2. Upang lalo pang mapag-aralan ang itinuturo ng Kawikaan tungkol sa mga babae, ang bawat talata ay nakalista sa ibaba. Isulat sa puwang ang buod sa iyong sariling salita.

Reperensya Buod

2:16	_____
5: 3	_____
5: 18	_____
5: 20	_____
6: 24	_____
6: 26	_____
6: 29	_____
6: 32	_____
7: 5	_____
7: 10	_____
9: 13	_____
11:16	_____
11: 22	_____
12: 4	_____
14: 1	_____
18: 22	_____

19: 13	<hr/> <hr/>
19: 14	<hr/> <hr/>
20:16	<hr/> <hr/>
21: 9	<hr/> <hr/>
21: 19	<hr/> <hr/>
23: 27	<hr/> <hr/>
25:24	<hr/> <hr/>
27: 13	<hr/> <hr/>
27: 15	<hr/> <hr/>
30: 20	<hr/> <hr/>
30: 23	<hr/> <hr/>
31: 10-31	<hr/> <hr/> <hr/>

IKA-APAT NA KABANATA

ANG AKLAT NI RUTH

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, may kakayahan kang:

- Isulat ang mga Susing Talata na kinabisa mo.
- Ibuod ang kuwento ni Ruth.
- Tukuyin ang mga layunin ng aklat.
- Ipaliwanag ang kaugnayan ni Boaz at ni Ruth bilang sagisag ni Jesus at ng Kaniyang Iglesia.
- Kilalanin na gumagawa ang Dios sa pamamagitan ng mga pangyayari upang maganap ang Kaniyang mga plano at pakay.

SUSING TALATA:

At sinabi ni Ruth, Huwag mo ipamanhik na kita’y iwan, at bumalik na humiwalay sa iyo; sapagkat kung saan ka pumaroon, ay paroroon ako; ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Dios ay aking Dios: Kung saan ka mamamatay, ay mamamatay ako, at doon ako ililibing; hatulan ako ng Panginoon at lalo na, maliban ang kamatayan ang maghiwalay sa iyo at sa akin. (Ruth 1: 16-17)

PAMBUNGAD

May dalawang aklat sa Biblia na ipinangalan sa babae. Ito ang mga aklat ni Ruth at ni Esther. Sa kabanatang ito ay pag-aaralan natin ang aklat ni Ruth, isang Gentil na babae na naglingkod sa Dios sa gitna ng mga Judio. Sa susunod na kabanata, pag-aaralan natin ang aklat ni Esther, isang babaeng Judio na naglingkod sa Dios sa gitna ng mga Gentil. Bago ka magpatuloy, basahin mo ang apat na kabanata ng aklat ni Ruth.

ANG PANGALAN

Ang aklat na ito ay ipinangalan para kay Ruth, ang Moabitanang manugang ni Naomi, na isang Judio. Ang mga Moabitan ay mga kaanak ni Lot at mga taong pagano. Si Ruth ay isa sa apat na mga babaeng binanggit sa Mateo 1 na ninuno ni Jesus na bahagi ng pamilya ng Mesias. Ang ibang tatlong babae ay sila Tamar, Rahab, at si Bathsheba.

ANG MAY AKDA

Hindi alam kung sino ang sumulat ng aklat na ito.

PANAHOH

Ang panahon nang pinangyarihan ng aklat ni Ruth ay binabanggit sa unang talata ng unang kabanata. Ang kuwentong ito ay nangyari sa panahon ng mga hukom sa Israel na magulong panahon sa kasaysayan ng bayan ng Dios, ang Israel. Walang hari sa Israel at ang mga tao ay tumalikod sa Dios at namumuhay nang ayon sa nais nila:

Nang mga araw na yaon ay walang hari sa Israel: bawat tao’y gumagawa nang minamatuwid niya sa kaniyang sariling mga mata. (Hukom 17: 6)

Itinala ng aklat ng Mga Hukom itong madilim na panahon sa kasaysayan ng Israel. Paulit-ulit na nagkakasala ang mga tao, nakaranas ng hatol ng Dios, at nagbalik-loob sa Dios upang lumaya. Sa bawat pagkakataon ay nagtindig ang Dios ng isang hukom (isang maka-Dios na lider) upang palayain sila.

LUGAR NA PINANGYARIHAN

Ang mga pangyayari ay naganap sa dalawang lugar:

Sa Moab, kung saan tumakas ang pamilya ni Naomi upang umiwas sa kagutom sa Israel (kabanata 1, mga talatang 1-18).

Sa Bethlehem sa Israel, kung saan ang malaking bahagi ng kuwento ay naganap (kabanata 1: 19-22 hanggang sa ika-apat na kabanata).

PARA KANGINO

Isinulat ang aklat na ito para sa Israel bilang bahagi ng talaan ng kanilang kasaysayan. Isinulat din ito para sa lahat ng mananampalataya upang ipakita ang kamag-anak na tagatubos tulad ng kaugnayan natin kay Jesuscriso.

MGA GUMANAP

Ang mga pangunahing karakter sa aklat ni Ruth ay:

Naomi: Isang babaeng Israelita na tumira sa Moab kasama ng kaniyang asawa at dalawang anak na lalake upang tumakas mula sa kagutom sa Israel.

Elimelech: Ang asawang lalake ni Naomi na namatay sa Moab.

Mahlon at Chillion: Mga anak na lalake ni Naomi na namatay sa Moab.

Orpha: Ang Moabitang manugang ni Naomi na nanatili sa Moab.

Ruth: Ang Moabitang manugang ni Naomi na sumama sa Israel na kasama niya.

Boaz: Ang anak ng patutot na si Rahab. Siya ang pinakamalapit na kamag-anak na tumubos kay Ruth at naging asawa niya.

Isang kamag-anak na walang pangalan: Isang lalake na may unang karapatan na tubusin ang ari-arian ni Naomi at gawing asawa niya ni Ruth, subalit tinanggihan ito.

PAKAY

Maraming mga pakay sa pagsulat ng aklat ni Ruth:

1. Ipinakikita ang malasakit ng Dios para sa lahat ng tao. Si Ruth ay isang Gentil na Moabita, subalit pinili ng Dios itong isang magandang paganong babae na ito na maging bahagi ng angkan kung saan ang Mesias, si Jesuscristo, ay ipanganganak. Si Ruth ang lola sa tuhod ni Haring David na kamag-anak ng Mesias.

Ito ay isang sagisag o halimbawa kung paano inampon ng Dios ang mga “Gentil” (pagano) na mga tao sa buong mundo sa pamamagitan ng dugo ng Kaniyang Anak, si Jesucristo.

Tunay ngang natatalastas ko na hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao; Kundi sa bawat bansa siya na may takot sa Kaniya, at gumagawa ng katuwiran, ay kalugodlugod sa Kaniya. (Gawa 10: 34-35)

2. Itinala ang linya ng angkan ni Jesucristo. Sa huling kabanata ay tinunton ang kasaysayan ng pamilya kay Haring David.

3. Ang kaugnayan ni Ruth at Naomi ay isang uri ng pangako na dapat makita sa pagitan ng Iglesia at ni Jesucristo.

4. Ang buhay ni Naomi ay nagpapakita kung paano kinukuha ng Dios ang mga mapapait na karanasan ng buhay at ginagawa itong maganda.

5. Ang relasyon ni Boaz at Ruth ay isang sagisag ng relasyon ng katubusan sa pagitan ni Jesus at ng Kaniyang Iglesia.

BALANGKAS

UNANG KABANATA

PAGLALAKBAY PATUNGONG MOAB (1: 1-2):

Ang unang talata ay nagpapakita ng mga pangyayari sa aklat ni Ruth sa panahon ng mga Hukom. Ipinakikita rin ang mga pangyayari sa unang kabanata, talatang 1-18 na naganap sa Moab.

Ang Moab ay mga 50 milya mula sa Bethlehem sa kabilang ibayo ng Dead Sea. Dinala ni Elimelech ang kaniyang dalawang anak na lalake at ang kaniyang asawang si Naomi sa dakong ito upang tumakas sa kagutom sa Israel.

Ang kagutom ay isa sa mga paraan ng paghatol na ginagamit ng Dios sa Lumang Tipan upang parusahan ang Israel kapag sila'y nagkasala at naglingkod sa ibang diyos-diyosan. (Tingnan ang II Mga Hari 8:1; Jeremias 16: 3-13; at Ezekiel 5: 11-17).

Hindi dapat pumunta si Elimelech sa Moab sapagkat ang kahulugan nito ay umiiwas siya sa pagwawasto ng Dios. Ang lupain ng Dios ay mas mabuti sa araw ng kagutom kay sa Moab sa araw ng kasaganaan. Ang mga Moabita ay naglilingkod sa isang dios na si Chemosh na pinarangalan nila sa pamamagitan ng paghahandog ng mga bata (tingnan ang Mga Hukom 11: 24).

TRAHEDYA SA MOAB (1: 3-5):

Habang nasa Moab, si Elimelech ay namatay at ang dalawang anak na lalake ni Naomi ay nag-asawa ng mga babaing Moabita na nagngangalang Ruth at Orpha, bagama't ang pag-aasawa ng Judío sa Moabita ay ipinagbawal ng Dios (Deuteronomio 7: 3; Nehemias 13: 23, 25). Isa pang trahedyang nangyari at ang dalawang anak ni Naomi ay namatay. (Posibleng kapwa masakitin ang dalawang ito sapagkat ang kahulugan ng ngalang Mahlon ay “maysakit” at ang Chilion ay “dumadaing.”)

ANG PAGBABALIK SA BETHLEHEM (1: 6-18):

Nang matapos na ang kagutom sa Israel, nagbalak si Naomi na bumalik doon. Hinimok niya ang dalawa niyang manugang, si Ruth at si Orpha, na manatili sa Moab. Ang desisyong ito ay espirituwal. Maaari silang manatili sa Moab at magbalik sa kanilang mga kababayan at sa kanilang mga dios kung nais nila. Hindi nais ni Naomi na sumama si Ruth at si Orpha sa kaniya dahil sa kanilang kaugnayan sa isa't isa, o anumang dahilan kundi ang espirituwal na desisyon ukol sa Dios.

Ipinakita ni Naomi na mas may pag-asa silang makapag-asawang muli kung sila ay mananatili kasama ng kanilang mga kababayan. Kung minsan ay tila walang kinabukasan kung susunod ka sa paraan ng Dios, subalit matututuhan mo na si Ruth ay pinagpala sapagkat pinili niya ang landas na tila kakaunti ang pagkakataong umunlad.

Nagdesisyon si Orpha na manatili sa Moab, at hinalikan si Naomi na nagpapaalam. Ang maraming mga tao ay nagmamahal kay Jesucristo subalit hindi makaabot sa kaligtasan sapagkat hindi nila maiwan ang dati nilang buhay. Tulad ni Orpha, nagbabalik sila sa mundo na naghahanap ng kapahingahan.

Pinamili ni Naomi si Ruth na sumama sa kaniyang hipag, subalit nagkumapit si Ruth kay Naomi na may magandang pangako ng pagtatalaga sa kaniya at sa Dios. Ang ika-18 na talata ang nagpapahayag ng pagpapasiya ni Ruth na siyang nagsara ng pinto sa kaniyang

dating buhay. Ang tunay na pagtatalaga kay Jesus ay nangangahulugan ng pagsasara ng pintuan sa dati mong buhay makasalan.

Pansinin ang mga elemento ng pangako ni Ruth na sagisag ng relasyon mo kay Jesus:

1. Tanggapin: Tinanggap niya ang landas ni Naomi: Sasama siya sa kaniya. Ang unang hakbang sa pagtatalaga kay Jesus ay ang pagtanggap ng daan Niya ng kaligtasan.

2. Manatili: Siya ay maninirahang kasama ni Naomi at pipirmi doon. Pagkatapos mong tanggapin si Jesus, dapat kang pumirmi at lumago sa iyong kaugnayan sa Kaniya.

3. Makilinya: Si Ruth ay nakilinya kay Naomi at tumulad sa gawi ng kanyang mga kababayan, mga paniniwala, mga posisyon at mga problema:

Mga tao: Nakilinya si Ruth sa mga kamag-anak ni Naomi kung paanong ang mga mananampalataya ay dapat makilinya sa bayan ng Dios.

Mga paniniwala: Nakilinya siya sa mga paniniwala ni Naomi, sa pananampalataya at sa Dios kung saan nakasalalay ang mga paniniwalang ito. Bilang mananampalataya, dapat mong ilinya ang iyong sarili sa mga paniniwala ng Salita ng Dios.

Posisyon: Kung saan tumira si Naomi, doon din maninirahan si Ruth. Dapat mo ring ilagay ang iyong sarili sa puwesto na naninindigan para kay Cristo.

Mga Problema: Sasama siya kay Naomi sa hirap at ginhawa, kahit sa kamatayan. Ang iyong pagtatalaga kay Cristo ay hanggang kamatayan, hindi kung maganda lamang ang takbo ng buhay.

PAGDATING SA BETHLEHEM (1: 19-22)

Hindi halos nakilala ng kaniyang mga kaibigan si Naomi pagdating nila sa Bethlehem. Ang tanong nila ay, “Ito ba si Naomi?” Maaaring ang mga taon ng pagdadalamhati sa Moab ay naka-apekto sa kaniyang anyo. Hindi na siya ang dating babae na umalis sa Israel. Pansinin ang mga pagkakaiba:

1. Lumisan siya na “kaayaaya”, subalit bumalik na “may pait.” Sinabi niya na huwag na siyang tawaging “Naomi” na ang kahulugan ay “kaayaaya,” ngunit tawagin na lamang siyang “Mara” na ang kahulugan ay “mapait.”

2. Siya ay umalis na puno, subalit bumalik na walang dala. Hindi sinisi ni Naomi si Satanas dahil sa nangyari sa kaniya. Kinilala ni Naomi ang pagpalo ng Panginoon na naganap sa isang paganong palibot na pinuntahan niya.

Kadalasan, hindi tayo lumalagong espirituwal sapagkat sinisisi natin si Satanas sa halip na kilalanin ang pagtuturo ng Dios na nais baguhin ang ating makasalanang gawi. Ang pakay ng Dios sa pagwawaasto sa atin ay ibinigay ni Oseas:

Magsiparito kayo, at tayo’y manumbalik sa Panginoon; sapagkat Siya’y lumapa, at pagagalangin Niya tayo; Siya’y nanakit, at Kaniyang tatapalan tayo. (Oseas 6: 1)

Ang pagtuturo ang naglapit kay Naomi sa Dios. Hindi magtatagal at pagagalangin ng Dios ang kapaitan ni Naomi at gagawin siyang kabahagi ng magandang plano ng katubusan ng sangkatauhan.

Ang paggamit ni Naomi ng salitang “Panginoon” (“El Saddy” sa Hebreo) ay nagpapakita na hindi nawala ang kaniyang pagtitiwala sa Dios. Ang salitang ito ay nangangahulugan ng kasapatan ng Dios. Bagaman siya ay walang laman at mapait, kinikilala pa rin niya ang kasapatan ng Dios upang tugunin ang kaniyang pangangailangan. Sinasabi niyang, “Ako ay nangangailangan, subalit ang Dios ay sapat.”

3. Umalis siya sa panahon ng taggutom, subalit bumalik siya sa panahon ng tag-ani: Ang pagkakaibang ito ay hindi agad napansin, subalit ito ay makikita sa talatang 22. Umalis si Naomi sa panahon ng taggutom, subalit nagbalik upang kumuha ng ani sa espirituwal at natural na larangan.

IKALAWANG KABANATA

SI RUTH SA BUKIRIN NI BOAZ (1-17):

Si Ruth ay pumulot ng trigo sa bukirin ni Boaz na isang katanggap-tanggap na gawain ng mga babae noon. Ang mga may-ari ng bukid ay inutusan ng Dios na mag-iwan ng bahagi ng ani para may makuha ang mga mahihirap.

Nagpakita si Ruth ng kusa sa kaniyang paggawa sa bukid. Hindi ka basta mauupo at hihintayin ang Dios na gumawa sa iyong buhay, subalit dapat kang makipagtulungan sa Kaniya. Ginawa ni Ruth ang kailangang gawin. Kahit ang mga detalye na kinakailangan sa ikabubuhay ay mapakinabang kung ginagawa sa ikaluluwalhati ng Dios (I Corinto 10: 31).

Walang kapalaran sa buhay ng Kristiyano. Hindi rin kapalaran na pinili ni Ruth na mamulot sa bukirin ng kamag-anak ni Naomi, na ang pangalan ay Boaz. Kumikilos ang Dios at binibigyan ka ng direksiyon kahit sa mga karaniwang gawain at mahihirap na pangyayari sa buhay. Nagkaroon ng pabor si Ruth kay Boaz at pinagsabihan siyang manatili sa kaniyang bukirin sa buong pag-aani. Pinaglaanan din siya ng pagkain sa oras ng pagkain.

ANG PAGBABALIK NI RUTH KAY NAOMI (18-23):

Pag-uwi ni Ruth ay ibinahagi niya kay Naomi ang mga nangyari sa maghapon. Kinilala ito ni Naomi na gawa ng Dios. Si Boaz ay malapit na kamag-anak at siya ay may mga obligasyon ng batas patungkol kay Ruth at Naomi.

IKATLONG KABANATA

ANG BALAK NI NAOMI (1-5):

Kinikilala ang kamay ng Dios, ibinahagi ni Naomi kay Ruth ang kaniyang plano. Dahil sa siya ay malapit ng kamag-anak, katungkulan ni Boaz na tubusin ang ari-arian ni Naomi, pakasalan si Ruth, at magbunga ng mga anak upang palawigin ang kanilang pangalan (Deuteronomio 25). Sa halip na iharap ito nang hayagan kay Boaz at piliting tubusin siya, pinuntahan siya ni Ruth sa bahay nang palihim isang gabi.

ANG MGA RESULTA (6-13):

May karapatan si Ruth na hilingin si Boaz na tubusin (pakasalan) siya. Si Boaz ay nakalaan at sabik na tuparin ang kaniyang responsabilidad, subalit may isa pang kamag-anak na mas malapit kay sa kaniya. Siya ang may unang karapatan. Hindi sapat na kumilos ayon sa plano ng Dios. Dapat ito ay gawin sa pamamagitan ng paraan Niya. Dapat lumapit si Boaz sa kamag-anak na ito at bigyan siya ng pagkakataon na tubusin si Ruth. Pinaghintay niya si Ruth hanggang kinabukasan, at pagbalik niya ay tatapusin ang usapan.

ANG PAGBABALIK KAY NAOMI (14-18):

Nagbalik si Ruth kay Naomi at sinabi ang lahat ng nangyari. Pinayuhan ni Naomi si Ruth na maghintay, sapagkat hindi titigil si Boaz hanggang hindi natatapos ang usapang ito. Hindi nagpahinga ang Dios hanggang hindi nagaganap ang katubusan para sa lahat ng nilalang sa pamamagitan ni Jesucristo. Hindi siya titigil sa pag-aayos ang mga pangyayari sa iyong buhay hanggang hindi natutupad ang katubusan sa iyong personal na buhay. Pansinin na hindi nagbalik si Ruth kay Naomi na walang dala (talatang 18). Ang mga araw ng “kawalan” ni Naomi na tinutukoy niya sa unang kabanata ay malapit nang magwakas.

IKA-APAT NA KABANATA

ANG PARAAN NG PAGTUBOS (1-12):

Nakipagtagpo si Boaz sa malapit na kamag-anak, na hindi binanggit ang pangalan. Ang pulong ay idinaos sa apintuang-bayan sa harap ng mga matatanda. Ito ang sentro ng kalakalan at ng mga kasunduang legal. Tinanggihan ng kamag-anak na tubusin si Ruth sapagkat pag inako niya ang ari-arian ni Naomi, dapat rin niyang pakasalan si Ruth. Kung mayroon silang anak na lalake, ang bahagi ng kaniyang ari-arian ay mapupunta sa angkan ni Elimilech sa halip na sa kaniyang sariling mga anak.

Tinubos ni Boaz si Ruth ayon sa kaugalian, sa harap ng mga saksi. Ang pagtubos niya ay tulad ng pagtubos ni Jesuscristo sa ating mga kasalanan. Ayon sa batas ang manunubos ay dapat:

1. Malapit na kamag-anak (Deuteronomio 25).
2. Nakalaang tumubos (Juan 10:18; Isaias 53:7; Galacia 2:20).
3. May kakayahang tumubos (Juan 10:11-18).
4. Siya mismo ay malaya, tulad ni Jesus na malaya mula sa kasalanan.
5. May halaga ng pagtubos, ang linya ng dugo.. Tayo ay tinubos ng dugo ni Jesus (I Pedro 1: 18-19; Levitico 17:11; Hebreo 10: 4).

Kung paanong natagpo ni Boaz ang mga hinihiling para sa natural na pagtubos kay Ruth, natugon din ni Jesus ang mga ito sa espirituwal na pagtubos sa tao.

ANG PAGAASAWA NI RUTH AT NI BOAZ (13-17):

Ikinasal si Ruth at si Boaz at nagkaroon ng anak. Wala nang kapaitan si Naomi, subalit pinagpala ng Panginoon. Ang linya ng kaniyang dugo o angkan ay nagpatuloy at ang kaniyang ari-arian ay natubos. Inalagaan niya ang bata at naging yaya nito. Si Naomi ang tampok, hindi si Ruth, sa mga huling tagpo ng aklat. Ang buhay ni Naomi ay nagbago mula sa pait tungo sa kaaya-aya.

Kahit ano ang mga pangyayari ng iyong buhay, nais ng Dios baguhin ito mula sa pagiging mapait tungo sa kaaya-aya. Nais niyang palitan ang iyong pangalan, mula sa “Mara” tungo sa “Naomi.” Gumagawa Siya sa iyong situwasyon upang ibalik ang mga nawala at upang gamitin ka bilang bahagi ng Kaniyang plano.

ANG LINYA NG LAHI NI DAVID (18-22):

Ang aklat ni Ruth ay nagtapos sa pamamagitan ng pagtala ng linya ng lahi sa pagitan ni Ruth at ni David, na bahagi ng linya ni Jesucristo na Mesias. Ang huling pangungusap na ito ay nagpapakita ng pakay at plano ng Dios sa kasaysayan, na ang buhay ay hindi lang nagkataon. Gumagawa ang Dios sa lahat ng pangyayari sa buhay upang dalhin ang Kaniyang plano ng kaligtasan sa lahat ng bansa ng mundo.

MGA KATANGIAN NG PAGUUGALI NI RUTH

Maraming magagandang katangian si Ruth na nakikita sa kaniyang personalidad. Basahin ang mga sumusunod na mga reperensya at pag-aralan ang magagandang ugali na ipinakita ng babaing ito ng Dios. Hilingin mo na palaguin ng Dios ang mga katangiang ito sa iyong buhay:

Reperensya

1: 16-17

1: 18

Katangian

Pagibig, matibay na pagpapasiya

Pananatili

- 2: 2: Kababaang-loob (namulot); masipag; magalang (humingi ng pahintulot kay Naomi)
- 2: 14 May pagpipigil (kumain lamang nang sapat)
- 2: 18-19 Nananagot (kay Naomi sa kaniyang paggawa)
- 2: 23 Matapat
- 3: 5 Masunurin
- 3: 10 Nagpapasakop sa utos ng Dios (huwag humanap ng batang lalake, kundi sundin ang plano ng Dios)
- 3: 10 Pagpapahalaga sa mga bagay na walang hanggan, hindi sa yaman.
- 3: 14 Nagmamalasakit sa “anyo ng masama” (umalis bago lumiwanag)
- 3: 18 Matiyaga (matapos niyang gawin ang dapat, iniwan niya ang resulta sa Dios).

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Tingnan ang listahan ng mga pangalan sa ibaba sa unang hanay. Basahin ang pangalawang listahan. Sa puwang ay isulat ang numero ng pangungusap na naglalarawan sa tao sa unang listahan. Ang unang bilang ay sinagutan na bilang halimbawa para sa iyo.

- | | |
|------------------------|---|
| _ 3_ Mahlon at Chilion | 1. Isang Israelitang babae na naparoon sa Moab kasama ng kaniyang sambahayan. |
| ___Naomi | 2. Asawa ni Naomi na namatay sa Moab. |
| ___Elimelech | 3. Mga anak ni Naomi na namatay sa Moab. |
| ___Ruth | 4. Malapit na kamag-anak na tumubos kay Ruth. |
| ___Orpha | 5. Manugang ni Naomi na nanatili sa Moab. |
| ___Boaz | 6. Manugang ni Naomi na nagbalik sa Israel. |

2. Maglista ng tatlong pakay sa pagsulat ng aklat ni Ruth.

- (1) _____
- (2) _____
- (3) _____

3. Anong panahon ng kasaysayan ng Israel nasulat ang aklat ni Ruth?

4. Sa anu-anong dalawang lugar nangyari ang kuwento ng aklat ni Ruth?

_____ at _____

5. Sino ang sumulat ng aklat ni Ruth? _____

6. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

7. Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Kung ito ay TAMA, isulat ang T sa puwang. Kung ito ay MALI, isulat ang M sa puwang.

- ___ a. Ang taggutom ay ginamit ng Dios upang parusahan at iwasto ang Israel.
- ___ b. Ang ibig sabihin ng Naomi ay “mapait.”
- ___ c. Ang ibig sabihin ng Mara ay “kaaya-aya.”
- ___ d. Si Boaz ang may unang karapatan upang tubusin si Ruth.
- ___ e. Ang kamag-anak na hindi nabanggit ang pangalan ay ayaw tubusin si Ruth sapagkat ayaw niya kay Ruth.
- ___ f. Ang relasyon ni Boaz at ni Ruth ay sagisag ng relasyon ng katubusan sa pagitan ni Jesus at ng mga mananampalataya.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Basahin ang kuwento ng patotot na si Rahab sa Josue ikalawang kabanata. At basahin ang Hebreo 11:31. Pansinin na kasali sa listahan ng mga tao sa Lumang Tipan na pinapurihan ni Pablo na nagtataglay ng dakilang pananampalataya.

Si Rahab ay ina ni Boaz, at dahil dito ay kasali sa mga ninuno ni Jesucristo. Hindi ba kahanghanga na sinali ng Dios ang lahat ng lahi (Si Ruth na isang paganong Moabita) at lahat ng uri ng pinagmulan (Si Rahab ay isang patotot) sa makalupang pamilya ni Jesus?

Ganoon din sa espirituwal na pamilya ng mga mananampalataya. Kahit ano ang iyong lahi, kultura, o pinanggalingan, ikaw ay maaaring maging bahagi ng pamilya ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya sa Dios, pagsisisi ng kasalanan, at pagtanggap kay Jesus bilang sariling Tagapagligtas.

2. Para sa dagdag na kaalaman sa panahon ng kaganapan ng aklat ni Ruth, basahin ang aklat ng Mga Hukom. Pansinin ang pitong pag-ikot ng kasalanan, kaparusahan, at paglaya ng Israel. Sa iyong pag-aaral, kumpletuhin ang tsart sa ibaba. Ang unang pag-ikot ay ginawa na para sa iyo bilang halimbawa:

Ang Pag-ikot ng Mga Hukom

Unang Pag-ikot:

Kasalanan:

Panahon ng pagpaparusa:

Tagapagligtas at Hukom:

Mga Hukom 3: 7-11

Pagsamba sa dios-diosan

Walong taon

Othniel

Pangalawang pag-ikot:

Mga Hukom 3: 12-31

Kasalanan: _____

Parusa: _____

Tagapagligtas at Hukom: _____

Pangatlong Pag-ikot:

Mga Hukom 4,5

Kasalanan: _____

Parusa: _____

Tagapagligtas at Hukom: _____

Pang-apat na Pag-ikot:

Mga Hukom 6-8:32

Kasalanan: _____

Parusa: _____

Tagapagligtas at Hukom: _____

Panglimang Pag-ikot:

Mga Hukom 8:33-10:5

Kasalanan: _____

Parusa: _____

Tagapagligtas at Hukom: _____

Pang-anim ng Pag-ikot:

Mga Hukom 10:6- kabanata 12

Kasalanan: _____

Parusa: _____

Tagapagligtas at Hukom: _____

Pampitong Pag-ikot:

Mga Hukom 13-16

Kasalanan: _____

Parusa: _____

Tagapagligtas at Hukom: _____

IKA-LIMANG KABANATA

ANG AKLAT NI ESTHER

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, may kakayahan kang:

- Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.
- Ibigay ang buod ng kuwento ni Esther.
- Tukuyin ang mga pakay ng aklat.
- Kilalanin na ang Dios ay may tanging plano para sa iyo.

SUSING TALATA:

Sapagka't kung ikaw ay lubos na tumahimik sa panahong ito, ay magtataglay nga ng katiwasayan at kaligtasan ang mga Judio sa ibang dako, ngunit ikaw at ang sangbahayan ng iyong magulang ay mapapahamak: at sinong nakakaalam na kung kaya ka pinasapit sa kaharian ay dahil sa bagay na ito. (Esther 4: 14)

PAMBUNGAD

Sa nakaraang kabanata ay pinag-aralan mo ang aklat ni Ruth, ang Gentil na babae na namuhay sa gitna ng mga Judio. Ang kabanatang ito ay nakatuon kay Esther, isang Judiong babae na naglingkod bilang reyna sa gitna ng mga Gentil. Ang aklat na nagdadala ng kaniyang pangalan ay nagsalaysay ng isang balak na lipulin ang buong nasyon ng mga Judio na sana'y nagwakas sa angkan ng Mesias, si Jesucristo.

Bagama't hindi binanggit ang ngalan ng Dios sa buong aklat, ito ay nagsasaad ng pamamagitan Niya sa mga pangyayari sa buhay ng tao upang matupad ang Kaniyang makalangit na mga layunin. Ipinakikita rin kung paanong ang bawat isa sa atin ay may mahalagang bahagi sa plano ng Dios. Bago ka magpatuloy sa pag-aaral na ito ay basahin mo muna ang aklat ni Esther.

PANGALAN

Ang aklat ay ipinangalan sa tampok na karakter, si Esther. Ang kaniyang orihinal na pangalan ay Hadassah. Ang ibig sabihin ng kaniyang pangalan ay “tala ng silangan,”

MAY AKDA

Hindi kilala kung sino ang sumulat ng aklat.

PANAHOON

Ayon sa pinakamabuting ebidensya, ang kuwento ni Esther ay naganap sa paghahari ni Xerxes. Ito ang pangalang kilala sa secular na kasaysayan. Sa aklat ni Esther, ang ngalan ng haring ito ay si Ahasuerus, ang pangalan niya sa Hebreo. Ang takbo ng korte, mga sosyal na kaugalian, ang mga pangyayari sa bansa ay tama ang pagkalarawan sa kasaysayan ng lugar na ito noong 473 B.C.

PINANGYARIHAN

Ito ay nangyari sa palasyo ng Shushan na nasa lunsod ng Elam 150 milya sa silangan ng Babylonia. Ang nakatirang mga Judio rito ay mga dalawa hanggang tatlong milyon sa panahon ni Esther.

PARA KANGINO

Ang aklat ng ito ay para sa mga Judio na nakakalat sa buong Persia, gayon din sa mga nasa Palestina, upang sabihin sa kanila kung paano sila iniligtas ng Dios mula sa kamatayan. Para sa Kristiyano, nagpapakita ito ng pamamagitan ng Dios sa kapakanan ng Kaniyang bayan.

MGA TAMPOK NA GUMAGANAP

Ahasuerus: Hari ng 127 mga probinsya mula India hanggang Ethiopia.

Vashti: Ang reyna na hindi sumunod sa hari at inalis sa pagka-reyna.

Esther: Ang bagong reyna, isang babaeng Hebreo.

Mordecai: Pinsan ni Esther na nagpalaki sa kaniya.

Haman: Kaaway ng mga Judio na nagplanong patayin silang lahat.

MGA PAKAY

Ang mga pakay ng aklat ni Esther:

1. Ang aklat ay nagtataglay ng isang mahalagang salaysay sa kasaysayan ng mga Judio na nagbigay sa Persia at Palestina ng kuwento tungkol sa pamamagitan ng Dios upang iligtas ang kanilang buhay.
2. Nagpapakita ito kung paano gumawa ang Dios para sa Kaniyang bayan. Namamagitan Siya sa mga pangyayari ng buhay ng tao upang matupad ang Kaniyang kalooban. Inilalagay Niya ang Kaniyang mga tao sa tamang lugar at sa tamang panahon sa ikalalawig ng Kaniyang Kaharian.

BALANGKAS

UNANG KABANATA

ANG MGA DAKILANG KAPISTAHAN (1-9):

Nagdaos ng pista si Ahasuerus para sa kaniyang mga prinsipe at mga alipin na tumagal ng 180 mga araw. Samantala, si Vashti, ang reyna, ay nagdiriwang din kasama ng mga kababaihan sa isang hiwalay na silid.

ISANG PROBLEMA SA TAHANAN (10-12):

Sa ika-pitong araw ng pista, ipinatawag si Vashti ng hari upang ipakita sa mga lalaki kung gaano kaganda ang kaniyang asawa. Tumanggi si Vashti na pumaroon, at nagalit ang hari.

ISANG UTOS MULA SA HARI (13-22):

Pinagpayuhan ang hari na paalisin sa trono si Vashti at ibigay ang kaniyang posisyon sa iba.

IKALAWANG KABANATA

ANG PAGHAHANAP NG REYNA (1-4):

Nagpasimula ang hari na maghanap ng reyna. Ang mga batang kababaihan ay dinala mula sa iba't ibang panig ng kaharian at inihanda silang ipakita sa hari.

ANG PAGSALI NI ESTHER SA PALIGSAHAN (5-11):

Isang Judiong lalake na ang pangalan ay Mordecai ang nagpalaki kay Esther sapagkat siya ay naulila nang siya'y bata pa. Sumali si Esther sa paligsahan upang maging reyna. Pinagsabihan niya si Esther na huwag ipaalam sa palasyo na siya ay Judio, at naghintay siya kung ano ang mangyayari sa kaniya.

NAPILING REYNA SI ESTHER (12-21):

Ang bawat babae sa paligsahan ng pagiging reyna ay humarap sa hari. Nang lumabas si Esther, siya ang napili at ang isang espesyal na handaan ay ibinigay upang siya ay parangalan.

ANG MASAMANG BALAK LABAN SA HARI (22-23):

Dalawang lalake, si Pigthan at si Teresh, ang nagbalak na patayin ang hari. Napag-alaman ito ni Mordecai at sinabi kay Esther na sinabi naman ni Esther sa hari. Ang dalawang lalaking ito ay binitay.

IKATLONG KABANATA

ANG PAG-ANGAT NI HAMAN (1-6):

Itinaas ni Haring Ahasuerus ng puwesto si Haman, isa sa kaniyang mga alipin, sa isang posisyon na pinakamataas sa mga prinsipe at mga alipin. Ang lahat ay nagbigay pugay sa kaniya maliban kay Mordecai, at nagalit si Haman.

ANG MASAMANG BALAK NI HAMAN (7-15):

Nang malaman ni Haman na Judio si Mordecai, sinuhulan niya ang hari upang magpalabas ng kautusan na sa ganoong petsa ay papatayin lahat ng mga Judio. Pinirmahan ng hari ang utos at ipinadala sa buong kaharian.

IKA-APAT NA KABANATA

ANG PAGLULUKSA NG MGA JUDIO (1-11):

Nang mabalitaan ng mga Judio ang kahindik-hindik na balita ay nagluksa silang lahat. Nagsuot si Mordecai ng sako at pinuno ang katawan ng mga abo. Ito ang kaugalian noon kapag nagluluksa ang mga tao.

NARINIG NI ESTHER ANG BALITA (9-12):

Hindi narinig ni Esther ang bagong kautusan dahil siya ay protectado sa loob ng palasyo. Nang ipaalam sa kaniya na nakadamit sako si Mordecai, pinadalhan niya ito ng mga damit. Hindi ito tinanggap ni Mordecai at pinadalhan si Esther ng kopya ng bagong utos.

ANG PLANO NG PAGLILIGTAS (10-17):

Isang plano ng pagliligtas ang binuo ni Esther at ni Mordecai. Ang mga Judio ay mag-aayuno at mananalangin para kay Esther at siya ay pupunta sa hari upang humingi ng tulong para sa kaniyang mga kababayan.

Ang pumaroon sa hari na hindi ipinatatawag ay nangangahulugan ng kamatayan, subalit nakalaan si Esther na mamatay kung kinakailangan. “ At kung ako’y mamatay, ay mamatay,” wika niya.

Ang susing talata, sa Esther 4:14, ay nagpapakita ng mahalagang katotohanan. May plano ang Dios ng pagliligtas. Kung hindi tuparin ni Esther ang kaniyang papel, ang pagliligtas para sa mga Judio ay manggagaling sa iba.

May tanging plano ang Dios para sa bawat isa sa atin upang abutin ang mundo ng Ebanghelyo. Ang nais Niya ay hanapin mo ang iyong lugar at tuparin ang Kaniyang

kalooban. Subalit kung hindi mo hahanapin ang iyong lugar sa kaharian, susundin pa rin ng Dios ang Kaniyang plano at ang pagliligtas ay sa iba manggagaling.

Tulad ni Esther, ikaw ay narito sa kaharian para sa isang layunin. Kaya mahalaga na mahanap mo ang iyong lugar at ministeryo sa Katawan ni Cristo.

IKA-LIMANG KABANATA

ISANG PAANYAYA SA BANGKETE (1-8):

Humarap si Esther sa hari, at siya ay tinanggap. Inanyayahan niya ang hari at si Haman sa isang bangkete at habang kumakain ay inanyayahan niya ang dalawa sa isang tanging kainan na inihanda niya kinabukasan.

ANG KAYABANGAN NI HAMAN (9-14):

Pag-alis ni Haman sa bangkete ng reyna, ito ay ipinagmalaki niya sa lahat ng kaniyang mga kaibigan. Subalit kahit ang ganitong parangal ay hindi nagbigay sa kaniya ng kasiyahan habang hindi siya pinarangalan ni Mordecai. Ipinayo ng asawa ni Haman at ng kaniyang mga kaibigan na gumawa siya ng bigtihan at dito ay bitayin si Mordecai. Nasiyahan siya sa payong ito at nagpagawa siya ng bigtihan. (Ang bigtihan ay isang mataas na kahoy na nilalagyan ng lubid upang bitayin ang isang tao).

IKA-ANIM NA KABANATA

PINARANGALAN SI MORDECAI (1-14):

Hindi makatulog ang hari nang gabing iyon kaya't siya'y nagbasa ng mga talaan sa korte. Napag-alaman niya na si Mordecai ang nagbulgar ng isang balak na patayin ang hari, kaya ito hindi natuloy. Nagtanong ang hari kung anong gantimpala ang ibinigay kay Mordecai sa ginawa niyang ito. Wala pa.

NAPAHIYA SI HAMAN (12-14):

Samantala, nagpunta si Haman sa hari upang humingi ng pahintulot na bitayin si Mordecai. Bago siya makapagsalita ay inutusan siya ng hari na parangalan si Mordecai dahil sa kaniyang katapatan sa kaharian. Mabigat ang loob na sumunod si Haman at pinarangalan ang kaniyang kaaway.

IKA-PITONG KABANATA

ANG HANDAAN NI ESTHER (1-6):

Nagbigay si Esther ng isang tanging handaan at dito niya inilahad ang tunay niyang pagkatao at ang balak ni Haman na patayin siya at ang mga Judio.

PINARUSWAHAN SI HAMAN (7-10):

Iniutos ng hari na bitayin si Haman sa bigtihan na inihanda niya para kay Mordecai.

IKA-WALONG KABANATA

MGA BAGONG UTOS MULA SA HARI (1-14):

Nakiusap SI Esther sa hari na magbigay ng utos upang iligtas ang kaniyang mga kababayan. Nagpadala ng patalastas ang Hari upang iligtas ang mga Judio.

PINARANGALAN SI MORDECAI (15-17):

Tumanggap pa si Mordecai ng mga karagdagan parangal mula sa hari, at nagkaroon ng kapistahan at kagalakan ang mga Judio sa buong kaharian. Ang dating batas na magdadala ng kamatayan sa mga Judio ay isang sagisag ng kamatayan na dala ng kasalanan sa tao. Ang sabi sa Biblia, “ ang kaluluwang nagkasala ay mamamatay.”

Ang pangalawang batas ay nagdala ng buhay sa halip na kamatayan, kung paanong ang pagdating ni Jesucristo ay nagdala ng buhay sa makasalanang tao. Hindi inalis ang batas na magdadala ng parusa sa kasalanan, kung paano ang utos ni Haring Ahasuerus, ito ay naglalaan ng paraan para makalaya.

IKA-SIYAM NA KABANATA

ANG PAGLILIGTAS SA MGA JUDIO (1-11):

Ang mga Judio ay lumaya mula sa kamatayan. Sa pahintulot ng hari, nakipaglaban sila sa kanilang mga kaaway at sila ay nagwagi.

ANG ANGKAN NI HAMAN AY PINATAY (12-16):

Ang pinakahuling paglaya ay dumating sa mga Judio sa pagpatay sa buong angkan ng masamang taong si Haman.

ANG PISTA NG PURIM (17-32):

Isang tanging pista bilang pagdiriwang sa pagkaligtas ng mga Judio ay naganap, at ito ay idinaraos taon-taon.

IKA-SAMPUNG KABANATA

Si Mordecai ay napiling maglingkod susunod sa hari at kumatawan sa kaniyang mga kababayan at sa kanilang mga pangangailangan. Si Mordecai at si Haman ay nagkaiba sa paggamit at pag-aabuso ng kapangyarihan. Ang isa ay ginamit ang posisyon upang tumulong sa iba, samantalang ang isa ay ginamit ito upang sumira.

MGA KATANGIAN SA PAGUUGALI NI ESTHER

Nagpakita si Esther ng magagandang katangian sa kaniyang pag-uugali. Pag-aralan ang mga reperensya sa pahinang ito. Hingin sa Dios na maiangkop mo sa iyong buhay ang mga katangiang ito:

Reperensya

Katangian

2: 15	Maganda at mahinhin
2: 9-17; 5: 1-3	Kaibig-ibig
2: 10	Masunurin
2: 15	Mahusay makisama sa iba
2: 22	Hindi itinataas ang sarili (Si Mordecai ang pinarangalan niya sa paghahayag ng plano sa halip na ang kaniyang sarili.)
4: 16	Mapagpakumbaba
4: 16; 7: 6	Matapang
2: 22; 8: 1-2; 7: 3-4	Tapat

ISANG MAHALAGANG ARALIN

Isang mahalagang aralin sa kuwento ni Esther ay bagama't tila nananaig ang masama, sa wakas, ang bayan ng Dios ay magwawagi.

Ganito ang sinabi ni David sa Mga Awit. Tila binigyan niya ng buod ang isa sa mahalagang konsepto ng aklat ni Esther.

**Aking nakita ang masama sa malaking kapangyarihan,
At lumalaganap gaya ng sariwang punongkahoy sa kaniyang lupang
tinubuan.**

**Ngunit may dumaan at, narito, wala na siya: Oo, hinanap ko siya, ngunit
hindi siya masumpungan.**

**Tandaan mo ang sakdal na tao, at masdan mo ang matuwid: Sapagkat may
isang maligayang wakas sa taong may kapayapaan.**

**Tungkol sa mga manananalangsang, mangalilipol silang magkakasama: Ang
huling wakas ng masama ay mahihiwalay.**

**Ngunit ang kaligtasan ng matuwid ay sa Panginoon: Siya'y ang kanilang
kuta sa panahon ng kabagabagan.**

**At sila'y tinutulungan ng Panginoon, at sinasagip sila: Sinasagip Niya sila sa
masama, at inililigtas sila. Sapagkat sila'y nagsipagkanlong sa Kaniya.
(Awit 37: 35-40)**

PANSALIRING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata sa kinabisa mo.

2. Isulat ang dalawang pakay ng aklat ni Esther:

(1) _____

(2) _____

3. Tingnan ang listahan ng mga pangalan sa unang listahan. Hanapin ang pangungusap sa pangalawang listahan ng naglalarawan ng bawat pangalan. Isulat ang bilang ng tamang sagot sa harap ng pangalan.

- | | |
|--------------|--|
| ___ Vashti | 1. Ang bagong reyna, isang babaing Hebreo. |
| ___ Esther | 2. Ang pinsan si Esther na nagpalaki sa kaniya. |
| ___ Mordecai | 3. Kaaway ng mga Judio. |
| ___ Haman | 4. Reyna na sumuway sa hari at natanggal sa puwesto. |

4. Sino ang sumulat ng aklat ni Esther?

5. Saan naganap ang kuwento?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Sa mga kabanata ni Ruth at ni Esther, ipinakita natin ang kanilang mga katangiang pag-uugali. Ang pag-aaral ng mga katangian ng mga makadios na mga lider sa Biblia ay nagbibigay ng kaalaman ng mga positibong pag-uugali na maaari mong linangin sa iyong sariling buhay. Ang pag-aaral ng hindi makadios na pag-uugali ay nagbibigay ng babala tungkol sa mga negatibong katangian na dapat mong iwasan.

Upang lalaong lumawak ang kaalaman mo sa aklat ni Esther at masanay ka sa pag-aaral ng mga pag-uugali, kilatisin mo ang mga pag-uugali ni Haman at ni Mordecai. Ang dalawang taong ito ay nagbibigay ng magkabalintunang pag-uugali ng positibo at negatibong katangian. Basahin mong muli ang aklat ni Esther, minamasdan ang mga katangian ng bawat isa sa kanila. Isulat ang iyong pag-aaral sa sumusunod na mga tsart:

Mga Katangian ng Pag-uugali ni Mordecai:

Reperensya

Pag-uugali

Mga Katangian ng Pag-uugali ni Haman:

Reperensya

Pag-uugali

IKA-ANIM NA KABANATA

ANG KAUGNAYAN NI JESUS SA MGA KABABAIHAN

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, may kakayahan kang:

- Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.
- Talakayin ang mga tanging pagtatagpo ni Cristo sa mga babae sa Kaniyang ministryo dito sa lupa.
- Kilalanin na ang relasyon mo kay Jesus ay nakabatay sa kalooban ng Dios.

SUSING TALATA:

Sapagkat sinomang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit, ay siyang Aking kapatid na lalake at Aking kapatid na babae, at ina. (Mateo 12: 50)

PAMBUNGAD

Sa kabanatang ito ay pag-aaralan mo ang kaugnayan ni Jesuscristo sa mga babae. Sa susunod na kabanata, lalong palalawigin ang kaalamang natutuhan sa kabanatang ito upang pag-aralan ang lahat ng sinabi ni Jesus sa, at tungkol sa mga kababaihan.

Sa personalidad ng Dios, may magkahalong katangian ng ama at ina. Inilarawan ng Lumang Tipan ang pagiging ina nang isulat ni Isaias ang mga Salita ng Dios:

Malilimutan ba ng babae ang kaniyang batang pasusuhin; na siya’y hindi mahahabag sa anak ng kaniyang bahay-bata? Oo, ito’y makalilimot, ngunit hindi kita kalilimutan. (Isaias 49: 15)

Kung paanong ang sinoma’y inaaliw ng ina gayon Ko aaliwain kayo; at kayo’y mangaaliw sa Jerusalem. (Isaias 66: 13)

Naalaala ni Jesus ang damdamin ng ina nang Kaniyang sabihin:

O Jerusalem, Jerusalem... makailang inibig Kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw. (Mateo 23: 37)

Ang pagtuturo ni Jesus ay walang kasarian sapagkat hindi siya nagbigay ng mga utos na para sa mga babae lamang. May ilang mga habilin sa Kaniyang mga alagad na para sa mga lalake lamang. (Halimbawa, tingnan ang mteo 5: 28, at 23: 8)

MGA KABABAIHAN AT ANG PAGIGING ALAGAD

Isinali ni Jesus ang mga babae sa Kaniyang pagtuturo. Sa Marcos 7: 10-11 nagturo Siya na parangalan ang mga magulang, at inulit Niya ang mga salitang “ama” at “ina” apat na beses sa dalawang talata. Mayroong salitang Griego para sa “magulang” na maaari Niyang ginamit, subalit nais Niyang bigyang diin na dapat igo ang ina at ang ama na magkapantay.

Nang nagturo si Jesus tungkol sa pagiging alagad, isinali Niya ang mga babae:

Inaakala бага ninyo na Ako’y naparito upang magbigay ng kapayapaan sa lupa? Sinasabi Ko sa inyo, Hindi, kundi bagkus pagkakabahahagi... Ang ama’y laban sa anak na lalake, at ang anak na lalake ay laban sa ama; ang ina’y laban sa anak na babae, at ang anak na babae ay laban sa kaniyang ina; ang biyanang babae ay laban sa kaniyang manugang na babae, at ang manugang na babae ay laban sa kaniyang biyanang babae. (Lucas 12: 51, 53)

Isa pang reperensya patungkol sa pagiging alagad ay tumukoy sa mga babae:

Walang taong nag-iwan ng bahay, o mga kapatid na lalake, o mga kapatid na babae, o ina, o ama, o mga anak...dahil sa Akin, at dahil sa Evangelio, na hindi siya tatanggap ng tigasang daan... ng mga bahay, at mga kapatid na lalake, at mga kapatid na babae, at mga ina, at mga anak. (Marcos 10: 29-30)

Sa isang pagtitipon, nang si Jesus ay nagsasalita sa isang grupo ng mga tao, dumating ang Kaniyang ina at mga kapatid na lalake at hinahanap Siya. Nang sabihin sa Kaniya na hinahanap siya na mga ito, ganito ang sinabi ni Jesus:

... Sino ang Aking ina? at sino-sino ang Aking mga kapatid? At iniunat Niya ang Kaniyang kamay sa Kaniyang mga alagad, at sinabi, Narito, ang Aking ina at ang Aking mga kapatid! Sapagkat sinomang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama... ay siyang Aking kapatid na lalake at Aking kapatid na babae, at ina. (Mateo 12: 46-50; Marcos 3: 31-35)

Ang talatang ito ay nagpapakita ng mahalagang katotohanan tungkol sa relasyon mo kay Jesus. Ang kaugnayan mo ay hindi nakasalalay sa kung ikaw ay lalake o babae, bata o matanda, may asawa o wala. Ang kaugnayan mo ay nakasalalay sa kung ikaw ay gumagawa ng Kaniyang kalooban. Bahagi ng “pagawa ng kalooban ng Dios” ay ang pagtanggap kay Jesus bilang iyong sariling Tagapagligtas, sapagkat ang Dios ay...

... hindi Niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi. (II Pedro 3: 9)

ANG PAGTATANGGOL SA KABABAIHAN

Sa dalawang pagkakataon, ipinagtanggol ni Jesus ang mga babae. Nang dinala ng ilang ina ang mga bata kay Jesus upang basbasan, sinaway sila ng mga alagad, subalit sinabi ni Jesus:

Pabayaang ninyong magsilapit sa Akin ang maliliit na bata; huwag ninyo silang pagbawalan: sapagkat sa mga ganito nauukol ang kaharian ng Dios. (Marcos 10: 14)

Nang si Maria ng Betania ay nagbuhos ng mamahaling pabango kay Jesus, itinuring ito ng mga alagad na pag-aaksaya. Sinabi ni Jesus na ang ginawa ng babae ay isasaysay bilang pag-aalaala kahit saan ipangaral ang Evangelio sapagkat naunawaan niya ang plano para sa kamatayan at paglilibing ni Jesus, at ang ginawa niyang ito ay pagpapahid bilang paghahanda para dito.

MGA KABABAIHAN NA KASAMA NI CRISTO

Hindi tumawag ng babae si Jesus bilang isa sa mga labindalawang alagad sa pasimula ng Kaniyang ministryong pampubliko. Ang pagpili ng isang babae sa isang malapitang kaugnayang ganoon ay hindi itinuturing na katanggap-tanggap. Hindi binanggit sa Biblia na ang mga kababaihang kasama ni Jesus sa biyahe ay naglingkod o nangaral:

At nangyari pagkatapos ng kaunting panahon, na Siya’y naglalakad sa mga bayan at mga nayon, na ipinangangaral at dinadala ang mabubuting balita ng kaharian ng Dios, at kasama Niya ang labingdalawa.

At ang ilang babae na pinagaling sa masasamang espiritu at sa mga sakit, si Maria, na tinatawag na Magdalena, na sa kaniya’y pitong demonyo ang nagsilabas, at si Juana na asawa ni Chuza, katiwala ni Herodes, at si Susana, at iba pang marami na ipinaglilingkod sa kanila ang kanilang tinatangkilik. (Lucas 8: 1-3)

Ang ilang tao ay naniniwala na dahil hindi tumawag si Jesus ng kababaihan upang makabilang sa orihinal na labindalawa, dapat ay walang mga babaing lider sa Iglesia. Subalit hindi rin pumili si Jesus ng Gentil, subalit ang Ebanghelyo ay dinala sa mga Gentil, at nagkaroon tayo ng mga dakilang lider na Gentil. Hindi Siya nagtatag ng Iglesiang tulad ng mga itinatag ngayon, na may isang pastor na sinanay sa seminaryo, mga Sunday School, mga board members, etc., subalit ginagamit natin ang mga ito sa ating mga Iglesia.

ANG PAGIGING MAGINOO NI JESUS

Si Jesus ay laging magalang sa mga babae. Hindi niya sila minaliit o pinagsalitaan ng galit ang mga ito. Nang Siya ay labindalawang taong gulang, sumama si Jesus sa Kaniyang mga magulang sa pista sa Jerusalem. Pagkalipas ng unang araw ng paglalakbay

pauwi, hindi Siya makita ng Kaniyang mga magulang sa kanilang mga kasamahan, kaya't nagbalik sila sa lunsod. Sa wakas, nakita nila Siya na kasama ng mga lider ng relihiyon sa templo. Nang Siya ay kinagalitan ng Kaniyang ina, ang Kaniyang sagot ay isang simpleng paliwanag at Siya ay sumama sa kanila pag-uwi at nagpasakop (sumunod) sa kanila (Lucas 2).

Sa isang okasyon kung saan si Jesus nagsalita na tila walang galang ay sa kasalan sa Cana. Nang ang may-ari ng tahanan ay naubusan ng alak, sinabi ito ni Maria kay Jesus at ang Kaniyang sagot ay:

Babae, anong pakialam Ko sa iyo? ang Aking oras ay hindi pa dumarating. (Juan 2: 4)

Hindi Niya binale wala ang mungkahi ng Kaniyang ina na gawan ng solusyon ang problema. Ang salitang “babae” ay hindi kawalan ng galang. Sa tamang panahon, ginawa ni Jesus ang nais ni Maria at mahimalang ginawang alak ang tubig. Hindi nasaktan si Maria sa sagot ni Jesus, subalit sinabi sa mga alipin:

Gawin ninyo ang anomang sa inyo’y kaniyang sabihin. (Juan 2: 5)

Nang ang ina nila Santiago at Juan ay lumapit kay Jesus na may makasariling kahilingan na ang kaniyang mga anak ay maupo sa Kaniyang kanan at kaliwang tabi sa Kaharian ng Langit, hindi Niya ito sinaway. Ang sagot Niya ay:

Hindi ninyo nalalaman ang inyong hinihingi... ang maupo sa Aking kanan, at sa Aking kaliwa, ay hindi sa Akin ang pagbibigay; datapuwat yaon ay para sa kanila na mga pinaghandaan ng Aking Ama. (Mateo 20: 20-23)

Basahin mo ang Mateo 15: 21-28 kung saan ang isang Gentil na babae ay nakiusap kay Jesus na pagalingin ang kaniyang anak na babae. Ang sagot ni Cristo ay hindi nagpapakita ng pagdusta sapagkat ang salitang “aso” ay karaniwang ginagamit para sa mga Gentil. Ang palitan ng pag-uusap ng dalawang ito ay nagtapos sa mataas na papuri, “O babae, dakila ang iyong pananampalataya.”

May tatlong pangyayari na nakatala sa Kasulatan kung saan si Jesus ay naglingkod sa mga nangangalunya. Hanapin ito at basahin sa iyong Biblia:

Juan 8: 2-11:	Ang babaing nahuli sa pangangalunya.
Lucas 7: 38-39:	Ang nangangalunyang babae na hinugasan ang paa ni Jesus.
Juan 4: 5-30:	Ang babae sa balon.

Sa bawat kaso, nagpakita si Jesus ng paggalang, pagibig, at ng pagpapatawad.

Ang pagtatagpo sa babaing Samaritana sa balon ay isang magandang pag-aaral tungkol sa relasyon ni Jesus sa mga babae. Ang mga Samaritano ay kaaway ng mga Judio at itinuturing na mga hindi edukado at nakakainis. Dagdag pa rito, itong babaing ito ay

nangangalunya. Subalit pinili ni Jesus ang babaing ito, isang Gentil at makasalanan, na unang pagsabihan (ayon sa nakatala sa Kasulatan) na Siya ang Mesias. Itinuring Niya na kayang maunawaan nitong babae ang kahulugan nitong dakilang katotohanang ito. Siya ay biglang naging evangelista at nanakbo sa bayan upang dalhin ang mga tao kay Cristo. Ang resulta ay...

...sa Kaniya'y ipinamanhik nila na matira sa kanila: at Siya'y natira roon dalawang araw. At lalo pang marami ang nagsisampalataya sa Kaniya dahil sa Kaniyang salita. (Juan 4: 40-41)

Sa isang pagbisita sa bahay ni Maria at ni Marta, galit si Marta dahil sa dami ng gawaing-bahay. Nagreklamo siya dahil walang ginawa si Maria kundi maupo sa paanan ni Jesus. Sa halip na sawayin siya, sumagot si Jesus:

Marta, Marta naliligalig ka at nababagabag tungkol sa maraming bagay: Sapagkat...pinili ni Maria ang magaling na bahagi, na hindi aalisin sa kaniya. (Lucas 10: 41)

Nang ang isang balo ay nagbigay ng dalawang lepta sa kahon ng handog, pinuri ni Jesus ang maliit na donasyon. Sinabi Niya:

Ang dukhang baong babaing ito, ay naghulog ng higit kay sa lahat ng nangaghuhulog sa kabang-yaman: Sapagkat silang lahat ay nagsipaghulog ng sa kanila'y labis; datapuwat siya sa kaniyang kasalanan ay inihulog ang buong nasa kaniya. (Marcos 12: 43-44)

Ipinakita ng Kasulatan na inisip ni Jesus na sulit makipag-usap sa mga babae, may kakayahang silang makaunawa ng malalalim na mga bagay na espirituwal, nagpapakita ng dakilang pananampalataya, at marunong magbigay nang may sakripisyo.

PAGKAHABAG SA MGA BABAE

Ang isang katangian ng damdamin ni Jesus patungkol sa mga babae ay kahabagan. Nang buhayin Niya ang anak na lalake ng isang balo sa Nain, ginawa Niya ito dahil sa habag Niya sa balo:

At pagkakita sa kaniya ng Panginoon, siya'y kinahabagan Niya, at sinabi sa kaniya, Huwag kang tumangis. (Lucas 7: 13)

Ang Kaniyang pagkahabag sa mga babaing balo ang ikinagalit Niya laban sa mga pakitang-tao kung manalangin at nagnanakaw sa mga tahanan ng mga ito:

Mag-ingat kayo sa mga escriba...na sinasakmal nila ang bahay ng mga babaing bao, at sa pagpakunwaring banal ay nanalangin ng mahaba. (Lucas 20: 46-47)

Nang magpakain Siya ng karamihan, na kasama ang mga babae, ito ay dahil sa nahabag Siya sa kanila. Basahin ang kasaysayang ito sa Marcos 6 (pansinin ang talatang 34) at Marcos 8 (pansinin ang talatang 2).

Nang magsalita si Jesus tungkol sa pagsira sa Jerusalem sa darating na panahon, idinagdag Niya ang Kaniyang babala na may pagkahabag:

Datapuwat sa aba ng nangagdadalangtao at ng nangagpapasuso sa mga araw na yaon! At magsipanalangin kayo na ito’y huwag mangyari sa panahon ng taginaw. (Marcos 13: 17-18)

Nang si Jesus ay nasa Golgotha na pasan ang krus, maraming mga babae sa karamihan sa palibot ng mga sundalo at mga bilanggo. Ang mga babaing ito ay nagluluksa para sa Kaniya. Ang Kaniyang malasakit ay para sa kanila at hindi para sa Kaniyang sarili. Ang sabi Niya ay:

Mga anak na babae ng Jerusalem, huwag ninyo Akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at ang inyong mga anak.

Sapagkat narito, darating ang mga araw, na kanilang sasabihin, Mapapalad ang mga baog, at ang mga tiyang kailan ma’y hindi nangagdalang-tao, at ang mga dibdib na kailan ma’y hindi nangagpapasuso. (Lucas 23: 28-29)

Hanggang sa dulo ng Kaniyang ministeryo sa lupa, sa gitna ng Kaniyang pagdurusa, ang Kaniyang habag at malasakit sa mga kababaihan ay hindi nagwakas.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Ang iyong kaugnayan kay Jesus ay nakabatay sa...

2. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

3. Basahin ang mga pangalan sa unang listahan. Piliin ang pangungusap sa ikalawang listahan na nagsasabi kung ano ang sinabi ni Jesus sa bawat tao o grupo. Isulat ang bilang ng pangungusap sa harap ng tamang pangalan.

- | | |
|---|--|
| ___ Mga babaing may anak | 1. Ito ay isasalaysay bilang pag-aalaala sa kaniya. |
| ___ Si Maria, Ina ni Jesus | 2. Sinabi sa kaniya ni Jesus na Siya ang Mesias. |
| ___ Nangangalunyang naghugas ng paa ni Jesus | 3. “Pabayaan ninyong magsilapit sa Akin ang maliliit na mga bata.” |
| ___ Gentil na babae na kailangan ng kagalingan para sa anak | 4. Pinuri siya ni Jesus dahil sa kaniyang pagbibigay. |
| ___ Marta | 5. “Pinili ni Maria ang mas mahalaga.” |
| ___ Mahirap na bao | 6. “Dakila ang iyong pananampalataya.” |
| ___ Babae sa balon | 7. “Babae, ano ang pakialam Ko sa iyo?” |

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Upang magpatuloy ang pag-aaral mo ng relasyon ni Jesus sa mga babae, pag-aralan ang nakatala na mga pag-uusap nila:

	<u>Mateo</u>	<u>Marcos</u>	<u>Lucas</u>	<u>Juan</u>
Kaniyang ina:				
Nang Siya'y bata			2:41-50	
Sa Cana				2: 1-11
Sa krus				19: 25-27
<hr/>				
Marta:				
Naglilingkod			10: 38-42	
Pagkabuhay ni Lazaro				11: 1-44
<hr/>				
Maria ng Betania	26: 6-13	14: 3-9		12: 1-9
<hr/>				
Maria ng Magdala	28: 9-10		8: 2	14: 14-18
<hr/>				
Babaing Samaritana				4: 1-42
<hr/>				
Babaing nangalunya				8: 1-11
<hr/>				
Makasalanan			7: 36-50	
<hr/>				
Ang Babaing Cananea	15: 22-28	7: 24-30		
<hr/>				
Anak ni Jairus at Babaing dinudugo	9: 20-25	5: 25-42		8: 43-56
<hr/>				
Biyang babae ni Pedro	8: 14-15	1: 30-31		4: 38-39
<hr/>				
Anak ng balo		7: 11-15		
<hr/>				
Babaing baluktot		13: 11-13		

IKA-PITONG KABANATA

ANG MINISTERYO NI JESUS SA MGA KABABAIHAN

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, may kakayahan kang:

- Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.
- Talakayin ang mga talinghaga ni Jesus na may kaugnayan sa mga babae tungkol sa mga tao, mga problema, at gawain.
- Ipagpatuloy ang pansariling pag-aaral ng ministeryo ni Jesus sa mga babae.

SUSING TALATA:

At mayroon ding iba't ibang mga bagay na ginawa si Jesus, na kung susulating isa-isa, ay inaakala ko na kahit sa sanglibutan ay hindi magkakasiya ang lahat ng mga aklat na susulatin. (Juan 21: 25)

PAMBUNGAD

Sa nagdaang kabanata, pinag-aralan natin ang kaugnayan ni Jesus sa mga babae. May mahahalagang mga bagay na sinabi si Jesus sa, at tungkol sa mga babae. Nagturo Siya ng mga paksang may kinaalaman sa kanila at isinali ang kababaihan sa Kaniyang mga talinghaga. Gumawa rin Siya ng mga himala sa mga kababaihan sa Kaniyang ministeryo sa lupa. Ang kabanatang ito ay sinusuri ang aspeto ng ministeryo ni Jesus sa kababaihan.

MGA TALINGHAGA NI JESUS

Ang mga talinghaga ay isang paraan ng pagtuturo ni Jesus na madalas Niyang gamitin sa Kaniyang ministeryo sa lupa. Ang talinghaga ay “isang kuwento dito sa lupa na may makalangit na kahulugan.” Ang talinghaga ay nagdadala ng mga espirituwal na katotohanan sa pamamagitan ng isang luwento na madaling maunawaan ng nakikinig.

Gumamit sa Jesus ng apat na tanging talinghaga tungkol sa mga babae upang magdala ng mahahalagang espirituwal na katotohanan. Basahin ang bawat isang talinghaga sa iyong Biblia bago magpatuloy sa aralin. Ang bawat talinghaga ay natatanaw ayon sa:

Tao: Ang taong nasa talinghaga.

Problema: Ang situwasyon na nakaharap sa mga tao sa talinghaga.
(Makalupang kasaysayan).

Prinsipyo: Ang mahalagang katotohanang itinuturo ni Jesus.
(Ang makalangit na kahulugan).

Ngayon, pag-aralan mo ang mga talinghaga:

ANG NAWALANG PUTOL NG PILAK: Lucas 15: 8-10

Ang Tao: Isang babaing may sampung putol na pilak.

Ang Problema: Isang putol ang nawala.

Prinsipyo: Ginamit ni Jesus ang talinghagang ito at dalawa pang iba upang ipakita ang magkatulad na katotohanan. Basahin ang talinghaga ng nawalang tupa bago ang talinghaga ng pilak (Lucas 15: 3-7). Ngayon, basahin mo ang talinghaga ng nawalang anak na sumunod dito (Lucas 15: 11-32).

Ang pakay ni Cristo sa sunud-sunod na talinghagang ito ay upang sagutin ang mga bintang ng mga Fariseo na Siya ay nakikisalamuha at nakikikain sa mga makasalanan na ipinagbabawal ng mga Judio (tingnan ang mga talatang 1-2).

Ipinakikita ni Jesus ang kahalagahan ng pag-abot sa mga nawawalang kaluluwa. Kinakailangang makipag-ugnay sa mga makasalanan upang sila ay maabot ng mensahe ng kaligtasan. Ginamit Niya ang ilustrasyon ng nawalang tupa, nawalang piraso ng pilak, at anak na naligaw ng landas upang ipaliwanag ang katotohanang ito. Mga ari-arian, salapi, at pamilya ay mga bagay na mahalaga sa mga Fariseo at mauunawaan nila ang mga ilustrasyong ito.

Ginamit ni Jesus ang halimbawa ng babaing nawalan ng pilak at ng lalaking naghahanap ng tupa. Ang mga babae ay may tiyak na papel na gagampanan sa pag-abot sa mga kaluluwang nawawala. Tulad ng babae sa talinghaga, kailangan nating magsindi ng ating mga espirituwal na ilaw at hanapin ng buong sikap ang mga nawawala. May kagalakan sa presensya ng mga anghel sa pagdadala natin ng mga nawala sa Panginoon. Naghahanap ka ba ng buong sikap sa mga nawawala?

ANG BALONG MATIYAGA: Lucas 18: 1-8

Tao: Isang balong babae na humahanap ng hustisiya mula sa isang masamang hukom na walang takot sa Dios at sa tao.

Problema: Naghahanap siya ng hustisiya para sa kaniyang “kalaban.” Hindi sinabi ng talinghaga kung sino ang kaaway o kung anong masamang bagay ang ginawa nito sa kaniya. Ayaw siyang tulungan ng masamang hukom sa una, subalit dahil sa patuloy siyang nagbabalik, pinagpasiyahan ng hukom na papanaluhin siya sa kaso upang hindi na siya abalihin nito.

Prinsipyo: Ipinakikita ni Jesus na ang pagtitiyaga ay nagdadala ng katugunan mula sa Dios. Ginamit ni Jesus ang halimbawang ito upang palakasin ang loob ng Kaniyang mga tagasunod na patuloy na manalangin at hindi sumuko. Kung ang masamang huwes ay tumutugon, gayon din ang makatuwirang Dios ay tutugon sa Kaniyang bayan na matiyagang manalangin:

**Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid.
(Santiago 5: 16b)**

ANG SAMPUNG BIRHEN: Mateo 25: 1-13

Mga Tao: Limang matatalinong mga babae, limang mangmang na mga babae, at isang di-kilalang tao na nagbigay ng babala ng dumarating na kasintahang lalake.

Problema: Sampung mga babae ang naghihintay sa pagdating ng ikakasal. Limang babae ang matalino at nagdala ng reserbang langis para sa kanilang lampara. Limang babae ang mangmang at hindi nagdala ng reserbang langis.

Lahat ng babae ay nakatulog sa paghahintay. Pagdaka, ang sigaw ay narinig na ang ikakasal na lalake ay dumarating na at lahat ng mga babae ay gumising upang sindihan ang kanilang lampara. Nadiskubre na mangmang na mga babae na ubos na pala ang kanilang langis at ayaw na sumindi ang kanilang ilawan. Sinubukan nilang humiram ng langis sa matatalinong babae, subalit hindi sila binigyan.

Samantalang ang mangmang na mga babae ay nasa labas at bumibili ng langis, dumating ang kasintahang lalake at ang matatalinong babae ay nakasamang pumasok sa loob ng handaan. Nang dumating ang mga mangmang na babae ay sarado na ang pinto at hindi sila makapasok. Huli na ang lahat. Masyado natagalan ang kanilang paghahanda sa sarili.

Prinsipyo: Ang talinghagang ito ay isinalaysay ni Jesus kaugnay ng kanilang usapan tungkol sa katapusan ng mundo. Basahin ang pasimula ng talakayan sa ika-24 na kabanata.

Ang ika- 25 na kabanata ay karugtong ng talakayang ito. Ang sabi ni Jesus ay sa mga huling araw ang espirituwal na kalagayan ay tulad sa talinghaga ng mga birhen. Ang iba ay espirituwal na nakahandang sumalubong sa Panginoon, subalit sila ay “natutulog” at hindi maliksi sa Kaniyang pagbabalik. Ito ang grupo ng “matatalinong birhen.”

Bagama't sila ay ligtas, wala silang ginagawa upang bigyan ng babala ang mga tao sa palibot nila na malapit nang dumating ang kasintahang lalake. Ganoon pa man, bigla silang nagising bago Siya dumating at sila ay nakahandang sumalubong sa Kaniya.

Ang mangmang na mga birhen ay halimbawa ng isang grupo ng mga tao na hindi alam na darating si Cristo. Hindi sila nakahanda. Matagal silang naghintay na mapuno ang kanilang espirituwal na lalagyan at hindi sila nakasama kay Cristo sa Kaniyang pagbabalik.

Sinubukan nilang makapasok ayon sa paghahanda ng matatalinong birhen, subalit hindi ito posible. Hindi ka maaaring makapasok sa Kaharian ng Dios na nakasalalay sa karanasan ng iba. Dapat kang gumawa ng sarili mong paghahanda.

May pangatlong grupo ng mga tao sa talinghagang ito. Bagaman natulog ang matalino at mangmang na mga birhen, may isang gising upang magbigay ng babala na Siya'y dumarating na. May grupo ng mga tao na gising na espirituwal at naghihintay ng Kaniyang pagbabalik. Gagamitin sila na magbigay ng babala sa bayan ng Dios na natutulog at hindi alam na maikli na ang panahon bago dumating si Jesus.

Saang grupo ka kabilang? Ikaw ba ay espirituwal na nakahanda na salubungin ang Panginoon subalit hindi ka gising sa katotohanang malapit na Siyang dumating? Ikaw ba ay espirituwal na natutulog sa halip na nagbibigay ng babala upang ang iba ay mahanda sa Kaniyang pagbabalik?

Tulad ka ba ng mangmang na mga birhen? Kaipala ay hindi ka pa nakahandang espirituwal na salubungin si Jesus. Wala kang langis sa iyong ilawan. Ikaw ay tulog at walang laman sa espirituwal na buhay. Pakinggan mo ang babala ng Kaniyang madaling pagbabalik at ihanda mo ang iyong sarili, bago maging huli ang lahat.

Isa ka ba sa walang pangalang pangatlong grupo, sila na nakahanda sa madaling pagdating ng ikakasal at binibigyan mo ng babala ang iba upang mahanda rin sila? Alin sa tatlong grupo ang kinabibilangan mo?

ANG BABAING MAY LEBADURA: Mateo 13: 33; Lucas 13: 20-21

Tao: Babaing walang pangalan.

Problema: Siya ay naghahanda ng tinapay at gumagamit ng kakaunting lebadura upang paalsahin ang tatlong takal na harina.

Prinsipyo: Isa ito sa mga talinghagang ginamit ni Jesus upang ituro ang mga katotohanan ng Kaniyang Kaharian na tinawag Niyang “Kaharian ng Langit.”

Sa maraming pagkakataon sa Biblia ang lebadura ay ginamit bilang halimbawa ng masama. Ipinakikita kung paanong ang kakaunting kasalanan ay pinararami ang kaniyang sarili at nagiging malaking kasalanan, kung paanong ang lebadura ay kumakalat sa isang masa ng tinapay. Sa talinghagang ito, ang lebadura ay ginamit na halimbawa ng Kaharian ng Dios, ang isang maliit na gawa ay maaaring magbunga ng marami.

Kung paanong ang kakaunting lebadura ay kumakalat sa buong masa ng tinapay, ganoong din ang Salita ng Dios ay pinararami ang kaniyang sarili. Ito ang prinsipyong tinatawag nating “panghihikayat ng kaluluwa tulad ng pagkalat ng lebadura.” May kurso ang Harvestime International Institute na ganito ang pamagat, nagbibigay ng diin sa isang paraan ng ebanghelismo na pararamihin ang kaniyang sarili sa buong mundo.

Ang talinghagang ito ay nagpapakita ng maraming mahahalagang prinsipyo. Una, maaaring mayroon kang lebadura (ang Salita ng Dios) at ang masa na nangangailangan ng lebadura (ang mundo), subalit walang mangyayari hanggang ang Salita (lebadura) ay malagay sa puso ng mga tao ng mundo (ang masa).

Panglawla, ginagamit ng Dios ang tao bilang ahente upang ilagay ang lebadura sa masa ng tinapay. Pinipili ng Dios ang mga taong katulad mo upang dalhin ang Salita sa sanglibutan.

Pangatlo, ang maliliit na bagay ay dumarami upang lumago sa ekonomia ng Kaharian ng Dios. Ang isang maliit na hakbang tungo sa panghihikayat ng kaluluwa tulad ng pagkalat ng lebadura ay patuloy na pararamihin ang kaniyang sarili sa buong masa sa sanglibutan. Tulad ng sinabi ni Propeta Zacarias:

Sapagkat sinong nagsihamak sa araw ng maliliit na bagay? (Zacarias 4: 10)

BUOD NG MGA TALINGHAGA

Ginamit si Jesus ang mga babae upang ipakita ang mga dakilang katotohanan tungkol sa Kaniyang Kaharian. Ang balong babae ay nagpakita ng kahalagahan ng pagtitiyaga sa pananalangin upang ang Kaharian ng Langit ay maayos, matalo ang kaaway, at maipaghiganti ang bayan ng Dios. Ang babae na may lebadura ay nagpapakita ng kahalagahan ng paggawa sa Kaharian ng Dios. Kailangang ihasik ang lebadura ng Salita sa masa ng mundo.

Subalit ang paghahasik ay hindi sapat. Kailangan ding mag-ani. Ito ay ipinakita ng babaing may nawalang isang putol ng pilak. Hindi siya tumigil ng paghanap hanggang hindi niya nakita ang putol ng pilak. Hindi ka lamang maghahasik ng lebadura ng Salita, subalit dapat mong anihin ang ani at abutin ang mga nawawalang mga lalake at mga babae.

Sa wakas, ang talinghaga ng mga birhen ay nagpapakita na sa mga huling araw, ang iba ay nakahandang pumasok sa Kaharian ng Dios at ang iba naman ay hindi. Ang larawan ng kababaihan na ipinakikita ni Jesus sa mga talinghagang ito ay ang mga babaing aktibo sa Kaharian ng Dios na nakalaang magtiyaga sa pananalangin, maghasik ng binhi ng Salita, mag-ani ng nangawawala, at magbigay ng babala sa mga natutulog na espirituwal.

MGA HIMALA NI JESUS

Gumawa si Jesus ng mga himala na kinasangkutan ng mga babae sa Kaniyang ministeryo dito sa lupa. Isulat mo ang iyong sariling puna sa pag-aaral na ito. Pagbalik-aralan mo ang padron na ginamit sa pag-aaral ng mga talinghaga, at sundan ito sa pag-aaral ng mga himala ni Jesus na kinasangkutan ng mga kababaihan. Isulat ang iyong puna ayon sa:

Mga Tao: Kasangkot sa himalang ginawa ni Jesus.

Problema: Ang pangangailangan na inilapit kay Jesus.

Ginawa: Ang tugon ni Jesus sa pangangailangang yaon. Ano ang himalang ginawa ni Jesus at paano Niya ginawa ito? Anu-ano ang naging bunga ng himalang ito?

ANG BIYANANG BABAE NI PEDRO:

Mateo 8: 1-15; Marcos 1: 30-31; Lucas 4: 38-39.

Mga Tao:

Problema:

Ginawa:

BABAING DINUDUGO:

Mateo 9: 20-22; Marcos 5: 25-29; Lucas 8: 43-48.

Mga Tao:

Problema:

Ginawa:

ANAK NA BABAE NG CANANEO:

Mateo 15: 21-28; Marcos 7: 24-30.

Mga Tao:

Problema:

Ginawa:

BABAING BALUKTOT:

Lucas 13: 11-13.

Mga Tao:

Problema:

Ginawa:

ANAK NA BABAE NI JAIRO:

Mateo 9: 18-19, 23-25; Marcos 5: 22,24, 38-42; Lucas 8: 41-42, 49-56.

Mga Tao:

Problema:

Ginawa:

ANAK NA LALAKE NG BALO SA NAIN:

Lucas 7: 11-15.

Mga Tao:

Problema:

Ginawa:

KAPATID NA LALAKE NI MARIA AT MARTA:

Juan 11: 1-44.

Mga Tao:

Problema:

Ginawa:

ISANG BUOD NG MGA HIMALA

Ang pinakatampok na katangian ni Jesus na nakita sa bawat himala na Kaniyang ginawa ay ang kahabagan. Kahit na isang karaniwang sakit tulad ng lagnat ng biyanang babae ni Pedro o isang matagal na karamdaman tulad ng babaing inaagasan ng dugo at ang babaing baluktot, nagpakita Siya ng malasakit at pagkahabag.

Magandang malaman na ang mga himalang ginawa Niya ay may sinusunod na padron. Una, pinagaling Niya ang simpleng sakit tulad ng lagnat. At pinagaling din Niya ang may matagal nang sakit tulad ng dinudugo at ang babaing baluktot. Kahit ang pagbuhay sa patay ay may padron. Una ay binuhay Niya ang anak na lalaki ng babaing balo at ang anak na babae ni Jairo, kapwa sila kamamatay lang. At pagkatapos ay binuhay Niya si Lazaro na ilang araw nang patay sa libingan.

Binuhay ni Jesus ang anak na babae ni Jairo sa kanilang bahay pagkamatay nito. Ang anak na lalake ng babaing balo ay binuhay habang papunta sa libingan. Si Larazo ay

binuhay mula sa libingan kung saan ilang araw na siyang nailibing. Hindi bale kung gaano kabigat ang problema mo sa buhay. Ang Kaniyang kapangyarihan ay sapat kahit saang punto ng iyong pangangailangan.

MGA SALITA NI JESUS PARA SA AT TUNGKOL SA MGA BABAE

Dagdag sa mga talinghaga at mga himala ni Jesus na kinasangkutan ng mga babae, maraming masasabi si Jesus patungkol sa mga paksa na interesado ang mga babae. Kasali rito ang mga tagubilin patungkol sa pag-aasawa, pangangalunya, mga anak, atbp. Sa maraming pagkakataon ay nagsalita rin nang derecho si Jesus sa mga kababaihan.

Sa bahaging “Para Sa Dagdag Na Pag-aaral” ng kabanatang ito, makikita mo ang listahan ng mga paksa na kinahihiligan ng mga babae na tinalakay ni Jesus. Ang mga ito ay isinulat upang ikaw ay magpatuloy sa pag-aaral ng Salita ng Dios, na isa sa mga layunin ng Harvestime International Institute. Nais namin na ikaw mismo ang makadiskubre ng katotohanan ng Salita ng Dios. Ang bahaging ito ay tutulong sa iyo na maganap ito sa patuloy mong pag-aaral ng ministeryo ni Jesus sa mga kababaihan.

PANSARILING PAG-AARAL

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

2. Maglista ng apat na talinghaga na sinalaysay ni Jesus na kinasangkutan ng mga babae.

(1) _____

(2) _____

(3) _____

(4) _____

3. Maglista ng apat na himala na ginawa ni Jesus na kinasangkutan ng mga babae.

(1) _____

(2) _____

(3) _____

(4) _____

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Maraming ibinigay na pansin si Jesus tungkol sa mga piling paksa na may kinaalaman sa mga babae, tulad ng pag-aasawa, paghihiwalay ng mag-asawa, at mga anak. Upang lalong lumawak ang kaalaman mo tungkol sa ministeryo Niya para sa at tungkol sa kababaihan, saliksikin mo ang mga sinalita ni Jesus tungkol sa:

PAG-AASAWA:

Mateo 19: 4-6; 22:30

Marcos 10:6-9; 12:25

Lucas 20: 34-35

MGA ANAK:

Mateo 9:14; 18:3-5,6,10,14; 21:16

Marcos 9:37, 42; 10: 14-15

Lucas 9:48; 18:17

PAGHIHIWALAY- PANGANGALUNYA:

Mateo 5: 27-28; 31-32; 15:19; 19:8-9; 11-12; 17-18

Marcos 7:21-22; 10:3,5,11-12, 19

Lucas 16:18; 18:20

PATUNGKOL SA MGA BABAE:

Mateo 5:28; 9:20, 22; 11:11; 13:33; 14:21; 15:38; 19:8; 22; 24:41; 26: 27:55; 28:5

Marcos 5,7,10:12; 12:22; 14:3; 15:40,41

Lucas 1:28, 42; 4:26-27; 7:8; 8:2,43,47; 10:38; 11:27; 13:11,12,16,21; 15:8
17:27,35; 20:32; 22:57; 23:27,49,55; 24:10,22,24

Juan 2:4; 4:7,9,11,15,17,19,20,21,25,27,28,39,42; 8:3,4,9,10; 16:21; 19:26;
20: 13,15

IKA-WALONG KABANATA

MGA BABAE SA AKLAT NG MGA GAWA

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, may kakayahan kang:

- Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.
- Tukuyin ang ministeryo ng mga kababaihan sa Iglesia.
- Ipagpatuloy ang pansariling pag-aaral ng paksa ng kababaihan sa aklat ng Mga Gawa.

SUSING TALATA:

Oo't sa aking mga lingkod na lalake at sa Aking mga lingkod na babae, sa mga araw na yaon ibubuhos Ko ang Aking Espiritu; at magsisipanghula sila. (Gawa 2:18)

PAMBUNGAD

Sa kabanatang ito ay pag-aaralan mo ang bawat pagtukoy ng mga babae sa aklat ng Mga Gawa. Dahil sa ang Mga Gawa ang nagtala ng pagbuo ng mga mananampalataya sa Iglesia, ang pag-aaral ay nagbigay ng kaalaman ng posisyon at ministeryo ng mga babae sa unang Iglesia.

Mahalaga na maunawaan ang posisyon ng mga babae sa unang Iglesia sapagkat ito ang nagbibigay ng pundasyon sa ministeryo ng mga kababaihan sa Iglesia ngayon. Ito ay makatutulong sa pagtuklas mo ng dakong ibinigay sa iyo ng Dios sa ministeryo sa Kaniyang Katawan, ang Iglesia.

MGA PANGKALAHATANG PAGTUKOY

Madalas mabanggit ang mga babae sa aklat ng Mga Gawa. Anim na mga talata ang tumukoy sa mga tanyag na babae na hindi kaugnay ng pag-aaral ng unang Iglesia:

Ang anak na babae ni Faraon: Gawa 7: 21

Candace, kung saan naglilingkod ang bating na nahikayat sa pagsaksi ni Felipe.
Gawa 8: 27

Drusilla, asawa ng gobernador na si Felix: Gawa 24:24

Bernice, kapatid na babae ni Haring Agrippa: Gawa 25:23

Ang diosang si Diana, sinasamba bilang ina ng mga dios at ng mga tao, na ang templo sa Efeso ay isa sa mga Pitong Kamanghamanghang Tanawin sa Mundo noon: Gawa 19: 27

Kapatid na babae ni Pablo: Gawa 23: 16

Ang mga nalalabing pagbanggit sa mga babae ay nalagay sa ilalim ng pangkalahatang pagtukoy na nagbabanggit ng kanilang mga posisyon at mga ministeryo sa Iglesia.

MGA KAAKIB NG IGLESIA

Sa maraming lugar kung saan ipinangaral ang Ebanghelyo, ang mga babae (Judio at Gentil) ay nabanggit na kasama sa mga nagsisampalataya. Sa Jerusalem, maraming mga lalake at mga babae ang sumampalataya (Gawa 5: 14). Sa Samaria, mga lalake at babae ang sumampalataya bilang bunga ng pangangaral ni Felipe (Gawa 8: 12). Sa Joppa, si Dorcas at ang iba pang mga babae ay kaakib ng unang Iglesia (Gawa 9: 36-43). Sa Lystra ay nakatira ang ina ni Timoteo na si Eunice at ang kaniyang lola na mga mananampalataya (Gawa 16:1).

Sa Filipos, si Lydia ang unang nahikayat sa Europa at marami pang babae na hindi na binanggit ang mga pangalan ang bahagi ng Iglesia doon (Gawa 16: 13-15).

Sa Tesalonica at Berea marami ang mga mahahalagang babae ang naniwala (Gawa 17: 4,12) Ang pinakamaraming babaing mananampalataya na nabanggit ay nasa Macedonia. Kahit sa Atenas, kung saan kakaunti ang tumugon sa pangangaral ni Pablo, isang babaing nagngangalang Damaris at iba pa ay nanampalataya (Gawa 17: 34).

Ang mga kababaihang ito ay hindi lamang kabilang sa pulutong ng mga taong nakikinig. Sila ay mga tunay na mananampalataya sa Ebanghelyo at nabinyagan sa Iglesia:

Datapuwa't nang magsipaniwala sila kay Felipe na nangangaral ng mabuting balita tungkol sa kaharian ng Dios at sa pangalan ni Jesucristo, ay nangabautismuhan ang mga lalake't mga babae. (Gawa 8: 12)

MGA TAGAPAMAGITAN

Ang mga babae sa unang Iglesia ay mga tagapamagitan sa pananalangin. Si Maria, ina ni Jesus, ay sumama sa mga lalake na nananalangin sa paghihintay sa darating na Espiritu Santo:

Ang lahat ng mga ito'y nagsisipanatiling matibay na nangagkakaisa sa pananalangin na kasama ang mga babae, at si Maria na ina ni Jesus, at pati ng mga kapatid Niya. (Gawa 1: 14)

Nang si Pedro ay ipinabilanggo ni Herodes, ang mga mananampalataya ay nananalangin sa bahay ni Maria, ang ina ni Juan Marcos. Si Rhoda, isa sa mga babae sa dako ng

panalanginan, ay sinalubong si Pedro sa pintuan matapos siyang pakawalan ng anghel mula sa piitan, at ibinalita ang tagumpay sa mga nananalangin (Gawa 12: 12-16).

Sa lunsod ng Filipos, isang pangkat ng mga babae ang nagtitipon para manalangin:

At nang araw ng Sabbath ay nagsilabas kami sa labas ng pintuan sa tabi ng ilog, na doo’y sinapantaha naming may mapapanalanginan; at kami’y nangaupo, at nakipagsalitaan sa mga babaing nangagkatipon. (Gawa 16:13)

Ang mga salitang “sinapantaha namin” ay nangangahulugan na kaugalian na ng mga babae na manalangin doon.

MGA TUMANGGAP NG ESPIRITU SANTO

Sa Gawa 2: 1, itinala ni Lucas na “sila” ay nagkakaisa sa isang dako. Ang “lahat” na binabanggit dito ay yaon ding mga taong binanggit sa 1: 14-15 na naghihintay ng pagbuhos ng kapangyarihan ng Dios. Si Maria ay binanggit na isa sa mga naghihintay sa Espiritu Santo. Ang ibig sabihin nito ay nang dumating ang Espiritu Santo sa kanilang “lahat,” kasali ang mga babae roon.

Nang magtanong ang mga nakakita kung ano ang nangyayari, ang paliwanag ni Pedro ay nakasentro sa hula ni Joel. Pinatunayan dito na ang kapangyarihan ng Dios ay ibubuhos sa mga kababaihan:

...ito’y yaong sinalita na sa pamamagitan ng Propeta Joel...ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman: at ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula...sa Aking mga lingkod na lalake at sa Aking mga lingkod na babae, sa mga araw na yaon ibubuhos Ko ang Aking Espiritu, at magsisipanghula sila. (Gawa 2: 15-18)

Maraming siglo bago dumating ang Espiritu Santo, inilaan na ng Dios na ang mga babae ay makasali sa kapahayagan ng Kaniyang kapangyarihan.

MGA PROPETISA

Itinala ng Mga Gawa kung paano tinupad ng mga babae ang hula ni Joel:

Ang tao ngang ito’y (si Felipe na evangelista) may apat na anak na binibini, na nagsisipanghula. (Gawa 21: 9)

Dahil sa talatang ito, ang hula ni Joel, at ang ilan sa mga aral ni Pablo na pag-aaralan mo sa hinaharap ay mahalagang maunawaan mo ang kahulugan ng salitang “panghuhula.” Ang mga konkordansiya ng Biblia nila Strong, Young, at Vine ay nagbibigay ng mga sumusunod na kahulugan ng salitang ito:

Nagsasalita sa ilalim ng kapangyarihan.
Ipinahahayag ang kalooban, isipan, payo at paraan ng Dios.
Ipinaliliwanag nang hayagan.

Ang salitang “panghuhula” ay nagtuturo o nangangaral sa ilalim ng kapangyarihan ng Dios tulad din ng paggamit ng kaloob ng panghuhula, isa sa mga tanging kaloob ng Espiritu Santo. Pag-aaralan mo pa ito sa pag-aaral mo ng gawain ng mga babae sa mga kaloob ng Espiritu.

MGA TAGA-SUPORTA NG GAWAIN NG DIOS

Ang mga babae sa Mga Gawa ay nagbigay ng mga materyal na suporta sa gawain ng Dios. Nagbigay si Lydia ng lugar na matitirahan ang grupo ni Pablo na nagmimisyon. Si Dorcas ay naglingkod sa mga balong babae at iginawa sila ng mga damit. Sa Corinto, si Pablo ay tumuloy sa tahanan ni Priscilla. Siya ay kasama sa negosyo ng kaniyang asawa at may importanteng dako sa Iglesia sa Corinto. Pinayagan nila si Pablo na makasosyo sa negosyo habang siya ay nasa Corinto.

PINAG-USIG AT MGA TAGA-USIG

Ang mga babae ay naging biktima rin ng pag-uusig sa unang Iglesia. Bago nahikayat si Pablo, itinala ng Biblia na pumapasok siya sa mga bahay at mga dako ng pagsamba ay hinuhuli ang mga lalake at babae upang dalhin sa korte sa Jerusalem (Gawa 8:3 at 9:2). Pagkatapos, sinabi niya na:

At aking pinag-usig ang Daang ito hanggang sa mamatay, na tinatalian at ipinapasok sa mga bilangguan ang mga lalake at gayon din ang mga babae. (Gawa 22: 4)

May mga babae rin na taga-usig ng unang Iglesia. Sa Antioquia ng Pisidia, ang ilang mga babaing tinuturing na “deboto at kagalang-galang” ay nagpasimula ng pag-uusig laban kay Pablo at Barnabas.

MGA MAKASALANANG NANANAGOT

Ang mga babae ay nananagot sa kasalanan. Kaipala, ang pinakamasaklap ng kuwento kaugnay ng babae ay ang nakatala sa Gawa 5: 1-11, tungkol sa babaing nagngangalang Safira na nakipagkasundo sa kaniyang asawa na mangloko tungkol sa pera.

Sa pagbasa mo ng kuwentong ito, mapapansin mong ito ay kabaliktaran ng nangyari kay Adam at Eva. Dito, inilagay ni Satanas ang masamang balak sa puso ng lalake at sumang-ayon si Safira sa planong ito. Ang kasalanan ni Safira ay kasing bigat din ng kay Ananias sapagkat alam niya ang kasalananang ito at siya ay sumali sa plano. Sa mga isyung moral, ang isang babae ay hindi maaaring sumunod tulad ng bulag sa kaniyang asawa, at ikatuwiran na siya ay napapasakop sa kaniya.

Ganoon ding pamantayan ang inaasahan sa bawat tagasunod ni Cristo, mapalalake siya o babae.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

2. Ilista ang apat na ministryo na kinasangkutan ng mga kababaihan ayon sa nakatala sa aklat ng Mga Gawa:

(1) _____

(2) _____

(3) _____

(4) _____

3. Basahin ang mga sumusunod na mga pangungusap. Kung ito ay Tama, isulat ang T sa puwang. Kung ito ay Mali, isulat ang M sa puwang.

___ a. Ang mga babae ay hindi pinahihintulatang manghula sa unang Iglesia.

___ b. Ang mga babae ay hindi nananagot sa kanilang kasalanan kung inutusan silang magkasala ng kanilang asawa.

___ c. Hindi pinapayagan ang mga babae na manalangin upang tumanggap ng Espiritu Santo.

___ d. Walang nakatala na ang mga babae ay kasama sa mga pagtitipon ng panalanginan sa Iglesia.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Nakatala sa Mga Gawa na ang mga babae ay mga propetisa sa unang Iglesia. Ang Lumang Tipan ay nagpakita na ang mga babae ay naglingkod sa ganito ring paraan bago dumating si Cristo. Pag-aralan ang mga sumusunod na mga reperensya para sa dagdag na kaalaman sa mga propetisa sa Lumang Tipan:

Miriam:	Exodo 15:20
Deborah:	Mga Hukom 4:4
Huldah:	II Mga Hari 22:14; II Mga Cronica 34: 22
Noadiah:	Nehemias 6: 14
Babaing walang pangalan:	Isaias 8: 3

Lahat ng binanggit tungkol sa mga babae sa aklat ng Mga Gawa ay nakalista sa ibaba. Magpatuloy sa iyong pag-aaral na ginagamit ang listahang ito. Ang ilang reperensya ay hindi nagbabanggit ng tiyak na pangalan subalit binabanggit ang mga grupo ng kababaihan. May lugar na inilagay upang maisulat mo ang iyong mga komentaryo sa bawat reperensya. Ang unang dalawa ay ginawa na upang iyong sundan:

Reperensya sa Mga Gawa

Babae

Mga Komentaryo

Mga Gawa 1:14

Maria

Nanalangin kasama ng mga alagad.

2:17

Mga anak ng babae

Ay manganghuhula

2:18

5:1-11

5:14

6:1

7:21

8:3

8:12

8:27

9:2

**Reperensya sa
Mga Gawa**

Babae

Mga Komentaryo

9:36

12:12-16

13:50

16:1

16:13

16:14-40

17:4

17:12

17:34

18:2

18:18

18:26

19:27

21:5

22:9

22:4

23:16

24:24

25:13

25:23

26:30

IKA-SIYAM NA KABANATA

MGA BABAE SA MGA SULAT: MGA TINUKOY NA MINISTERYO

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, may kakayahan kang:

- Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.
- Tukuyin ang mga babaing may ministeryo na binanggit sa Mga Sulat.
- Ibigay ang buod ng mga ministeryong kinasangkutan ng mga babae.
- Magpatuloy sa pansariling pag-aaral ng Mga Sulat.

SUSING TALATA:

Ang mga nagsipangalat nga ay nagsipaglakbay, na ipinangangaral ang Salita. (Gawa 8: 4)

PAMBUNGAD

Pinag-aralan natin sa nakaraan ang posisyon ng mga babae sa unang Iglesia na natala sa aklat ng Mga Gawa. Ang isang pangkat ng mga aklat na tinatawag na Mga Sulat ay nagbibigay ng dagdag na kaalaman ng ministeryo ng mga kababaihan sa unang Iglesia. Nagbibigay din ito ng mga tiyak na tagubilin sa mga babae.

Ito at ang dalawang kasunod na kabanata ay nakatuon sa “Kababaihan sa Mga Sulat.” Ang kabanatang ito ay tumatalakay sa mga ministeryong kinasangkutan ng mga babae na binanggit sa mga aklat na ito. Ang susunod na kabanata ay tumatalakay sa pangkalahatang posisyon ng babae sa unang Iglesia na itinuro ng mga Sulat.

Ang huling kabanata ng “Mga Babae sa Mga Sulat” ay nakatuon sa mga katerya ng mga babae na ibinigay ng mga aklat na ito, (walang asawa, balo, may asawa, bata, matanda, mga ina, atbp.) at mga tanging tagubilin patungkol sa pananamit at pag-uugali ng mga babae.

ANG MGA SULAT

Ang Bagong Tipan ay binubuo ng apat na pagkakahati. Kasali rito ang mga Ebanghelyo, ang mga aklat ni Mateo, Marcos, Lucas, at Juan na tungkol sa buhay at ministeryo ni Jesucristo.

Ang Mga Gawa ay isang bahagi na naglalarawan kung paano nabuo ang unang Iglesia. May isang aklat ng hula na siyang huling aklat sa Bagong Tipan. Ito ay tinatawag na Apocalipsis.

Lahat ng natirang mga aklat ay tinatawag na Mga Sulat sapagkat ang mga ito ay isinulat sa mga tiyak na mananampalataya sa estilong liham. Ang mga ito ay bahagi ng kinasihang Salita ng Dios at tumutukoy sa lahat ng mga mananampalataya tulad ng mga sinulatan.

Narito ang listahan ng mga Sulat at ang pangalan ng may akda na sumulat ng mga ito sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo:

Roma
I Corinto
II Corinto
Galacia
Efeso
Filipos
Colosas

► Ang mga Sulat na ito ay isinulat ni Apostol Pablo

I Tesalonica
II Tesalonica
I Timoteo
II Timoteo
Tito
Filemon
Hebreo

Santiago

Santiago

I Pedro

Pedro

II Pedro

Pedro

► Ang mga aklat na ito ay ipinangalan sa mga taong sumulat nito.

I Juan

Juan

II Juan

Juan

III Juan

Juan

Judas

Judas

KABABAIHANG MAY MGA MINISTERYO SA MGA SULAT

MGA BABAE SA ROMA:

Dinala ni Febe ang dakilang kapahayagan ng doktrina ng aklat ng Roma sa mga mananampalataya sa Roma. Sa orihinal na Griego, si Febe ay tinuran na “diakonos.” Ang salitang ito ay nasulat ng 22 na beses sa Bagong Tipan. Sa 18 nito, ang mga nagsalin ay tinawag itong “ministro”, at tatlong beses na isinalin bilang “diakono.” Kay Febe, pinalitan nila ito ng alipin, baka nabigyan ng kulay ng mga nagsalin.

Sa pagpapakilala kay Febe ni Pablo sa Roma, ganito ang sabi niya:

...tanggapin ninyo siya sa Panginoon, ayon sa nararapat sa mga banal, at tulungan ninyo siya sa anomang bagay na magiging kailangan niya sa inyo: sapagkat siya nama’y naging katulong ng marami, at ng aking sarili naman. (Roma 16: 2)

Ang ilan ay nag-iisp mula sa talatang ito na si Febe ang nag-asikaso kay Pablo, pinakain siya, ipinaglaba , atbp. Subalit ang salitang “nag-adya” ay nangangahulugang katulong at ang ibig sabihin nito ay “isa na tumatayo sa harapan, isang pinunong lider.” Ang pag-aasikasong hinihingi ni Pablo ay tulad din ng hinihiling niya sa mga lalaking lider at matatanda sa I Tesalonica 5: 12-13 at I Timoteo 5: 17.

Sa Roma 16, may binanggit pang isang babae si Pablo sa Roma, si Prisca, na asawa ni Aquila. Ito rin ang babaing tinatawag na Priscilla na binanggit ni Lucas. Mas pormal ang pangalang Prisca. Pinag-aralan na natin ang babaing ito sa Ika-walong Kabanata.

Ang salitang “katulong” na ginamit ni Pablo upang siya ay ilarawan ay may kahulugang “kamanggagawa.” Binigyang diin ni Pablo na hindi lamang nagbuwis ng buhay si Prisca at Aquila subalit kasangkot din sila sa ministeryo sa mga Gentil na Iglesia.

Ang iba pang babae sa listahan ni Pablo ay si Maria, na nagtrabahong mabuti para sa mga mananampalataya; Si Narcisus, na siyang ulo ng tahanan; Tryphena at Tyrphosa, na ang mga pangalan ay nangangahulugang mahinhin at mayumi; “ang mahal na si Persis” na gumawa ring mabuti para sa Panginoon. May babaing ang pangalan ay Julia, na hindi binanggit kung ano ang ginawa, at dalawa pang babae na hindi ibinigay ang pangalan, ang ina ni Rufus at ang kapatid na babae ni Nereus. Si Junia, na binanggit sa Roma 16:7, ay pinuri ng mga apostol dahil sa kaniyang pananampalataya, at nabilanggo ring kasama ni Pablo nang dahil kay Cristo.

MGA BABAE SA IBANG MGA SULAT:

Si Chloe ay binanggit sa I Corinto 1:11. Nagpadala siya ng sulat kay Pablo tungkol sa mga masasamang nangyayari sa Iglesia sa Corinto. Sa Filemon, binanggit ni Pablo si Apphia, asawa ni Filemon. Ang mag-asawang ito ay may Iglesia sa kanilang tahanan tulad nina Lydia at Nympha.

Si Euodias at Sintique ay nabanggit sa Filipos 4:2 ay maaaring tumulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo, sapagkat inilarawan sila ni Pablo na “silang mga babaing “nagpakahirap na kasama ko sa Ebanghelyo...kasama ng ibang mga kamanggagawa.”

Nagpadala si Pablo ng pagbati mula kay “Claudia at ibang mga kapatid” sa II Timoteo 4:21 bagama’t walang sinabi tungkol sa babaing ito.

BUOD

Ang pagbabalik-aral ng mga kababaihang binanggit sa Mga Sulat ay nagpapakita na ang mga babae sa unang Iglesia ay may mga katungkulan. Nakibaka silang kasama ng mga lalake sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo.

Ang mga makadios na mga babae na gumawa bilang mga kamanggagawa, nagkaroon ng malalaking mga katungkulan, nagtatag ng mga Iglesia sa kanilang tahanan, at nakulong dahil sa kanilang pananampalataya. Nagdanas din sila ng pag-uusig tulad ng ibang mga mananampalataya, at nang sila ay mapilitang lumisan mula sa Jerusalem, ipinangaral nila ang Ebanghelyo kahit saan sila magpunta:

Ang mga nagsipangalat nga ay nagsipaglakbay, na ipinangangaral ang Salita. (Gawa 8: 4)

Ang mga babaing ito ay nagbigay ng magandang modelo na dapat sundin ng mga Kristiyanong mga kababaihan na naghahanap na kanilang dako ng paglilingkod sa mga espirituwal na bukirin ng sanglibutan.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo:

2. Tingnan ang listahan ng mga pangalan sa unang listahan. Hanapin ang pangungusap sa pangalawang listahan na naglalarawan ng pangalan na ito. Isulat ang bilang ng pangungusap sa puwang sa harap ng pangalan.

- | | |
|------------|---|
| ___ Febe | 1. Itinaya ang buhay upang iligtas si Pablo. |
| ___ Junia | 2. Dinala ang aklat ng Mga Taga Roma mula kay Pablo tungo sa Iglesia sa Roma. |
| ___ Lydia | 3. Nagpadala ng ulat tungkol sa Iglesia sa Corinto. |
| ___ Chloe | 4. Naging bilanggo rin na kasama ni Pablo. |
| ___ Prisca | 5. May Iglesia sa kaniyang tahanan. |

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAGSUSULIT

Ang mga Sulat ay nagtuturo ng mahahalagang mga konsepto na maaaring gamitin sa buhay ng mga mananampalataya dagdag pa sa tanging paksa ng kababaihan na binigyang diin sa mga kabanatang ito. Upang lalong lumago ang iyong kaalaman ng mga prinsipyong ito, at pagbalik-aralan mo ang paksa ng kababaihan sa mga Sulat, iminumungkahi namin na basahin mo ang bawat isa sa mga aklat na ito. Gumawa ka ng tsart para sa bawat aklat sa hiwalay na papel. Sa bawat tsart, ilaran mo ang:

Pangalan ng aklat: Isulat mo ang pangalan ng aklat.

Ang may akda: (Nakasulat ito sa kabanatang ito.)

Isinulat kay/sa: Sa unang bahagi ng kabanata ay nakasulat ito. Tandaan na bagama't ang aklat ay isinulat sa mga tiyak na mananampalataya sa unang Iglesia, ang bawat isa ay kinasihan ng Espiritu Santo at maaaring iangkop sa buhay ng lahat ng mananampalataya.

Sa pagbasa mo ng bawat kabanata, ilaran mo ang mga sumusunod na impormasyon sa iyong tsart:

Bilang ng kabanata: Bilang ng kabanata na pinag-aaralan mo.

Buod ng kabanata: Sabihin sa sariling salita ang pinakamahalagang mensahe ng kabanata.

Susing Talata ng kabanata: Isang reperensyang napili mo sa kabanata na nagbibigay ng buod ng mahahalagang konsepto o prinsipyo ng kabanata.

Personal na pag-aangkop: Paano mo maiaangkop ang itinuturo sa iyong personal na buhay? Ipaliwanag kung paano ito maaaring gamitin sa iyong personal ng buhay.

Ang maikling Sulat ni Judas ay pinag-aaralan bilang halimbawa ng pormang ito:

Pangalan ng aklat: Judas

May akda: Judas (talatang 1)

Isinulat kay: Sa kanila na mga tinawag ng Dios Ama, at iniingatan para kay Jesucristo. (talatang 1)

Bilang ng kabanata: Una

Buod: Nagbabala si Judas na mag-ingat sa mga manlilinlang at manatili sa tunay na pananampalataya.

Susing Talata: Ngunit kayo, mga minamahal, ay alalahanin ninyo ang mga salitang nang una'y sinabi ng mga apostol ng ating Panginoong Jesucristo. (Talatang 17)

Pag-aangkop: May mga nanlilinlang na maaari akong ilayo sa tunay na pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Dapat kong sundin ang mga tagubilin sa mga talatang 20 hanggang 21 upang hindi ako malinlang.

IKA-SAMPUNG KABANATA

MGA BABAE SA MGA SULAT: MGA POSISYON SA IGLESIA

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, may kakayahan kang:

- Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.
- Ipaliwanag ang mga talatang isinulat ni Apostol Pablo tungkol sa mga babae.
- Ibuod ang posisyon ng mga babae sa unang Iglesia bilang turo sa Mga Sulat.

SUSING TALATA:

Walang magiging Judio o Griego man, walang magiging alipin o malaya man, walang magiging lalake o babae man; sapagkat kayong lahat ay iisa kay Cristo Jesus. (Galacia 3: 28)

PAMBUNGAD

Sa nakaraang kabanata ay tinalakay ang mga kababaihan na may tiyak na ministeryo na binanggit sa mga Sulat. Ngayon ay pag-aaralan natin ang mga posisyon ng mga babae sa Iglesia na ipinakita ng mga aklat ding ito.

Ang ilan sa mga aral ni Apostol Pablo tungkol sa mga babae ay mahirap maunawaan. Kahit si Apostol Pedro ay binanggit na mahirap ipaliwanag ang lahat ng ibinahagi ni Pablo sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo:

Gayon din naman sa lahat ng kaniyang mga sulat, na doo'y sinasalita ang mga bagay na ito; na doo'y may ilang bagay na mahirap unawain, na isinisinsay ng mga di nakaaalam at ng mga walang tiyaga, na gaya rin naman ng kanilang ginagawa sa ibang mga kasulatan, sa ikapapahamak din nila. (II Pedro 3: 16)

Ipinahayag ni Pedro na may ilang mga bagay na mahirap maunawaan, subalit sila lamang na walang pinag-aralan at hindi matatag ang nagtatalo tungkol dito. Ang ganitong pagtatalo ay sa kanilang ikasisira. Sa makatuwid, ang pagtatalo tungkol sa mga bagay na ito ay hindi nakatutulong sa kanino man at nasisira sila na nagtatalo.

Iba't iba ang interpretasyon ng mga nagpapaliwanag tungkol sa turo ni Pablo patungkol sa mga babae. Tandaan na kung nagkakaiba ang pakahulugan, ang pagtatalo ay hindi dapat mangyari sa mga mananampalataya.

Kung ang talakayin sa manwal na ito ay iba sa iyong paniniwala at sa paninindigan ng iyong denominasyon, dapat mong tandaan na hindi namin nais na ito ay maging dahilan ng pagkakahati. Kung mayroon kang mga kombiksiyon tungkol sa ilang bahagi, kailangang sundin mo ang iyong konsiyensiya, tulad ng sinabi ni Pablo. Mahalaga na malamang lahat ng mga tagubilin sa mga Sulat ni Pablo, pati ang nasa ibang mga Sulat, ay ibinigay sa konteksto ng Iglesia kung saan ang mga kababaihan ay aktibong naglilingkod. Napag-aralan na natin ang kanilang pagkasangkot sa mga kabanata ng Mga Gawa at ng mga Sulat. Walang talata sa mga Sulat ang nagbabawal sa mga babae na masangkot sa aktibong ministryong Kristiyano tulad ng mga babae sa unang Iglesia.

PAGTUTURO AT PANGANGARAL

Isa sa mga mahihirap na bahagi ng mga Sulat na nakaka-apekto sa papel ng mga babae sa Iglesia ay yaong nasa I Corinto:

Sapagkat ang Dios ay hindi Dios ng kaguluhan, kundi ng kapayapaan. Gaya sa lahat ng mga Iglesia ng mga banal.

Ang mga babae ay magsitahimik sa mga Iglesia: sapagkat sila’y walang kaphintulutang mangagsalita; kundi sila’y pasakop, gaya naman ng sinasabi ng kautusan.

At kung ibig nilang maalaman ang anomang bagay, magtanong sila sa kanilang asawa sa bahay; sapagkat mahalay na ang isang babae ay magsalita sa Iglesia. (I Corinto 14: 33-35)

Ang mga talatang ito ay madalas ginagamit upang pigilin ang mga babae na magturo o mangaral sa Iglesia. Hindi ibig sabihin ni Pablo na lagi nang mananahimik ang mga babae sa Iglesia. Sa nakaraang kabanata, ibinigay niya ang detalye kung paanong dapat ay nakatakip ang ulo ng babae kung siya’y nananalangin at nanghuhula. (Lalo pang tatalakayin ito sa kabanatang ito). Bakit siya mag-aaksaya ng panahon sa pagtalakay nito kung hindi sila magsasalita sa Iglesia kahit kailan?

Sa pag-aaral mo ng Mga Gawa natutuhan mo na sa pagdating ng Espiritu Santo, sinabi ni Pedro na ito ang katuparan ng hula ni Joel. Ang hula na ito ay nagsasabing ang Espiritu Santo ay darating sa mga “anak na babae at sa mga aliping babae” at sila ay manghuhula.

Ang I Corinto 14 ang maaaring tinukoy ni Pedro na “mahirap maunawaan” sa mga sulat ni Pablo. Ang pinakamahalagang solusyon sa problema ay ang kahulugan ng salitang Griego na ang ibig sabihin ay “magsalita” sa talatang 34. Ang salitang ito ay hindi tumutukoy sa pagsasalita sa publiko, subalit ang ibig sabihin ay “nagdadaldalan, nagtatanong, nakikipagtalo.”

Basahin ang I Corinto 14 sa iyong Biblia. Mapapansin mong ang pakay ni Pablo ng pagsulat nito sa Iglesia ay ang pigilin ang kaguluhan sa Iglesia. Ang malasakit niya ay ang lahat ng bagay ay maging maayos sa oras ng pagsamba. Kaya niya sinabihan ang

mga babae na huwag magtanong o magdaldalan sa oras ng mga gawain kundi maghintay at magtanong sa kanilang mga asawa pagdating sa bahay.

Dapat ding isaalang-alang ang kultura sa pagbibigay ng ganitong tagubilin. Sa iglesia ng mga Judio, ang mga babae ay nakaupo sa isang lugar, at ang mga lalake ay sa ibang lugar. Marahil ay ang mga babae sa Corinto ay hindi lamang nagdadaldalan kundi sumisigaw ng mga tanong sa kanilang asawa sa dako ng mga lalake. May isang tao na naglilingkod sa mga Judio ang nagsabi na kahit hanggang ngayon narinig niya ang presidente ng sinagoga na bumayo sa pulpito at sinigawan ang mga babae sa kanilang seksiyon na tumahimik.

Ang tamang kaayusan ang nais ni Pablo sa talatang ito at hindi magkalaban ang talatang ito sa paglalarawan ng kung ano ang dapat mangyari sa isang gawain sa Iglesia:

Pagka kayo’y nangagkakatiyon ang bawat isa sa inyo’y may isang awit, may isang aral, may isang pahayag, may wika, may isang pagpapaliwanag...Kung nagsasalita ang sinoman ng wika, maging dalawa, o huwag higit sa tatlo... At ang dalawa o tatlo sa mga propeta ay magsipagsalita...Sapagkat kayong lahat ay makapanghuhulang isa-isa, upang ang lahat ay mangatuto, at ang lahat ay maaralan. (I Corinto 14: 26-27, 29, 31)

Ang padron na inilarawan ni Pablo sa pagsamba sa Iglesia ay tila hindi pormal na pagtitipon. Sinabi niya sa bawat isa na may awit, doktrina, wika, kapahayagan, o pagpapaliwanag na ibigay ito sa tamang paraan. “Ang bawat isa” ay kasali ang mga babae.

MANAHIMIK NANG LUBUSAN?

Isa pang bahagi ng mga Sulat ay dapat talakayin dito, sapagkat ito ay katulad ng sa Corinto:

Ang babae ay mag-aral na tumahimik na may buong pagkapasakop.

Ngunit hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon ng pamumuno sa lalake, kundi tumahimik.

Sapagkat si Adam ay siyang unang nilalang, saka si Eva.

At si Adam ay hindi nadaya, kundi ang babae ang nadaya at nahulog sa pagsalangsang. (I Timoteo 2: 11-14)

Ang salitang “tumahimik” ay hindi nangangahulugang ang mga babae ay hindi na dapat magsalita kahit kailan. Paano sila matututo nang hindi nagsasalita, hindi sila makapagtatanong o makapagtalakay ng kanilang pinag-aaralan. Ang salitang “tumahimik” na ginamit ni Pablo ay nangangahulugan ng payapa, hindi naiistorbong espiritu na nakabukas sa pagkatuto.

Ang kahulugan ng mga salitang “pagkuha ng kapangyarihan” ay nagdidikta o namumuno sa lalake, at kumikilos ayon sa sarili niyang kapamahalaan. Walang sinoman sa atin ang dapat kumilos ayon sa ating sariling kapamahalaan. Tulad ng matututuhan mo pag ating pinag-usapan ang pagpapasakop, dapat tayong lahat ay magpasakop sa isa’t isa, lalake at babae. Subalit sa bahaging ito, nagbabala si Pablo na ang mga babae, lalo na, ay hindi dapat magkaroon ng damdamin ng pamumuno sa ibabaw ng lalake.

MAS MAKASALANAN BA ANG BABAE?

Sa bahaging ito hindi hinahatulan ni Pablo ang mga babae sa kanilang pagkahulog sa kasalanan o ipinahihiwatig na sila ang mas makasalanan kay sa lalake. Sinasabi lamang niya na nang sinunod ni Eva ang kaniyang sariling kagustuhan, siya ay nalinlang. Kung ikaw ay nangungusap o kumikilos na parang isang diktador o may mataas na espiritu, binubuksan mo ang iyong sarili sa panlilinlang at kasalanan.

Hindi pinawawalang sala ni Pablo ang lalake sa kaniyang responsabilidad sa pagkahulog sa kasalanan. Nalinlang si Eva at inisip na siya ay matutulad sa isang dios. Si Adam ay hindi nalinlang subalit nagkasala na may pagkaunawa sa kaniyang ginagawa at ang mga resulta nito.

ANG LAMBONG

Isa pang bahagi ng Kasulatan na naging paksa ng mga talakayan ay tungkol sa babae at ang kaniyang lambong. Ang talatang ito ay masusumpungan sa I Corinto ikalabing-isang kabanata. Basahin ang mga talatang 3-16 bago magpatuloy sa talakayang ito.

Ang pakahulugan ng iba sa salitang “ulo” sa bahaging ito ay ang lalake ang naghahari sa ibabaw ng babae. Ang salitang Hebreo ay may pakahulugan ng “paghahari” subalit nanganganahulugan din ito ng “pasimula.” Ipinakilala ni Pablo si Jesus na pasimula o hari ng Iglesia, tulad ng lalake, unang nilalang sa wangis ng Dios, ay pasimula ng babae at siya ay nagmula sa kaniya. Sa susunod na kabanata ay pag-aaralan natin ang “pangunguna” at pagpapasakop sa pag-aaral natin ng mga tagubilin sa mga asawang babae sa mga Sulat. Ang malasakit natin dito sa bahaging ito ay kung paano dapat manalangin at manghula ang mga babae.

Iniiisp ng ilan na ang ibig sabihin nito ay huwag magpapagupit ng buhok ang mga babae sapagkat ito ang kanilang lambong. Ang iba naman ay nag-aakalang ang mga babae ay dapat magsuot ng sombrero sa pagdalo sa Iglesia upang takpan ang kaniyang ulo. Ang mahalagang dapat tandaan sa pagkaunawa ng bahaging ito ay ang huling kapahayagan ni Pablo sa talatang 16:

...Datapuwat kung tila mapagtunggali ang sinoman, walang gayong ugali kami, ni ang Iglesia man ng Dios. (I Corinto 11:16)

Ang sabi niya ay hindi dapat magkaroon ng anomang pagtatalo patungkol sa paksang ito. Sa talatang 18 binanggit niya ang kaniyang pagkabahala sa pagkakabaha-bahagi sa Iglesia sa Corinto. Ang pinakamalasakit ni Pablo ay ang kaayusan at pagkakaisa sa

Iglesia. Kung ano man ang interpretasyon ng mga talatang ito ay hindi dapat maging dahilan ng pagkakahati.

Sinasabi rito na ang lalake ang unang nilalang, pagkatapos ay ang babae. Sinabi rin na ang bawat isa ay hindi kumpleto kung wala ang isa. Ang lalake at babae ay nilalang upang maging kaaliwan at pagpapala sa bawat isa, hindi ang isa ay alipin at ang isa ay hari. Kung paanong ang babae ay nilalang mula sa lalake, mula noon ay ang tao ay nilalang mula sa katawan ng babae. Kung paanong kalooban ng Dios na tanggapin ng babae ang pagpapasakop sa kaniyang asawa, ganoon din na kalooban ng Dios na hindi abusuhin ng lalaki ang kaniyang mga responsabilidad ng pangunguna.

Binanggit ni Pablo ang kahalagahan ng pagtatakip ng ulo ng babae kung nananalangin. Sa panahon ni Pablo, ang pagtatakip ng ulo ng isang babaing Judio ay tanda ng kaniyang pagpapasakop sa kaniyang asawa. Ito ay isang kaugaliang panglabas na ipinakikita ang damdaming pangloob. Sinabi rin ni Pablo na ang buhok ng babae ay simbolo ng kaniyang lambong (talatang 15). Hindi na kailangan sa lalake ang lambong sapagkat sila ang lambong ng babae, itinalaga ng Dios na pangunahan at alagaan siya.

Hindi ibig sabihin dito na ang mga babaing walang asawa ay hindi makakapanalangin o makapanghuhula sa Iglesia. Ang ibig sabihin nito ay kung ang babae ay mananalangin o maglilingkod, gawin niya ito na may pagsakop sa Dios at kung siya ay may asawa, gawin nia ito sa kaniyang asawa. Ang damdaming ito ay magbubunga ng kapangyarihan ng Dios at ng mga anghel na sumasakaniya. Walang bisa ang panalangin at panghuhula na may espiritu ng paglaban. Ang wastong relasyon sa Dios at sa iyong asawa ay kailangan sa isang makapangyarihang ministryo.

Ang ilan ay patuloy pa ring nagsusuot ng sombrero o belo sa oras ng pagsamba upang ipakita ang tamang damdamin ng puso. Ang iba naman ay sinasabing dapat sa babae ay mahaba ang buhok para sa ganito ring dahilan. Ito ay mga isyu na ayon sa iyong kaugalian o kombiksiyon at dapat igalang subalit huwag pagmulan ng pagkakahati-hati.

Ang mahalagang konsepto ng turo ni Pablo ay ito: Ang isang Kristiyanong babae ay dapat magkaroon ng wastong kaugnayan sa kaniyang asawa sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagpapasakop na may pagmamahal, at ganoon din kay Jesucristo.

BUOD

Hindi natin masasabing ang alin man sa mga paksang ito ay hadlang sa ministryo ng kababaihan sa Iglesia. Kung ang mga babae ay pinatatahimik at hindi maaaring magturo o mangaral, paano nakapagtatag ng mga Iglesia sa kanilang tahanan ang mga babaing ito sa Bagong Tipan? Bakit sila pinadalhan ni Pablo ng pagbati at mga papuri sa kaniyang mga Sulat kung sila ay mali sa pag-ako ng mga posisyon ng pangunguna sa Iglesia? Bakit niya sila binigyan ng detalyadong mga tagubilin kung paano “manghuhula” (magsasalita) sa Iglesia na may wastong lambong?

Dapat nating tingnan ang mga talatang ito ayon sa pananaw ni Pablo sa paksa ng kababaihan. Ang kaniyang huling buod ay:

Walang magiging Judio o Griego man, walang magiging alipin o malaya man, walang magiging lalake o babae man; sapagkat kayong lahat ay iisa kay Cristo Jesus. (Galacia 3: 28)

Ang lahat ng mga hadlang ng kultura ay sinira ni Jesus. Lahat ng hadlang ng mga uri ng tao ay natutunaw sa ating pagpasok sa Katawan ni Cristo bilang tunay na mga mananampalataya. Kahit alipin (bihag) o panginoon (malaya), iisa tayo kay Cristo. Lalong mahalaga sa mga babae, walang babae o lalake kay Cristo. Lahat ng ministryong bukas sa mga lalake ay bukas din sa mga babae ayon sa basbas at pahid ng Dios, at sa kakayahang ibinigay sa kanila para maglingkod.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

2. Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Kung ito ay TAMA isulat ang T sa puwang. Kung ito ay MALI, isulat ang M sa puwang sa harap nito.

- a. ____ Sinabi ni Pedro na ang mga sulat ni Pablo ay may mga bagay na mahirap maunawaan.
- b. ____ Ang mga babae ay dapat laging tumahimik sa Iglesia.
- c. ____ Ang mga babae ay hindi dapat magturo o mangaral sa Iglesia.
- d. ____ Hinulaan ni Joel na ang mga babae ay manghuhula o magsasalita sa ilalim ng pahid ng Espiritu Santo.
- e. ____ Ang salitang “tumahimik” na ginamit ni Pablo ay nangangahulugan ng payapa, sa halip na magulong espiritu.
- f. ____ Ipinakita ni Pablo na ang mga babae ang mas makasalanan kay sa mga lalake.
- g. ____ Si Adam ay nalinlang kaya siya nahulog sa kasalanan.
- h. ____ Walang lalake o babae kay Jesuscristo.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Lahat ng mga reperensya sa mga Sulat patungkol sa kababaihan o paksa tungkol sa mga babae ay nakalista sa ibaba. Gamitin mo ang listahang ito sa iyong patuloy na pag-aaral ng mga turo tungkol sa Kababaihan sa mga Sulat. Basahin ang mga reperensya at isulat ang buod sa lugar para dito.

Reperensya

Buod

Mga Taga Roma 1: 26

1:27

7:2

7:3

7:4

16:13

I Corinto 5:1

7:1

7:2

7:3

7:4

7:8

7:9

7:10

7:11

7:12

7:13

7:14

7:16

7:27

7:28

7:29

7:32

7:33

7:34

7:36

7:38

7:39

9:5

11:3

11:5

11:6

11:7

11:8

11:9

11:10

11:11

11:12

11:13

11:15

14:34

14:35

Galacia 1:15

4:4

4:22

4:23

4:26

4:30

4:31

Efeso 5:23

5:24

5:25

5:28

5:31

5:33

6:2

Filipos 4:3

Colosas 3:19

I Tesalonica 5:3

I Timoteo 1:9

2:9

2:10

2:11

2:12

2:14

3:2

3:11

3:12

4:3

4:7

5:2

5:9

5:11

5:14

5:16

II Timoteo 1:5

3:6

Tito 1:6

2:3

2:4

Hebreo 7:3

I Pedro 3:1

3:5

3:7

IKA-LABING-ISANG KABANATA

MGA BABAE SA MGA SULAT: MGA TANGING TAGUBILIN

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos mo ng kabanatang ito, may kakayahan kang:

- Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.
- Ipakita ang pagkaunawa sa mga Sulat tungkol sa:
 - Mga balo
 - Mga ina
 - Mga walang asawa
 - Matatandang babae
 - Mga batang babae
 - Mga may asawa
 - Mga nahiwalay sa asawa
- Ibuod ang turo sa Biblia tungkol sa pananamit at pag-uugali ng mga babae.

SUSING TALATA:

Na pasakop kayo sa isa't isa sa takot kay Cristo. (Efeso 5: 21)

PAMBUNGAD

Ang mga Sulat ay nagsasalita sa mga babaing walang asawa, may asawa, balo, matanda, at bata. Sa kabanatang ito ay pag-aaralan mo ang mga tagubilin na ibinigay sa kanila at ang ibang uri ng mga babae. Mapag-aaralan mo rin ang tamang pananamit at pag-uugali ng mga babae.

PAG-AASAWA

Ang mga mananampalataya sa Corinto ay nagtanong kay Pablo tungkol sa pag-aasawa at sa pananatiling walang asawa upang magtalaga ng paglilingkod sa Panginoon. Ang opinyon ni Pablo ay mas maligaya ang mga hindi nag-aasawa at mga balo kung sila'y mananatiling ganoon:

Datapuwat sinasabi ko sa mga walang asawa, at sa mga babaing bao, Mabuti sa kanila kung sila'y magsipangatiling gayon, samakatuwid baga'y gaya ko. (I Corinto 7:8)

Sinabi rin niya na:

Kaya nga ang nagpapahintulot sa kaniyang anak na dalaga na mag-asawa ay gumagawa ng mabuti; at ang hindi nagpapahintulot na siya’y mag-asawa ay lalong gumagawa ng mabuti. (I Corinto 7: 38)

Ang sabi ni Pablo sa I Corinto 7:2 ay ang pag-aasawa ay nagbibigay daan sa mga pisikal at emosyonal na pangangailangan:

Datapuwa, dahil sa mga pakikiapid, ang bawat lalake ay magkaroon ng kaniyang sariling asawa, at bawat babae ay magkaroon ng kaniyang sariling asawa. (I Corinto 7:2)

Ang sinomang walang asawa, lalake man o babae, na may matinding nais na makipagtalik ay dapat mag-asawa.

Sinabi ni Pablo ang kaniyang mga dahilan kung bakit niya ipinapayo na huwag mag-asawa ang mga tao:

...upang kayo’y makapaglingkod sa Panginoon nang walang abala. (I Corinto 7: 35)

Ang mga mananampalataya ay dapat mag-asawa ng mga Kristiyano lamang. Hindi tayo dapat makipamatok sa hindi mananampalataya sa pag-aasawa.

MGA BALO

Isang talata sa mga Sulat ang patungkol sa mga balo:

Huwag itala ng gaya ng babaing bao samantalang walang anim na pung taon, na naging asawa ng isang lalake, na may mabuting patotoo tungkol sa mabubuting gawa; kung siya’y nag-aalaga sa mga anak, kung siya’y nagpatuloy sa mga taga ibang bayan, kung siya’y naghugas ng mga paa ng mga banal, kung siya’y umabuloy sa mga napipighati, kung ginanap niya na may kasipagan ang bawat mabuting gawa. (I Timoteo 5: 9-10)

Ang balo na nais manatiling walang asawa at magukol ng panahon sa ministryo ay dapat 60 ang edad, nag-asawang minsan lang, at may magandang reputasyon sa kaniyang mga gawaing Kristiyano. Ang mga batang balo ay hindi dapat maging kabilang sa grupong ito sapagkat baka sila ay mag-asawang muli at sirain ang kanilang pangako na manatiling nag-iisa para sa paglilingkod sa Dios. Ang I Timoteo ay tinuturuan ang Iglesia na ipagkaloob ang pangangailangan ng mga balo na walang pamilya na susustento sa kanila.

MATATANDA AT MGA BATANG KABABAIHAN

Pinagpapayuhan ni Pablo ang mga batang babae na:

...Ibig ko ngang magsipag-asawa ang mga batang babaing bao, magsipag-anak, magsipamahala ng sangbahayan...(I Timoteo 5:14)

Ang mga matatandang babae ay binibigyan ng tanging tagubilin:

Na gayon din ang matatandang babae ay maging magalang sa kanilang kilos, hindi palabintangin ni paalipin man sa maraming alak, mga guro ng kabutihan;

Upang kanilang maturuan ang mga babaing may kabataan na magsiibig sa kanikaniyang asawa, magsiibig sa kanilang mga anak.

Mangagpakahinahon, mangagpakalinis, mangagpakasipag sa bahay, magagandang-loob, pasakop sa kanikaniyang asawa, upang huwag lapastanganin ang Salita ng Dios. (Tito 2: 3-5)

Ang pagtuturo sa mga batang babae ng nakatatandang mga babae ay dapat maging isang mahalagang bahagi ng programa ng Iglesia. Ang ministryong ito ay napabayaan sa mga Iglesia ngayon.

MGA ASAWANG BABAE

Ang pag-aasawa ay inordinahan ng Dios sa pasimula pa lang ng sanglibutan nang lalangin Niya si Eva para kay Adam. Ang orihinal na plano ng Dios ay isang lalake para sa isang babae habang buhay. Ang diborsiyo ay hindi bahagi ng plano ng Dios, subalit ito ay nangyari dahil sa “katigasan” ng puso ng tao. Ang mga pusong pinatigas ng kasalanan ay nagbunga ng pakikiapid, pangangalunya, at paghihiwalay, na lahat ng iyan ay dahilan ng diborsiyo.

Ang pakikiapid ay kahit anong uri ng imoralidad, halimbawa, pakikipagtalik sa magkaparehong kasarian at pakikipagtalik sa kamag-anak. Ang pangangalunya ay pakikipagtalik sa hindi mo asawa. Ganito ang paliwanag ni Pablo:

Sapagkat ang babae na may asawa ay itinali ng kautusan sa asawa samantalang ito ay nabubuhay; datapuwat kung ang asawa’y mamatay, ay kalag na sa kautusan ng asawa.

Kaya nga kung, samantalang nabubuhay ang asawa, siya’y makikisama sa ibang lalake, siya’y tatawaging mangangalunya: datapuwat kung mamatay ang asawa, ay laya na siya sa kautusan, ano pa’t siya’y hindi na mangangalunya, bagaman siya’y makisama sa ibang lalake. (Roma 7:2-3)

Bagama't ang mga talatang ito ay patungkol sa pag-aasawa, ito rin ay isang sagisag. Ginamit ni Pablo ito bilang halimbawa kung paano tayo dapat mamatay sa kautusan at sa mga parusa nito upang tayo ay maging asawa ni Cristo.

Kahit na gaano kalaking kasalanan ang nagawa natin, kung tayo'y lumapit kay Jesus, ang mga parusang ipinataw ng kautusan sa Lumang Tipan ay inalis na. Hindi na tayo nasa ilalim, o nakasal, sa batas. Ang hawak nito sa atin ay pinutol na. Mayroon na tayong bagong relasyon kay Jesucristo. Kahit kayo ay diborsiyado hindi dahil sa mga dahilan sa Biblia, ito ay hindi kasalananang hindi mapatatawad. Mapapatawad ito ng Dios tulad ng ibang uri ng kasalanan.

Ang pag-aasawa ay kagalang-galang, subalit ang pakikipagtalik sa hindi mo asawa ay mali.

Maging marangal nawa sa lahat ang pag-aasawa, at huwag nawang magkadungis ang higaan: sapagkat ang mga mapakiapid at ang mga mapangalunya ay pawang hahatulan ng Dios. (Hebreo 13: 4)

Itinala ng Tesalonica:

Sapagkat ito ang kalooban ng Dios, samakatuwid baga'y ang inyong pagpapakabanal, na kayo'y magsiilag sa pakikiapid. (I Tesalonica 4:3)

May mga pangkalahatang tagubilin sa mga Sulat patungkol sa mga asawang babae ng mga diakono sa Iglesia:

Gayong din naman ang mga babae dapat ay mahuhusay, hindi palabintangin, mapagpigil, tapat sa lahat ng mga bagay. (I Timoteo 3:11)

Si Pedro ay may isinulat na magandang pangako sa mga babaing may asawang hindi sumasampalataya:

Gayon din naman, kayong mga asawang babae, pasakop kayo sa inyong sarisariling asawa; upang, kung ang ilan ay hindi tumalima sa salita, ay mangahikayat ng walang salita, sa pamamagitan ng ugali ng kanikaniyang asawang babae;

Sa pagkamasid nila ng inyong ugaling mahinhin na may takot. (I Pedro 3: 1-2)

Sa pamamagitan ng pagpapasakop na may pagmamahal, ang babaing may asawang hindi sumasampalataya ay, walang salitang mailalapit siya sa Dios. Makikita ng asawang lalake ang banal na ugali ng kaniyang asawa at ang kaniyang takot sa Dios. Mapapansin niya ang pagkakaiba na ginagawa ni Cristo sa buhay niya at sa pamamagitan ng kaniyang halimbawa ay madadala siya sa Tagapagligtas.

Ang sabi ni Pablo, kung ang lalake na hindi nananampalataya ay nais makisama sa kaniyang asawa, dapat ang babae ay manatiling kasama niya:

At ang babaing may asawang hindi sumasampalataya, at kalooban niyang makipamahay sa kaniya, ay huwag niyang hiwalayan ang kaniyang asawa.

Gayon ma'y kung humiwalay ang hindi sumasampalataya, ay bayaan siyang humiwalay: ang kapatid na lalake o kapatid na babae ay hindi natatali sa mga ganitong bagay: kundi sa kapayapaan kayo tinawag ng Dios. (I Corinto 7: 13 at 15)

Ito ang dahilan na ibinigay ni Pablo kung bakit ang babae ay dapat manatiling kasama ng asawang hindi sumasampalataya:

Sapagkat paanong malalaman mo, Oh babae, kung maililigtas mo ang iyong asawa? (I Corinto 7: 16)

Sa nagbibigay ng payo, madalas naitatanong kung dapat pang makisama ang babae sa lalake kung siya at ang mga bata ay sinasaktang pisikal. Kung ang pang-aabuso sa mga bata ay pakikipagtalik, ito ay pakikiapid at siya ay may dahilan para humiwalay. Subalit paano naman kung ito ay binubugbog?

Sinasabi ng Biblia na ang ating katawan ay “templo ng Espiritu Santo.” Ito ay Dios ang may-ari, at sinoman ang sumira ng templong ito, ay sisirain ng Dios. Kung ang babae ay manatiling kapisan ng asawa na sinasaktan siya at ang kaniyang mga anak, pinababayaan niya ang lalaking ito na sirain ng Dios. Dapat niyang alisin ang kaniyang sarili at ang kaniyang mga anak mula sa kaniyang presensiya hanggang hindi siya napagpapayuhan at nagbabago.

Gumamit na tayo ng maraming sitas mula sa I Corinto 7 hanggang sa puntong ito sa kabanatang ito. Huminto ka muna at basahin ang buong kabanata ng I Corinto na tumatalakay sa paksa ng hindi pag-aasawa at pag-aasawa.

PAGPAPASAKOP

Maraming iba pang mga bahagi ng mga Sulat na tumutukoy sa relasyon ng mag-asawa:

Mga babae, pasakop kayo sa inyo-inyong asawa, gaya ng nararapat sa Panginoon.

Mga lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, at huwag kayong maging mapait sa kanila. (Colosas 3: 18-19)

Mga babae, pasakop kayo sa inyo-inyong sariling asawa, na gaya ng sa Panginoon.

Sapagkat ang lalake ay pangulo ng kaniyang asawa, gaya naman ni Cristo na pangulo ng Iglesia, na Siya rin ang Tagapagligtas ng katawan.

Datapuwa't kung paanong ang Iglesia ay nasasakop ni Cristo, ay gayon din naman ang mga babae ay pasakop sa kani-kaniyang asawa sa lahat ng mga bagay.

Mga lalake, ibigin ninyo ang inyo-inyong asawa, gaya naman ni Cristo na umibig sa Iglesia, at ibinigay ang Kaniyang sarili dahil sa kaniya.

Upang Kaniyang pakabanalin ito, na nilinis sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may salita,

Upang ang Iglesia ay maiharap sa Kaniyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anomang gayong bagay; kundi ito'y nararapat maging banal at walang kapintasan.

Gayon din naman nararapat ibigin ng mga lalake ang kani-kaniyang sariling asawa, na gaya ng kanilang sariling mga katawan. Ang umiibig sa kaniyang sariling asawa ay umiibig sa kaniyang sarili:

Sapagkat walang sinomang napoot kailan man sa kaniyang sariling katawan; kundi kinakandili at minamahal, gaya naman ni Cristo sa Iglesia;

Sapagkat tayo ay mga sangkap ng Kaniyang katawan.

Dahil dito'y iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ina, at makikisama sa kaniyang asawa; at ang dalawa ay magiging isang laman

Ang hiwagang ito ay dakila: datapuwa't sinasalita ko ang tungkol kay Cristo at tungkol sa Iglesia.

Gayon man ay umibig naman ang bawat isa sa inyo sa kani-kaniyang sariling asawa gaya ng sa kaniyang sarili; at ang babae ay gumalang sa kaniyang asawa. (Efeso 5: 22-33)

Kung minsan ay ginagamit ito upang pilitin ang mga babae na magpasakop. Ang mga asawang lalake ay maaaring subukin na gamitin ito upang utusan ang kanilang asawa na gumawa ng masama. Maaari din silang "maghari-harian" at asahan na ang babae ay maging parang alipin.

Ang tunay na konsepto ng pagpapasakop na inilalarawan dito ay sagisag ng relasyon ni Cristo at ng Iglesia, na itinuturing Niyang kasintahang babae. Binanggit ni Pablo ang ganitong relasyon sa talatang 32. Hindi hihilingin ni Jesus na ikaw ay pagawin ng ano mang bagay na imoral, gayon din ang asawang lalake.

Sa Mga Gawa, natutuhan mo kung ano ang nangyari kay Safira nang siya ay nakipagkasundo sa kaniyang asawa na maging bahagi ng isang masamang balak. Sa mga bagay na moral na laban sa utos ng Dios, hindi dapat magpasakop ang babae. Siya ay responsable sa Dios at mananagot sa sarili niyang kasalanan.

Pinalawig pa ni Pablo ang paksang ito sa Colosas:

Mga babae, pasakop kayo sa inyo-inyong asawa, gaya ng nararapat sa Panginoon. (Colosas 3: 18)

Ang pagpapasakop ay ayon sa kagustuhan ng Panginoon. Ang pagpapasakop upang gumawa ng masama ay hindi “nararapat sa Panginoon,” at hindi tama.

Maraming mga mahahalagang bagay tungkol sa kaugnayan ng mag-asawa na kahalintulad ng relasyon ni Cristo at ng Iglesia. Ang Iglesia ay nasa ilalim ni Cristo, hindi sapilitan, kundi may kusa. Hindi dapat pilitin ng lalake na magpasakop ang babae sa kaniya. Siya ay may kusang magpapasakop sa lalake dahil sa pagibig na tulad ni Cristo na ipinakita ng asawang lalake sa kaniya.

Tinagubilin din sa mga lalake na ibigin ang kanilang mga asawang babae kung paanong inibig ni Cristo ang Iglesia. Kung mamahalin ng lalake ang kaniyang asawa na may sakripisyo tulad ng pagmamahal ni Cristo sa Iglesia, nanaisin ng babae na magpasakop at paligayahin siya sa lahat ng bagay tulad ng isang mananampalataya na nais masiyahan si Jesus.

Tandaan: Sakdal ang pagmamahal ni Jesus sa Iglesia bagaman hindi sakdal ang pagpapasakop ng Iglesia sa Kaniya. Ang lalake ay dapat magpakita ng lubos na pagmamahal sa kaniyang asawa bagaman hindi lubos ang pagpapasakop ng babae sa kaniya. Ang asawang babae na tunay na mananampalataya, na minamahal ng asawa sa ganitong paraan, ay magsusumikap na masiyahan at magpasakop sa kaniyang pangunguna, kung paano siyang nagpapasakop kay Cristo.

Mahalagang maunawaan na ang bahaging ito ay hindi tumutukoy sa pag-aasawa sa isang walang Dios na lalake. Ito ay pag-aasawa ng dalawang mananampalatayang puspos ng Espiritu na may natural na kaugnayan tulad ng espirituwal na kaugnayan ni Cristo at ng Iglesia. Ang sinasabi ni Pablo rito ay, kung ikaw ay ikinasal sa isang Kristiyanong lalake na may ganitong uri ng pagibig sa iyo, dapat kang maging masunurin at pasakop sa kaniya.

Ang asawang lalake ay dapat pahalagahan at palaguin ang kaniyang asawa sapagkat sila’y iisang laman at kapwa kabilang sa katawan ni Cristo. Ang asawang babae ang dapat pinakamahalagang tao sa buhay ng lalake. Iiwanan niya ang ama, ina, at lahat ng iba pa upang makisama sa kaniyang asawa bilang isa. Dapat niyang mahal in ang kaniyang asawa tulad ng pagmamahal niya sa kaniyang sarili. Dahil dito nagiging kasiyahan ng babae na magpasakop sa kaniya. Madali siyang magpasakop sa lalake , kung paano siya nagpapasakop sa Panginoon.

Pansinin ang talatang sinundan ng talatang ating pinag-babalik-aralan:

Na pasakop kayo sa isa't isa sa takot kay Cristo. (Efeso 5:21)

Ang mga mananampalataya, lalake at babae, asawang lalake o babae, ay dapat magpasakop sa isa't isa, ninanasang bigyan kasiyahan ang bawat isa sa Panginoon.

Ganito ang komentaryo ni Pedro patungkol sa mga kababaihan sa Lumang Tipan at ang paksa ng pagpapasakop:

Sapagkat nang unang panahon, ay ganito naman nagsigayak ang mga babaing banal na nagsiasa sa Dios, na pasakop sa kani-kanilang asawa; Na gaya ni Sara na tumalima kay Abraham, kaniyang tinawag na panginoon... (I Pedro 3: 5-6a)

Kahit na nagsalita si Sara na may paggalang kay Abraham at sinunod ito, hindi ang ibig sabihin nito ay hindi siya malayang magpahayag ng kaniyang opiniyon. Sa isang pagkakataon, nang ipinakiusap niya kay Abraham na palayasin si Ismael at hindi pumayag si Abraham, nangusap ang Dios kay Abraham:

... sa lahat ng sabihin sa iyo ni Sara ay makinig ka sa kaniyang tinig. (Genesis 21:12)

Sinuportahan ng Dios ang mungkahi ni Sara sapagkat nakita ng Dios na si Abraham ay nakakapit pa rin kay Ismael. Ang plano ng Dios ay si Isaac ang maging tagapagmana at anak ng pangako sa pagitan Niya at ni Abraham.

MGA INA

Maraming mga talata sa mga Sulat ang patungkol sa mga ina. Ipinakikita rito na katungkulan ng isang ina na:

ALAGAAN AT MAHALIN ANG MGA ANAK:

Sa Tesalonica, nagbigay si Pablo ng isang malinaw na larawan ng isang Kristiyanong ina nang sabihin niyang:

Kundi kami ay nagpapakalumay sa gitna ninyo, na gaya ng isang sisiw pagka inaamoamo ang kaniyang sariling mga anak:

Gayon din kami, palibhasa'y may magiliw na pagibig sa inyo, ay kinalugdan naming kayo'y bahaginan, hindi lamang ng Evangelio ng Dios, kundi naman ng aming sariling mga kaluluwa, sapagkat kayo'y lalong naging mahal sa amin. (I Tesalonica 2: 7-8)

Itinulad ni Pablo ang kaniyang ministeryo sa isang makadios na ina, pinakakain, pinahahalagahan, may pagmamahal na ipinagkakaloob sa anak ang mga pangangailangan nito.

ASIKASUHIN ANG TAHANAN:

Sabi ng Pablo ay ang mga babae’y dapat maging patnubay at tagapag-ayos ng tahanan:

Mangagpakahinahon, mangagpakalinis, mangagpakasipag sa bahay, magagandang-loob, pasakop sa kanikaniyang asawa, upang huwag lapastanganin ang Salita ng Dios. (Tito 2: 5)

Ibig ko ngang magsipag-asawa ang mga batang babaing bao, magsipanganak, magsipamahala ng sangbahayan, huwag magbigay sa kaaway ng anomang pagkadahilanan ng ikalilibak. (I Timoteo 5:14)

Ang ibang mga babae ay nakilahok sa ministeryong Kristiyano at iniwan ang kanilang tahanan na hindi maayos at ang mga anak ay walang patnubay. Sa ilang pagkakataon, ang kanilang mga anak ay naging masama at ang pagsasama ng mag-asawa ay nasira.

Ang mga talatang ito ay nagsasabing ang babae ang nananagot sa kaayusan ng tahanan at ng pagpapatakbo ng pamilya, kasama na rito ang mga anak. Kung hindi mo ito gagawin, nagkakaroon si Satanas ng puwang upang makagawa. Ito rin ang nagpapawalang bisa ng Salita ng Dios, sa halip na makapagdala ng karangalan dito.

Hindi ang ibig sabihin nito ay hindi na sasangkot ang mga Kristiyanong babae sa ministeryo. Tulad ng natutuhan mo sa Mga Gawa at mga Sulat, ang mga babaing may asawa ay may epektibong ministeryo sa unang Iglesia. Subalit ang makisangkot sa ministeryo at pagbayaan ang tahanan ay hindi naaayon sa kalooban ng Dios.

ITURO SA MGA ANAK ANG PANANAMPALATAYA:

Ipinaalala ni Pablo kay Timoteo na “mula pa sa pagkabata ay nalalaman mo na ang Kasulatan” (II Timoteo 3:15). Pinuri niya ang kaniyang ina at lola sa kanilang pananampalataya (II Timoteo 1:5). Ang Kristiyanong ina ay dapat ituro ang Salita ng Dios sa kaniyang mga anak. Mula pa sa pagkabata, dapat nang ituro ang kaalaman tungkol sa Dios at ang Kaniyang plano para sa kanilang buhay. Dapat isali sa kaniyang pagtuturo ang disiplina sa mga batas ng Dios at lipunan, at pagpapahalaga at paggalang sa magulang at sa iba.

MGA BABAE AT PANGANGANAK

Isang tanging talata sa Timoteo ay patungkol sa mga babae at sa panganganak:

Sapagkat si Adam ay siyang unang nilalang, saka si Eva.

At si Adam ay hindi nadaya, kundi ang babae nang madaya ay nahulog sa pagsalangsang;

Ngunit iniligtas siya sa pamamagitan ng panganganak, kung sila’y magsisipamalagi sa pananampalataya at pagibig at sa pagpapakabanal na may hinahon. (I Timoteo 2: 13-15)

Natalakay na natin ang mga talata patungkol sa mga babae na pinatatahimik sa Iglesia. Ang ibang mga tanong sa bahaging ito ay nakatuon sa kung ano ang ibig sabihin ng kaligtasan sa pamamagitan ng panganganak.

Kahit na dumating ang kasalanan sa pamamagitan ng babae, binalak ng Dios na ang Manunubos ay dumating sa pamamagitan ng isang babae, si Jesucristo. Sa pamamagitan ng panganganak, dumating ang kaligtasan. Ang buong mundo (kasali ang babae na unang nagkasala) ay maliligtas sa pamamagitan ng panganganak na ito.

Binigyang diin ni Pablo ang papel ng babae sa pagdadala ng Manunubos sa sanglibutan:

Datapuwat nang dumating ang kapanahunan, ay sinugo ng Dios ang Kaniyang Anak, na ipinanganak ng isang babae, na ipinanganak sa ilalim ng kautusan, upang matubos Niya ang nangasa ilalim ng kautusan, upang matanggap natin ang pagkukupkop sa mga anak. (Galacia 4: 4-5)

Nang dumating ang tamang panahon, ginamit ng Dios ang babae upang isilang ang Manunubos na naging daan upang ang sangkatauhan ay mabalik sa tamang relasyon sa Dios. Ito ang ibig sabihin ng ang babae ay maliligtas sa pamamagitan ng panganganak.

Hindi ibig sabihin na ang pagkakaroon ng mga anak ang magliligtas sa babae. Ang karanasan lamang ng kapanganakang-muli at kapatawaran sa kasalanan ang makagagawa noon. Hindi rin ibig sabihin na ang mga babaing hindi nagka-anak ay hindi maliligtas.

IBA’T IBANG URI NG MGA BABAE

May mga reperensya sa mga Sulat ng iba’t ibang uri ng mga babae. Binanggit ni Pablo ang mga babaing haling:

Sapagkat sa mga ito ang nanganggagapang sa mga bahay, at binibihag ang babaing haling na lipos ng mga kasalanan, hinihila ng mga iba’t ibang pita. (II Timoteo 3:6)

Sinasabi rito ang babala patungkol sa anyo ng kabanalan subalit walang kapangyarihan. Inaangkin nilang sila ay mananampalataya, subalit hindi namumuhay ng banal upang patotohanan ang kanilang inaangkin. Pinupuntirya ang mga babaing haling at dinadala sila sa pagkakasala.

Ang isa pang kategorya ng mga babae sa mga Sulat ay ang mga babae ng pananampalataya na binabanggit sa Hebreo 11. Kasali rito ang tinanggap ang kanilang mga patay na binuhay (talatang 35); ang asawa ni Abraham na si Sara (11); at si Rahab na nagligtas sa mga espiya nang sila ay pumasok sa lupaing ipinangako ng Dios sa kanila (31). Ang mga babaing ito ay pinuri dahil sa kanilang paniniwala sa Dios.

Binanggit din ni Pablo ang mga babaing nagdurusa sa panganganak sa paglalarawan ng hatol ng Dios na darating sa mundo sa mga huling araw:

Pagka sinasabi ng mga tao, kapayapaan at katiwasayan, kung magkagayo’y darating sa kanila ang biglang pagkawasak, na gaya ng pagdaramdam, sa panganganak ng babaing nagdadalang-tao; at sila’y hindi mangakatatanan sa anomang paraan. (I Tesalonica 5: 3)

Kung paanong ang paghihirap ng babae ay hindi maiiwasan sa panganganak, gayon din ang kahatulan ng Dios sa makasalanang sanglibutan ay hindi maiiwasan.

PANANAMIT AT PAG-UUGALI

Ang huling paksa sa mga Sulat na kaugnay ng mga babae ay mga puna patungkol sa kaniyang pananamit at disposisyon (pag-uugali at damdamin). Sabi ni Pablo:

Gayon din naman, na ang mga babae ay magsigayak ng mahinhing damit na may katimtiman at hinahon; hindi ng mahalagang hiyas ng buhok, at ginto, o perlas, o damit na mahalaga;

Kundi (siyang nararapat sa mga babae na magpakabanal) sa pamamagitan ng mabubuting gawa. (I Timoteo 2: 9-10)

Ang mga babae sa panahon ni Pablo ay nag-aayos ng maaarteng ayos ng buhok. Ang iba ay nilalagyan ang tirintas ng gintong sinulid at mga alahas. Hindi hinahatulan ni Pablo ang kanilang anyo, subalit sinabi niya na ang mga babae ay dapat may wastong pagpapahalaga. Ang kanilang pahalagahan ay ang mabubuting gawa sa halip na pananamit, buhok, at estilo. Si Pedro man ay nagbigay rin ng puna tungkol sa pananamit ng mga babae at ng kanilang pag-uugali:

Na huwag sa labas ang kanilang paggayak na gaya ng pagpapahiyas ng buhok, at pagsusuot ng mga hiyas na ginto, o pagbibihis ng maringal na damit;

Kundi ang pagkataong natatago sa puso na may damit na walang kasiraan ng espiritung maamo at payapa, na may malaking halaga sa paningin ng Dios. (I Pedro 3 : 3-4)

Ang mga talatang ito ang naglilinaw sa mga sinabi ni Pablo. Hindi sinasabi ni Pedro na ang pagtitirintas ng buhok o pagsusuot ng ginto ay mali tulad ng hindi naman masama na

magdamit, na binanggit din sa bahaging ito. Binibigyan niya ng diin na ang Dios ay mas interesado sa pagpapaganda ng kalooban ng puso. Dapat bigyang halaga ng mga babae ang espirituwal na paglago kay sa panlabas na anyo.

Pareho si Pedro at si Pablo ng sinasabi tungkol sa pagbibigay ng pagpapahalaga hindi mga batas na kung ano ang dapat isuot ng mga babae. Ang mahahalagang konsepto ng anyo na itinuturo nila Pablo at Pedro ay:

1. Ang babae ay dapat manamit ng may kahinhinan.
2. Dapat niyang bigyang diin ang paglagong espirituwal (ang natatagong pagkatao sa puso) kay sa panlabas na palamuti (panlabas na anyo).

Dapat ding bigyan ng konsiderasyon ang mga pangkalahatang prinsipyo na itinuturo ni Pablo tungkol sa mga “gawing kuwestionable.”

Bagama't sinabi ng Dios na ang karne ay maaaring kainin na may pagpapasalamat sa Dios (Roma 14), ang ilang mga Judio na mahigpit ang kapit sa tradisyon ay nasaling nang ang ilang mananampalataya ay kumain ng karne. Sila ay patuloy pa ring sumusunod sa mga batas ng pagkain sa Lumang Tipan.

Ang sinabi ni Pablo ay hindi siya kumain ng karne nang kasama niya ang mga mananampalatayang ito, upang hindi sila masaktan at baka hindi tanggapin ang kaniyang ministryo. Ang mga babae ay ganito rin ang dapat maging damdamin tungkol sa kanilang panlabas na anyo at pag-uugali.

Sa parehong bahagi ng Kasulatan, sinasabi na ang mga babae ay dapat maging mababang loob. Ang iba ay ginamit ang mga talatang ito upang ilagay sa kanilang lugar ang mga babae. Subalit sinabi ni Jesus nang kausap niya ang Kaniyang mga lalaking alagad, “Mapapalad ang mga mapagpakumbaba.” Hindi natin masasabi kung anong uri ng kababaang-loob ang hinihiling sa mga babaeng Kristiyano. Dapat ding magpakita ng kababaan ang mga lalake.

Binigyang buod ng Kawikaan ang paksa ng pananamit at pag-uugali ng mga babae nang sabihin nito na:

Ang lingap ay magdaraya, at ang kagandahan ay walang kabuluhan: ngunit ang babae na natatakot sa Panginoon, ay siya'y pupurihin. (Kawikaan 31:30)

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

2. Anong espirituwal na bentahe ng pagiging walang asawa ang binanggit ni Pablo sa I Corinto 7: 35?

3. Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Kung ang pangungusap ay TAMA, isulat ang letrang T sa puwang sa harap nito. Kung ang pangungusap ay MALI, isulat ang M sa puwang sa harap nito.

- a. ___ Naniniwala si Pablo na masama ang mag-asawa.
- b. ___ Ang mga babaing bao na namanatang manatiling nag-iisa para sa paglilingkod sa Dios ay dapat lampas ng anim na pung edad.
- c. ___ Kung ang asawang lalake na hindi mananampalataya ay nais manatiling kasama ng kaniyang asawa, hindi niya ito dapat payagan.
- d. ___ Ang mga nakatatandang babaeng Kristiyano ay dapat turuan ang mga batang babae.
- e. ___ Ang pagpapasakop sa pagitan ng mag-asawa ay isang sagisag ng kaugnayan ni Cristo at ng Iglesia.
- f. ___ Ang mga asawang babae ay dapat laging magpapasakop sa lalake, kahit na ang ipinagagawa sa kaniya ay masama.
- g. ___ Ang mga lalake at ang mga babae ay dapat magpasakop sa isa't isa.
- h. ___ Dapat magkaroon ng anak ang isang babae bago siya maligtas sa pamamagitan ng panganganak.

4. Ilista ang dalawang mahalagang konsepto na itinuro ni Pedro at ni Pablo tungkol sa anyo ng babae.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito).

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ang nagtatapos ng pag-aaral ng mga kababaihan sa mga Sulat.

Sa Kabanatang Ika-Sampu lahat ng mga reperensya tungkol sa mga babae sa mga Sulat ay nakalista sa bahaging “Para Sa Dagdag Na Pag-aaral.” Kung natapos mo ang pag-aaral na ito, mayroon ka nang buod ng bawat talata tungkol sa mga babae sa mga aklat na ito.

Maaari kang mag-aral nang lalong malalim tungkol sa ibang paksa na may halaga sa iyo. Kung gayon, piliin mo ang paksa na nais mo. (Halimbawa, maaaring interesado kang pag-aralan lahat ng mga talata tungkol sa paghihiwalay o lahat ng mga talata tungkol sa mga balo).

Pagbalikan ang mga buod ng talata na isinulat mo sa Ika-Sampung kabanata sa bahaging “Dagdag Na Pag-aaral.” Pag-aralan mong lahat ng mga talata tungkol sa paksang napili mo. Ito ang paraan ng pag-aaral na tinatawag na “Pag-aaral ng Paksa” sapagkat nakatuon ito sa sinasabi ng Biblia tungkol sa isang tanging paksa.

IKA-LABINGDALAWANG KABANATA

ANG IYONG DAKO SA MINISTERYO

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, may kakayahan kang:

- Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.
- Tukuyin ang mga kaloob ng Espiritu Santo.
- Kilalanin na ikaw ay pinagkalooban ng isa o higit pang espirituwal na kaloob.
- Tuklasin ang iyong espirituwal na kaloob.

SUSING TALATA: (Pakay ng mga kaloob ng Espiritu Santo)

Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo. (Efeso 4: 12)

PAMBUNGAD

Samantalang magandang pag-aralan ang posisyon ng mga babae sa unang Iglesia, may mas mahalagang layunin kay sa pag-aaral para lang sa kaalaman. Ang layuning ito ay upang matuklasan mo ang iyong dako ng ministeryo sa katawan ni Cristo.

Ang bawat isang babae ay may tanging ministeryo sa Iglesia. Ang mga espirituwal na mga kaloob ang tumutulong sa mga babae na matupad ang ministeryong ito. Ang paksang ito ay napakahalaga na ang isang kurso tungkol dito ay inalay ng Harvestime International Institute. Samantalang hindi natin masasakop sa isang kabanata lahat ng paksa sa kurso ng “*Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo,*” ang araling ito ay tutukuyin ang mga espirituwal na kaloob, tulungan ka na kilalanin na mayroon kang isa o higit pang mga kaloob, at tulungan kang tuklasin ang iyong kaloob.

ANG ESPIRITU SANTO

Pagkatapos ng pagkabuhay na maguli ni Cristo at bago Siya umakyat sa Langit, nagbigay Siya ng mahalagang mga tagubilin sa Kaniyang mga alagad:

At narito, ipadadala Ko sa inyo ang pangako ng Aking Ama, datapuwat magsipanatili kayo sa bayan, hanggang sa kayo’y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas. (Lucas 24: 49)

Ang pangakong tinutukoy ni Jesus ay ang Espiritu Santo. Binanggit na ito ni Jesus sa Kaniyang mga alagad noon pa:

At Ako’y dadalangin sa Ama, at kayo’y bibigyan Niya ng ibang mang-aaliw, upang Siyang suma inyo magpakailan man;

Samakatuwid baga’y ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagkat hindi nito Siya nakikita, ni nakikilala man Siya; Siya’y nakikilala ninyo; sapagkat Siya’y tumatahan sa inyo, at sasa inyo.

Hindi Ko kayo iiwang mag-isa. (Juan 14: 16-18)

Ang Espiritu Santo ay isang Mang-aaliw, nagbibigay ng direksiyon, at isang guro. Ang Espiritu Santo ay may maraming gawain, ang pinakamahalaga ay upang bigyan sila ng kapangyarihan na ikalat ang Ebanghelyo:

Datapuwat tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pag dating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo’y magiging mga saksi Ko ...hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa. (Gawa 1: 8)

Naghintay ang mga mananampalataya sa Jerusalem para sa Espiritu Santo bilang pagsunod sa tagubilin ni Jesus. Basahin ang Gawa 2 para sa pangyayari ng unang pagdating ng Espiritu Santo.

ANG MGA KALOOB NG ESPIRITU SANTO

Nag-iwan si Jesus sa Kaniyang mga alagad ng utos upang dalhin ang mensahe ng Ebanghelyo sa dulo ng daigdig. Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang tumulong sa kanila upang magampanan ang gawaing ito. Bahagi ng “kapangyarihan” ng Espiritu Santo ay ang mga tanging kaloob na ibinigay ng Espiritu Santo sa mga mananampalataya upang sila ay kasihan sa paglilingkod sa iba.

ANO ANG MGA ESPIRITUWAL NA KALOOB?

Ang salitang “espirituwal” ay nangangahulugan na “kontrolado ng Espiritu Santo.” Ang isang kaloob ay ibinigay nang walang bayad mula sa isang tao tungo sa iba. Ang espirituwal na kaloob ay isang makalangit na kakayahan na ibinigay ng Espiritu Santo sa isang mananampalataya upang magamit sa paglilingkod sa Katawan ni Cristo.

May pagkakaiba sa kaloob ng Espiritu Santo at mga kaloob ng Espiritu Santo. Ang “kaloob” ng Espiritu Santo ay nangyari sa araw ng Pentecostes (Gawa 2) nang ang Espiritu Santo ay dumating bilang tugon sa pangako ni Jesus:

At Ako’y dadalangin sa Ama, at kayo’y bibigyan Niya ng ibang mang-aaliw... Samakatuwid baga’y ang Espiritu ng katotohanan... (Juan 14:16-17a)

Ang kaloob ng Espiritu Santo ay naibigay na bilang katugunan sa pangakong ito. Ang mga kaloob ng Espiritu Santo ay mga makalangit na kakayahan na ibinigay ng Espiritu Santo sa mga mananampalataya bilang tulong sa epektibong ministryo:

At nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, at pinatotohanan ang lahat sa pamamagitan ng mga tandang kalakip. (Marcos 16: 20)

MGA KALOOB AT MGA TALENTO

May pagkakaiba ang espirituwal na mga kaloob at mga natural na kakayahan. Ang talento ay natural na kakayahan na minana o napabuti dahil sa pagsasanay. Ang espirituwal na kaloob ay isang makalangit na kakayahan na hindi nakamtan dahil sa mana o pagsasanay. Ito ay isang tanging kaloob na ibinigay ng Espiritu Santo upang gamitin sa tiyak na paglilingkod na espirituwal.

Posible na ang isang natural na talento ay pagpalain ng Espiritu Santo matapos maging mananampalataya ang isang tao. Kung ito ay mangyari, ang talento ay nagiging kaloob at talento rin. Halimbawa, ang isang tao ay maaaring may natural na abilidad sa pangangasiwa dahil sa pagsasanay na kaniyang tinanggap. Pagkatapos ng binyag sa Espiritu Santo ang natural na abilidad na ito ay maaaring pagpalain ng Espiritu Santo at gamitin sa espirituwal na kaloob ng pangangasiwa.

Ang mga kaloob na espirituwal ay may mga espirituwal na kakayahang higit pa kay sa pinakamagaling na kakayahang natural. Bagama't dapat mong gamitin ang iyong mga natural na kakayahan para sa Panginoon, kailangan mo pa rin ng mga espirituwal na mga kaloob.

MGA PAKAY PARA SA MGA KALOOB

Ang mga pakay ng mga kaloob ng Espiritu Santo ay nakalista sa Efeso 4: 12-15:

Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo.

Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo:

Upang tayo'y huwag nang maging mga bata pa, na napapahapay dito't doon at dinadala sa magkabi-kabila ng lahat na hangin ng aral, sa pamamagitan ng mga daya ng mga tao, sa katusuhan, ayon sa mga lalang ng kamalian;

Kundi sa pagsasalita ng katotohanan na may pagibig, ay mangagsilaki sa lahat ng mga bagay sa Kaniya, na Siyang Pangulo, sa makatuwid бага'y si Cristo. (Efeso 4: 12-15)

Ayon sa mga talatang ito, ang mga pakay ng Espiritu Santo ay:

- Sa ikasasakdal ng mga banal.
- Upang palaganapin ang ministryo.
- Sa ikatitibay ng Katawan ni Cristo.

Ang mga layunin ng mga espirituwal na kaloob ay upang tayo ay:

- Magkaisa sa pananampalataya.
- Palaguin sa pagkakilala kay Cristo.
- Lalong lumago sa kasakdalan, na si Cristo ang ating modelo.
- Maging matatag, hindi nalilinlang ng mga maling doktrina.
- Lumagong espirituwal kay Cristo.

ANG PAGBIBIGAY NG MGA KALOOB

Ang bawat isang mananampalataya ay mayroon kahit isang kaloob:

Na ayon sa kaloob na tinanggap ng bawat isa, ay ipaglingkod sa inyo-inyong rin, na gaya ng mabubuting katiwala ng masaganang biyaya ng Dios. (I Pedro 4: 10)

Subalit ang kapahayagan ng Espiritu ay ibinigay sa bawat isa upang pakinabangan:

Datapuwat ang lahat ng ito ay ginagawa ng isa at ng gayon ding Espiritu, na binabahagi sa bawat isa ayon sa Kaniyang ibig. (I Corinto 12: 11)

Sapagkat ang bawat isa ay may espirituwal na kaloob, katungkulan natin na hanapin kung ano yaon at gamitin ito. Hindi ka hahatulan ayon sa dami ng iyong espirituwal na kaloob. Ikaw ay hahatulan sa iyong katapatan sa paggamit ng mga espirituwal na kaloob na ibinigay sa iyo. Ang talinghaga sa Mateo 25: 14-30 ang nagpapatunay dito:

Marami ang mga kaloob na espirituwal, subalit walang mananampalataya ang mayroon ng lahat ng mga kaloob ng Espiritu Santo:

Lahat baga'y mga apostol? Lahat baga'y mga propeta? Lahat baga'y mga guro? Lahat baga'y mga manggagawa ng mga himala?

May mga kaloob na pagpapagaling baga ang lahat? Nangagsasalita baga ang lahat ng mga wika? lahat baga ay nangagpapaliwanag? (I Corinto 12: 29-30)

Ang isang tao ay maaaring magkaroon ng higit sa isang kaloob, subalit walang nagtataglay ng lahat ng kaloob ng Espiritu. Kung nasa kaniya nang lahat ng kaloob, hindi na niya kakailanganin ang iba sa Katawan ni Cristo.

MARAMING KALOOB MULA SA ISANG PINANGGALINGAN

Sinasabi ng Biblia na marami ang mga kaloob na nagmumula sa isang nagbigay. Ang pinanggalingan ng mga espirituwal na kaloob ay ang Espiritu Santo. Ibinibigay Niya ang mga kaloob na ito upang gamitin sa buhay ng mga mananampalataya:

Ngayo’y may iba’t ibang mga kaloob, datapuwat iisang Espiritu.

At may iba’t ibang pangangasiwa, datapuwat iisang Panginoon.

At may iba’t ibang paggawa, datapuwat iisang Dios na gumagawa ng lahat ng mga bagay sa lahat.

Datapuwat sa bawat isa ay ibinigay ang paghahayag ng Espiritu, upang pakinabangan naman. (I Corinto 12: 4-7)

At yamang may mga kaloob na nagkakaibaiba ayon sa biyaya na ibinigay sa atin, kung hula ay manganghula tayo ayon sa kasukatan ng ating pananampalataya;

O kung ministeryo, ay gamitin natin ang ating sarili sa ating ministeryo; o ang nagtuturo, ay sa kaniyang pagtuturo;

O ang umaaral, ay sa kaniyang pag-aaral: ang namimigay, ay magbigay ng mga magandang-loob; ang nagpupuno, ay magsikap; ang nahahabag ay magsaya. (Roma 12: 6-8)

May isa lamang pinanggalingan ng mga kaloob na espirituwal subalit maraming iba’t ibang mga kaloob. Walang kaloob na higit na mahalaga kay sa iba. Ang iyong posisyon sa Katawan ni Cristo ay itinulad sa mga bahagi ng katawan ng tao. Tulad ng katawan, ang maliliit na bahagi tulad ng mata ay mahalaga ang ginagawa, at ang tila “maliit” na kaloob ay mahalaga sa gawaing sa Iglesia. Ang ilang mga kaloob ay nangangailangan ng mabigat na responsabilidad, subalit walang kaloob na mas mahalaga kaya sa iba.

MGA KATIWALA NG MGA KALOOB

Ikaw ay isa lamang katiwala ng mga kaloob na espirituwal. Ang katiwala ay hindi siyang nagmamay-ari ng kaniyang pinagtatrabahuhan. Ginagamit niya ang ibinigay sa kaniya ng isang tao sa kapakinabangan ng taong nagbigay nito sa kaniya. Ikaw ay isang katiwala para kay Jesucristo:

Ipalagay nga kami na sinoman na mga ministro ni Cristo, at mga katiwala ng mga hiwaga ng Dios. (I Corinto 4: 1)

Bahagi ng hiwagang ito na ipinagkatiwala sa iyo ay ang mga espirituwal ng mga kaloob. Ibinigay ito sa iyo ng Espiritu Santo upang makapaglingkod ka Kay Jesus nang mahusay:

Na ayon sa kaloob na tinanggap ng bawat isa, ay ipaglingkod sa inyo-inyo rin, na gaya ng mabubuting katiwala ng masaganang biyaya ng Dios. (I Pedro 4: 10)

Bilang katiwala, ikaw ay hahatulan ayong sa iyong katapatan upang gamitin ang mga kaloob na ibinigay sa iyo:

Bukod dito’y kinakailangan sa mga katiwala, na ang bawat isa ay maging tapat. (I Corinto 4: 2)

ANG MGA KALOOb NG ESPIRITU

Ang mga mahahalagang mga talata tungkol sa mga espirituwal na mga kaloob ay Roma 12: 1-8, I Corinto 12: 1-31, Efeso 4: 1-16, at I Pedro 4: 7-11. Tandaan na ang mga ito ay mga tanging kaloob mula sa Dios upang gamitin sa iba’t ibang paraan. Bagaman mayroon tayong mga ebidensya ng mga ito sa ating buhay hindi nangangahulugan na mayroon tayo nitong kaloob na ito. Halimbawa, lahat ng mananampalataya ay dapat magbigay sa gawain ng Panginoon ng ikapu at mga handog, subalit ang kaloob ng pagbibigay ay di pangkaraniwang pagiging mapagbigay na inilagay sa puso ng Espiritu ng Dios.

Para sa pakay ng pag-aaral, hinati natin ang mga kaloob sa apat na malalaking kategorya:

-Mga Tanging Kaloob -Mga Kaloob sa Pagsasalita

-Mga Kaloob ng Paglilingkod -Kaloob ng mga Tanda

Hindi hinati sa Biblia ng ganito ang mga kaloob. Ginawa natin ito upang madaling matandaan ang mga kaloob.

MGA TANGING KALOOb:

Ang mga tanging kaloob ang unang grupo ng mga kaloob. Ginamit natin ang salitang ito sapagkat ang bawat isa ay tumutukoy sa tanging kaloob ng pangunguna sa iglesia. Ang mga tanging kaloob ay:

Mga Apostol:

Ang apostol ay isa na binigyan ng kakayahang magtatag ng mga bagong iglesia sa iba’t ibang lugar at kultura at pangasiwaan ang mga iglesia bilang supervisor. Ang apostol ay isang “delegado, isinugo na may kapangyarihan at kapamahalaan upang mag-desisyon para sa iba.” Ang apostol ay may tanging kakayahan na ikalat ang ebanghelyo sa buong mundo sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga grupo ng mananampalataya. Ang mga modernang tawag sa apostol ng iglesia ay misyonero at “church planter.”

Mga Propeta:

May dalawang kaloob ng panghuhula. Ang una ay ang tanging kaloob ng pagiging propeta. Ang pangalawa ay ang kaloob ng pagsasalita ng hula. Sa pangkalahatan, ang hula ay tumutukoy sa pagsasalita sa ilalim ng pagkasi ng Espiritu ng Dios. Ito ay isang kakayahan na tumanggap at magpadala ng mabilis na mensahe ng Dios sa Kaniyang bayan sa pamamagitan ng makalangit na pagsasalita. Ang isang propeta ay isang lider sa iglesia at nagsasalita rin ng mga hula.

Mga Ebangelista:

Ang isang ebangelista ay may tanging kakayahang magbahagi ng Ebanghelyo sa mga hindi mananampalataya sa isang paraan na sila ay tumutugon at nagiging mga responsableng mga kaanib sa Katawan ni Cristo. Ang kahulugan ng salitang “ebangelista” ay “ang isa na nagdadala ng mabuting balita.”

Mga Pastor:

Ang mga pastor ay mga lider na nag-aalaga nang matagalan sa isang grupo ng mga mananampalataya. Siya ay nag-aalaga sa buhay espirituwal ng mga taong nasa ilalim niya, tinuturuan sila ng Salita ng Dios, at naglilingkod sa kanilang personal at espirituwal na mga pangangailangan.

Mga Guro:

Ang mga guro ay mga mananampalataya na may tanging kakayahang magbahagi ng Salita ng Dios sa mga tao kung saan natututo at nagagamit ang kanilang natutuhan. Ang tanging kaloob ng pagiging guro ay iba sa kaloob ng pagsasalita ng pagtuturo, kung paanong ang pagiging propeta ay iba kay sa kaloob ng pagsasalita ng hula. Hindi lahat ng mananampalataya ay may kaloob ng pagtuturo o ng pagsasalita ng pagtuturo, subalit lahat ng mananampalataya ay dapat magbahagi ng Ebanghelyo (Hebreo 5:12).

MGA KALOOB NG PAGSASALITA

Limang mga kaloob ang binigyan ng categoryang kaloob ng pagsasalita sapagkat ang mga ito ay patungkol sa pagsasalita ng malakas. Ang mga kaloob ng pagsasalita ay ang:

Panghuhula:

Ang taong may kaloob ng hula ay nanghuhula sa ilalim ng inspirasyon ng Dios upang sabihin ang mensahe ng Dios sa mga tao. Ang kaloob ng hula ay hindi nangangahulugan na ikaw ay may kaloob ng pagiging propeta. Nagtatakda ang Dios ng mga propeta (na may kaloob din ng panghuhula) upang maging mga lider sa iglesia. Ang mga taong may kaloob ng panghuhula ay hindi nangangahulugang may kaloob ng pagiging lider o propeta. Sila lamang ay nagsasabi ng mga mensahe ng Dios sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu Santo.

Pagtuturo:

Tulad ng mga propeta at nanghuhula, ang kaloob ng pagsasalita ng pagtuturo ay hindi nangangahulugan na ang tao ay may tanging kaloob na maging guro. Ang Dios ang nagtatakda ng mga guro (na may kaloob din ng pagtuturo) na maging mga lider sa iglesia. Ang kaloob ng pagtuturo ay ang pagbabahagi ng Salita ng Dios subalit hindi kasali dito ang mga responsabilidad ng pagiging lider sa Iglesia.

Pagpapayo:

Ang kaloob ng pagpapayo ay ang kakayahang maging malapit sa mga tao sa oras ng pangangailangan, pinagpapayuhan sila nang wasto ayon sa Salita ng Dios. Ang “magpayo” ay ang tawagin ang isang tao sa isang tabi, upang mag-rekomenda, turuan, palakasin ang loob, o bigyang kaaliwan. Ang pagpapayo ay ang kakayahang magbigay ng matalinong payong espirituwal. Ang mga taong may ganitong kaloob ay nakapaglilingkod ng mga salita ng kaaliwan, at pagpapalakas ng loob sa isang paraan na ang iba ay natutulungan. Ang modernang tawag dito ay ang kaloob ng pagpapayo.

Salita ng Karunungan:

An salita ng karunungan ay ang kakayahan na maalaman kung paanong gagamitin ang kaalaman sa isang pangangailangan. Ang taong may ganitong kaloob ay nalalaman kung paano lutasin ang isang problema.

Ang salita ng karunungan ay isang makalangit na kaalaman sa kalooban ng mga tao o situwasyon na hindi alam ng karaniwang tao. Ang makadios na karunungang ito ay kasama ng kaalaman kung ano ang mabuting gawin at paano ito gagawin. Hindi ito tinawag na “kaloob ng karunungan” sapagkat hindi nito ibinibigay ang buong karunungan ng Dios. Ito ay salita ng karunungan, isang bahagi lamang ng walang hanggang karunungan ng Dios. Hindi ito nakukuha sa pag-aaral. Ang pinagmulan nito ay ang Dios.

Salita ng Kaalaman:

Ang salita ng kaalaman ay ang kakayahang maunawaan ang mga bagay na hindi alam ng iba at hindi maunawaaan, at maibahagi ang kaalamang ito sa kanila sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu. Tulad ng salita ng karunungan, ito ay hindi tinawag na “ang kaloob ng kaalaman.” Ito ay kaloob ng “salita ng kaalaman” sapagkat ito ay isang bahagi lamang ng kaalaman ng Dios. Ang kaloob ng salita ng kaalaman ay isang kapahayagan. Ito ay kaalamang ipinahayag ng Dios, hindi nakuha sa edukasyon o pag-aaral.

MGA KALOOb NG PAGLILINGKOD:

Mayroon siyam na mga espirituwal na kaloob na tinatawag na kaloob ng paglilingkod. Ang mga kaloob na ito ay naglilingkod sa iglesia sa pamamagitan ng pagkakaloob ng

estraktura, organisasyon, at suporta sa espirituwal at praktikal na mga larangan. Ang mga kaloob ng paglilingkod ay:

Pagkakilala sa mga Espiritu:

Ang pagkilala sa mga espiritu ay kakayahan na suriin ang mga tao, mga doktrina, at mga situwasyon kung ang mga ito ay ukol sa Dios o kay Satanas. Hindi dapat ikalito ang pagkakilala sa mga espiritu at ang espiritu ng pamimintas. Ito ay espirituwal na kaloob at ang mga bagay na espirituwal ay hindi nasusuri ng natural na pagiisip.

Ang kaloob na ito ay limitado sa pagkilala ng mga espiritu, hindi basta pagkilalang pangkalahatan. Ang kaloob na ito ay kailangan sa iglesia upang makilatis ang mga tao na nais maghati sa kapulungan at may mga maling motibo, mga doktrina, at mga damdamin.

Pangunguna:

Ang espirituwal na kaloob ng pangunguna ay ang kakayahan na magtaya ng mga hantungan sa pakay ng Dios at maibahagi ang mga ito sa iba. Ang taong may ganitong kaloob ay hinihimok at pinangungunahan ang mga tao upang maabot ang mga hantungang itinakda para sa kaluwalhatian ng Dios.

Ang pangunguna ay binanggit sa Roma 12 at ang katangian para sa kaloob na ito ay isa na nangunguna na may pagtitiyaga. Ang kahulugan nito ay, siya ay nagpapakita ng palagiang pag-aalaga, at nagsisikap na maabot ang proyektong ginagawa. Siya ay masipag, marunong makinig, at matiyaga.

Pangangasiwa:

Ang kaloob ng pangangasiwa ay tinatawag na gobyerno sa Biblia. Ang taong may kaloob ng pangangasiwa ay may abilidad na magbigay direksiyon, magbuo, at gumawa ng mga desisyon sa ngalan ng iba. Ang kahulugan ng pangangasiwa ay katulad ng salitang ginagamit para sa piloto ng barko. Pareho ang salitang ginagamit sa Biblia.

Ang taong may ganitong kaloob ay responsable sa pagbibigay ng direksiyon at paggawa ng desisyon. Tulad ng piloto ng barko, maaaring hindi siya ang may ari ng barko, subalit naka-atang sa kaniyang balikat ang responsabilidad sa pagbibigay ng direksiyon sa biyahe.

Ang mga kaloob ng pangunguna at pangangasiwa ay kapwa nangangailangan ng kagalingan sa pagbuo na humahantong sa pag-abot sa mga espirituwal na tinutudla. Madalas ang isang mananampalataya ay mayroong mga kaloob ng pangunguna at pangangasiwa na gumagawang magkasama.

Kung ang isang tao ay may kaloob ng pangangasiwa subalit walang kaloob ng pangunguna, kakailanganin niya ng isa na may ganoong kaloob upang gumawang kasama niya. Ang taong may kaloob ng pangangasiwa ay may abilidad na magbigay ng

direksiyon, bumuo, at gumawa ng mga pagpapasiya, subalit kung wala siyang kaloob ng pangunguna ay wala siyang kakayahan na himukin ang mga tao na gumawang kasama nila upang abutin ang mga tinutudla.

Pananampalataya:

Ang isang taong may kaloob ng pananampalataya ay may abilidad na maniwala na may makadios na kumpiyansa at pagtitiwala sa Dios sa mga mahihirap na kalagayan. Kailangan ng espesyal na pananampalataya para sa isang espesyal na pangangailangan. Alam niyang gagawin ng Dios ang imposible. Naniniwala siya kahit ang ibang mananampalataya ay hindi.

Itinuturo ng Biblia na ang bawat tao ay may sukat ng pananampalataya na ibinigay sa kaniya ng Dios (Roma 12:3b). Itinuturo din na tayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya (Efeso 2:8). Subalit ang kaloob ng pananampalataya ay isang hindi pangkaraniwang kakayahan na maniwala sa Dios sa lahat ng larangan ng buhay. Walang imposible at walang limitasyon ang pananampalatayang ito sa magagawa ng Dios.

Pagbibigay:

Ang taong may kaloob ng pagbibigay ay may abilidad na magbigay ng mga bagay na materyal at pinansiyal sa gawain ng Panginoon. Kasama rin dito ang pagkakaloob ng panahon, lakas, at talento sa gawain ng Panginoon.

Pagtulong:

Ang taong may kaloob ng pagtulong ay may abilidad na tumulong sa iba sa gawain ng Panginoon, tinutulungan silang madagdagan ang pagiging mabisa ng kanilang mga espirituwal na kaloob. Mula sa mga janitor hanggang sa mga musikero, kahit sinong tumutulong sa pagpapalakad ng iglesia ay itinuturing na may kaloob ng pagtulong.

Paglilingkod:

Ang salitang “ministerio” sa Roma 12:7 ay nangangahulugan ng “paglilingkod.” Ang paglilingkod ay iba sa pagtulong sapagkat ginagawang malaya ang isa mula sa kaniyang mga katungkulan. Ang isang naglilingkod ay kinikuha ang responsabilidad ng iba upang siya ay makagawa ng ibang mga bagay.

Kahabagan:

Ang ibig sabihin ng kahabagan ay pagkamaawain. Ang taong may kaloob ng kahabagan ay maawain sa mga nagdurusa at may kakayahang tulungan sila.

Pagpapatuloy:

Ang kaloob ng pagpapatuloy ay isang tanging kakayahan na ibinigay ng Dios sa ilang mga miembro ng Katawan ni Cristo upang magbigay ng pagkain at tirahan sa mga nangangailangan.

KALOOB NG MGA TANDA:

May apat na kaloob na tinatawag na kaloob ng mga tanda sapagkat ang mga ito ay mga makadios na mga tanda ng kapangyarihan ng Dios na gumagawa sa mga mananampalataya upang patunayan ang Kaniyang Salita. Ang kaloob ng mga tanda ay:

Mga Himala:

Sa pamamagitan ng kaloob ng mga himala, gumagawa ang Dios ng mga makapangyarihang mga gawa na imposibleng mangyayari sa natural. Ang mga tandang ito ay tanda na ang kapangyarihan ng Dios ay mas dakila sa kapangyarihan ni Satanas, at ang Dios ang tumatanggap ng kaluwalhatian.

Pagpapagaling:

Ang mananampalatayang may kaloob ng pagpapagaling ay may kakayahang magpa-agos ng kapangyarihan ng Dios sa pamamagitan niya upang bumalik ang kalusugan ng tao bukod sa paggamit ng mga natural ng pamamaraan.

Mga Wika:

Ang kaloob ng wika ay ang kakayahang tumanggap at magbigay ng mensahe mula sa Dios para sa Kaniyang bayan sa pamamagitan ng isang wikang hindi niya pinag-aralan. Ang ibig sabihin ng mga “wika” ay mga lengguahe. Ang dahilan kung bakit ito tinawag na kaloob ng tanda ay sapagkat ayon sa Biblia ito ay ibinigay bilang isang tanda. Kung ang isa ang nagsasalita ng mga wika ito ay maaaring kilalang wika at nauunawaan ng mga nakikinig:

At nang marinig ang ugong na ito, ay nangagkatipon ang karamihan at nangamaang, sapagkat sa kanila’y narinig ng bawat isa na sinasalita ang kaniyang sariling wika.

At silang lahat ay nangagtaka at nagsipanggilalas, na nangagsasabi, Narito, hindi бага mga Galileong lahat ang mga nagsisipagsalitan ito?

At bakit nga naririnig ng bawat isa sa atin, ang ating sariling wikang kinamulatan? (Gawa 2: 6-8)

Maaari rin itong isang wikang hindi alam ng tao. Tinatawag itong nagsasalita ng hindi kilalang mga wika:

Sapagkat ang nagsasalita ng wika ay hindi sa mga tao nagsasalita, kundi sa Dios; sapagkat walang nakauunawa sa kaniya; kundi sa Espiritu ay nagsasalita ng mga hiwaga. (I Corinto 14:2)

Ang pagsasalita ng mga wika ay isang pisikal na tanda na ikaw ay nabautismuhan na sa Espiritu Santo. Subalit itong karanasan ng pagsasalita ng mga wika ay iba mula sa kaloob ng mga wika. Ang kaloob ng mga wika ay isang kakayahan na magbigay ng mga mensahe mula sa Dios sa Iglesia sa isang lengguaheng hindi alam ng nagsasalita.

Pagpapaliwanag ng mga Wika:

Ang kaloob ng pagpapaliwanag ay isang espesyal na abilidad na ipaunawa sa mga nakikinig ang mensahe na ibinigay sa ibang wika. Ang kahulugan ng mensahe sa wika ay ibinigay ng Espiritu Santo sa isa na may kaloob na ito. Hindi ito naipaliliwanag sa pamamagitan ng pagkaalam ng lengguaheng ginamit sa mensahe. Ibinigay ito bilang kapahayagan ng Espiritu Santo.

HANAPIN KUNG ANO ANG IYONG ESPIRITUWAL NA KALOOB

Kung hindi mo alam kung ano ang iyong mga espirituwal na kaloob, basahin ang kurso ng Harvestime International Institute na pinamagatang, “*Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo.*” Ituturo sa iyo sa pamamagitan ng mga hakbang na ito kung paano mo madidiskubre ang iyong kaloob.

UNANG HAKBANG: DAPAT KANG MAIPANGANAK NA MULI.

Ikaw ay dapat ipinanganak na muli upang tumanggap ng mga espirituwal na mga kaloob. Ang mga ito ay dumarating sa pamamagitan ng kapanganakang muli kung paanong ang natural na talento ay dumarating sa pamamagitan ng natural na pagkapanganak:

Mangagsisi kayo, at mangagbautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. (Gawa 2: 38)

IKALAWANG HAKBANG: TANGGAPIN MO ANG BAUTISMO NG ESPIRITU SANTO.

Ang mga tagubilin patungkol dito ay matatagpuan sa kurso ng “*Ang Ministeryo ng Espiritu Santo.*”

IKATLONG HAKBANG: ALAMIN ANG MGA ESPIRITUWAL NA MGA KALOOB.

Kung hindi mo alam kung anu-ano ang mga espirituwal na mga kaloob, hindi mo makikilala ang mga ibinigay sa iyo ng Dios. Pag-aralan ang mga katuturan na ibinigay sa

araling ito at pag-aralan pa ng lalong malalim ang kursong “*Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo.*”

IKA-APAT NA HAKBANG: PAGMASDAN ANG MGA MODELO NG MGA KALOOB.

Samantalang pinag-iisipan mo kung anong kaloob mayroon ka, mabuting masdan mo ang malago nang mga modelo ng iba’t ibang mga kaloob. Ang malagong modelo ay isang mananampalataya na ginagamit nang mabisa ang kaniyang kaloob sa mahabang panahon.

IKA-LIMANG HAKBANG: NASAING MAGKAROON NG ESPIRITUWAL NA KALOOB.

Inutos ng Biblia na nasain nating magkaroon ng espirituwal na mga kaloob:

**Datapuwa’t maningas ninyong nasain, ang lalong dakilang mga kaloob...
(I Corinto 12: 31)**

IKA-ANIM NA HAKBANG: ANG PAGPAPATONG NG MGA KAMAY.

Hilingin sa iyong espirituwal na mga lider na ikaw ay patungan ng kamay at idalangin na ipakita ng Dios ang iyong espirituwal na kaloob:

Huwag mong pabayaang ang kaloob na nasa iyo, na sa iyo’y ibinigay sa pamamagitan ng hula, na may pagpapatong ng mga kamay ng mga kapulungan ng mga presbitero. (I Timoteo 4: 14)

IKA-PITONG HAKBANG: SURIIN ANG IYONG MGA INTERES NA ESPIRITUWAL.

Sa mga larangang iyong pinaglilingkuran ng may kagalakan, madalas ay doon ka pinagkalooban ng Dios ng kaloob. Mayroon kang pasanin para sa isang ministeryo kaya epektibo kang nakapaglingkod sa Dios sa larangang yaon.

IKA-WALONG HAKBANG: PAGESUSURI NG LIDER NA KRISTIYANO.

Bayaang ang isang lider na Kristiyano ay suriin ang iyong mga kakayahang espirituwal. Gamitin mo ang “form” at mga habilin sa kursong “*Ang Ministeryo ng Espiritu Santo.*”

IKA-SIYAM NA HAKBANG: SURIIN ANG NAGDAAN MONG KRISTIYANONG PAGLILINGKOD.

Sa anong larangan ng ministeryo ka na nakapaglingkod? Sa anong larangan ka naging mabisa? Saan ka nakaranas ng malaking kagalakan? Saan ka mabisa, ayon sa iyong espirituwal na lider?

**IKA-SAMPUNG HAKBANG: SAGUTAN MO NANG BUO ANG
“QUESTIONNAIRE” TUNGKOL SA MGA KALOOB NA ESPIRITUWAL.**

Ang kursong “*Ang Ministryo ng Espiritu Santo*” ay may kasamang “questionnaire” na tutulong sa iyo na madiskubre mo ang iyong kaloob na espirituwal. Kahit hindi mo makumpleto ito upang madiskubre mo ang iyong mga kaloob, ito ay makatutulong sa iyo.

**IKA-LABINGISANG HAKBANG: TUKUYIN MO ANG MGA KALOOB NA
INIISIP MONG MAYROON KA.**

Tukuyin mo ang mga kaloob na iniisip mong mayroon ka batay sa:

1. Ang kaalaman ng mga kaloob batay sa iyong pag-aaral.
2. Kung ano ang ipinakita ng Dios sa iyo sa pamamagitan ng panalangin.
3. Kung ano ang nasuri mo sa iyong sarili.
4. Kung ano ang na-observehan ng mga lider na Kristiyano sa iyong buhay.
5. Ang pagsusuri ng bisa ng iyong ministryo kung saan ka dati naglingkod.
6. Matapos mong sagutan ang “questionnaire” ng mga espirituwal na kaloob.

**IKA-LABINGDALAWANG HAKBANG: KILALANIN ANG ESPIRITUWAL NA
MGA PANGANGAILANGAN.**

Suriin ang mga espirituwal na mga pangangailangan sa iyong mga kapit-bahay, komunidad, at sa Iglesia. Anu-anong mga pangangailangan ang hindi natatagpo?

**IKA-LABINGTATLONG HAKBANG: PUNAN MO ANG
PANGANGAILANGANG ESPIRITUWAL.**

Ihambing mo ang listahang ginawa mo sa “Ika-labingdalawang Hakbang” sa listahan ng mga kaloob na iniisip mong ibinigay sa iyo ng Dios. Tukuyin ang espirituwal na pangangailangan ayon sa iniisip mong iyong kaloob, at gumawa ka ng pangako na ikaw ang tutugon sa pangangailangang ito.

IKA-LABINGAPAT NA HAKBANG: SURIIN MO ANG IYONG MINISTERYO.

Matapos kang maglingkod sa larangang ito na ayon sa iyong kaloob, suriin mo ang iyong ministryo. Mayroon kang tamang pagkakatiwala ng iyong espirituwal na kaloob kung...

- Ikaw ay mabunga sa larangang iyong pinaglilingkuran. Ang ibig sabihin ay nakakakita ka ng mga positibong resulta ng iyong ministryo.
- Kung ikaw ay nasisiyahan sa iyong ministryo. Kung ikaw ay bigo, maaaring ikaw ay naglilingkod sa isang larangan na wala kang kaloob doon.
- Kung ang mga “feedback” mula sa espirituwal na mga lider ay nagsasabing ikaw ay epektibo.

Kung ang ministryong ginagawa mo ay hindi angkop sa iyong mga kakayahan at ikaw ay hindi epektibo, baguhin mo ang listahan mo ng espirituwal na kaloob, at hingin mo sa Dios na magpakita sa iyo ng ibang larangan ng ministryo.

Huwag kang masisiraan ng loob... Mahalaga rin na malaman ko kung anu-anong mga kaloob ang wala sa iyo, at kung alin ang mga nasa iyo na. Makaiiwas ka sa paggugol ng panahon sa walang bisang paglilingkod. Sa pamamagitan ng panalangin at ng mga praktikal na mga hakbang na ito, masusumpungan mo ang espesyal na dako sa ministryo na inihanda sa iyo ng Panginoon.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo.

2. Isulat ang tatlong pakay ng Espiritu Santo.

(1) _____

(2) _____

(3) _____

3. Maglista ng limang layunin ng mga kaloob ng Espiritu Santo.

(1) _____

(2) _____

(3) _____

(4) _____

(5) _____

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Ang sumusunod na tsart ay nagbibigay ng mga reprints upang lalong lumawak ang iyong kaalaman kung paanong ang mga babae sa Biblia ay ginamit sa mga tanging kaloob at ministryo. Hindi lamang mga babaing may espirituwal na kaloob at ministryo ang isinali sa listahang ito, kundi pati ang ginamit ng Panginoon sa iba't ibang gawain bilang mga babae sa tahanan.

<u>Reperensya</u>	<u>Babae</u>	<u>Posisyon</u>
Genesis 24:59; 35:8	Debora	Nars
Exodo 1:15-21	Siphra at Phua	Mga hilot na may takot sa Dios at iniligtas ang mga batang Hebreo
Exodo 15: 20-21	Miriam	Propetisa; pinasimulan ang unang grupo ng kababaihan
Mga Hukom 4:14	Debora	Propetisa/ lider ng bansa
I Mga Hari 10: 1-13	Reyna ng Sheba	Pangangasiwa
II Mga Hari 4:10	Babaing Sunamita	Pagpapatuloy
II Mga Hari 5	Walang pangalang babae	Panghihikayat na personal
Kawikaan 31: 10-31	Mabuting babae	Asawa, ina ng tahanan, negosyante
Mateo 9: 20-22	Walang pangalan	May kaloob ng pananampalataya
II Timoteo 1:5	Lois/ Eunice	May kaloob ng pananampalataya
Lucas 2:37-38	Anna	Propetisa-ebanghelista (ipinangaral si Jesus sa mga Judio); namagitan sa pananalangin
Lucas 8: 1-3	Joana, Susana, Maria	Kaloob ng pagtulong
Lucas 10:40	Marta	Maybahay; pagpapatuloy
Juan 4	Babaing Samaritana	Panghihikayat na personal
Gawa 1:14; 16:13	Maria, mga babaing walang pangalan	Namamagitan sa pananalangin
Gawa 9: 36-41	Lydia	Negosyante; naglingkod sa mga balo
Tito 2: 3-4	Matatandang babae	Pagtuturo
Roma 16: 1-2	Febe	Diakonesa; ministro
Roma 16: 3, 7	Prisca	Apostol (gumawang kasama ni Pablo)
Roma 16: 1-2	Maraming babae	Manggagawa sa Iglesia; nangasiwa sa mga iglesia sa tahanan
Gawa 18: 26; Filipos 4:3		

IKA-LABINGTATLONG KABANATA

MGA HAMON AT KARANGALAN

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabatang ito, may kakayahan kang:

- Maglista ng mga tanging parangal ng mga kababaihan sa Biblia.
- Kilalanin ang makapangyarihang impluwensiya ng mga babae.
- Tanggapin ang mga tanging hamon sa kababaihan.

SUSING TALATA:

Nagbibigay ng salita ang Panginoon; Ang mga babaing naghahayag ng mga balita ay malaking hukbo. (Awit 68: 11)

PAMBUNGAD

Ang mga babae ay binigyan ng mga tanging parangal sa Biblia. Matututuhan mo ito sa kabanatang ito pati nang mga tanging hamon na ibinigay ng Dios sa mga babae. Malalaman mo rin ang kapangyarihang tinataglay ng mga babae, ang mga postibo at negatibong potensiyal nito.

MGA TANGING KARANGALAN

Ang mga babae ay may espesyal na dako sa plano ng Dios at sa mga takdang panahon sa kasaysayan ng Biblia. Nakatala sa Lumang Tipan ang mga kontribusyon ng mga babaing tulad nila Miriam, Debora, Ruth, Esther, Abigail, at iba pa. May pagkakataong pag-aralan pa ito sa huling kabanata ng kursong ito.

Mahalaga ang papel ng mga kababaihan sa malalaking kaganapan sa ministeryo ni Jesus dito sa lupa at sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo. Interesado tayo rito sapagkat ipinakikita ang plano ng Dios na isali ang mga babae bilang mga ministro ng mensahe ng Ebanghelyo:

INA NG MESIAS:

Sa pamamagitan ng isang babae, si Eva, ay pumasok ang kasalanan sa sanglibutan. Subalit sa pamamagitan din ng isang babae, si Maria, ay dumating ang katubusan sa sanglibutan:

At siya'y manganganak ng isang lalake; at ang pangalang itatawag mo sa Kaniya'y Jesus; sapagkat ililigtas Niya ang Kaniyang bayan sa kanilang mga kasalanan. (Mateo 1: 21)

UNANG NANGARAL NG MENSAHE NG KATUBUSAN:

Nang si Jesus ay isang sanggol pa, inialay Siya ng Kaniyang mga magulang sa Panginoon sa templo upang mabasbasan. Ito ang kaugalian ng mga Judio. Sa pagdala nila kay Jesus sa ministro sa templo, nakilala niya na ito ang Mesias na magliligtas sa sanglibutan mula sa kasalanan. Nagpuri si Simeon sa sa Dios:

Sapagkat nakita ng aking mga mata ang iyong pagliligtas, na iyong inihanda sa unahan ng mukha ng lahat ng mga tao;

Isang ilaw upang ipahayag sa mga Gentil, at ang kaluwalhatian ng iyong bayang Israel. (Lucas 2: 30-32)

Isang babaing nagngangalang Anna ang nakakita ng pangyayaring ito. Ayon sa Biblia, siya ay isang propetisa at isang balo na nakatira sa templo at naglilingkod sa Dios nang walang patid na may pag-aayuno at pananalangin (Lucas 2: 36-37). Nakilala ni Anna si Jesus na Siyang ipinangakong Mesias at siyang unang nagbahagi ng mensahe ng katubusan sa pamamagitan ni Cristo:

At pagdating niya sa oras ding yaon, siya'y nagpasalamat sa Dios, at nagsalita ng tungkol sa sanggol sa lahat ng nagsisipaghintay ng katubusan sa Jerusalem. (Lucas 2: 38)

Ang babae ang naging instrumento sa pagpasok ng kasalanan sa mundo. Ngayon, siya naman ay ginamit upang maging daan sa plano ng Dios para sa katubusan sa kasalanan. Si Anna ang unang mangangaral ng Ebanghelyo sa mga Judio.

UNANG TUMANGGAP NG KAPAHAYAGAN NG MESIAS:

Sa babae unang inamin ni Jesus na Siya nga ang Mesias. Nagdaraan si Jesus sa Samaria patungong Galilea. Habang bumibili ng pagkain ang Kaniyang mga alagad, nagpahinga si Jesus sa tabi ng balon malapit sa Sychar sa Samaria.

Dumating ang isang Samaritanang babae upang umigib ng tubig at kinausap siya ni Jesus. Ang kanilang pag-uusap ay nakatala sa Juan 4. Sa kanilang pag-uusap ay kinilala ni Jesus sa unang pagkakataon na Siya nga ang Mesias:

Sinabi sa Kaniya ng babae, Nalalaman ko na paririto ang Mesias (ang tinatawag na Cristo): na pagparito Niya, ay ipahahayag Niya sa amin ang lahat ng mga bagay.

**Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako na nagsasalita sa iyo ay Siya nga.
(Juan 4: 25-26)**

UNANG EBANGHELISTA SA MGA GENTIL:

Sa panahon ng pangyayari sa Juan 4 ang ministryo ni Jesus ay hindi pa nakakaabot labas sa mga Judio. Matapos Niyang ipahayag ang Kaniyang sarili sa babaing Samaritana, siya ang naging unang ebanghelistang sa mga Gentil. Nangaral siya sa mga Samaritano at marami ang naniwala kay Jesus (Juan 4: 41).

Kung paanong si Anna ang unang nagdala ng mensahe tungkol kay Jesus sa mga Judio, ang babaing Samaritana ang naging unang mangangaral sa mga Gentil. Ang babaing Samaritana ay isang mangangalunya. Sa panahon ng kaniyang enkuwentro kay Jesus, siya ay nakalima nang asawa at itong kaniyang kinakasama ngayon ay hindi niya asawa. Gayon pa man, ipinahayag ni Jesus ang Kaniyang sarili sa kaniya at siya naman ay naglingkod sa kaniyang mga kababayan.

Kahit gaano kadilim ang iyong nakaraan, nais ng Dios na magpahayag ng Kaniyang sarili sa iyo, baguhin ang iyong buhay, at gamitin ka sa Kaniyang kaluwalhatian. Tulad ng babaing Samaritana, makasusumpung ka ng makahulugang ministryo kay Cristo.

Hindi kailangang dumaan si Jesus sa Samaria mula Juda patungong Galilea. Ang totoo, ito ay hindi daraanan. Subalit, walang malayo kung may isang kaluluwa na nangangailangan ng Ebanghelyo. Walang barriong napakaliblib, walang siyudad na hindi madaraan. Maaari mong abutin ang isang tao doon ng Ebanghelyo at siya ay maaaring magdala ng pagbabagong buhay sa buong komunidad.

Kailangang umalis si Jesus sa highway mula Judea tungo sa Galilea upang abutin ang babaing ito. Kung tayo ay aabot sa dulo ng daigdig dala ang Ebanghelyo, kinakailangang ang iba sa atin ay umalis sa highway ng buhay. Tayo ay maglalakbay sa mas malayo at higit na mahirap na mga daan.

Sa pamamagitan ng isang babaing ito, ang buong siyudad ay naabot ng Ebanghelyo. Ipinakita ni Jesus ang isang mahalagang prinsipyo ng ebangelismo sa enkuwentrong ito: Dapat nating abutin ang mga matapat na mga lalake at babae na siya namang aabot sa kanilang kababayan ng Ebanghelyo:

At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba. (II Timoteo 2: 2)

Kung sasanayin mo ang ganitong mga tao, maaabot nila ang karamihan.

ANG HULING MGA BABAE SA KRUS:

Itinala ng Biblia na ang mga babaing nagtalaga ng kanilang buhay kay Jesus sa Kaniyang ministryo dito sa lupa ay siyang nasumpungan na nanatili sa krus. Nang mamatay si Jesus:

At mayroon din namang mga babae na nagsisitanaw mula sa malayo: na sa mga yao'y nangaroroon kapuwa si Maria Magdalena, at si Mariang ina ni Santiago na bata at ni Jose, at si Salome;

Na, nang Siya'y nasa Galilea, ay nagsisunod sila sa Kaniya, at Siya'y pinaglilingkuran nila; at mga iba pang maraming babae na nagsiahong kasama Niya sa Jerusalem. (Marcos 15:40-41)

Dahil sa kanilang pagmamahal kay Jesus ang mga babaing ito ay naghintay hanggang sa kamatayan ni Jesus. Tapat sa Kaniya sa pagpasok sa Jerusalem na pinupuri ng mga tao, sila rin ay tapat sa oras ng Kaniyang kamatayan.

UNA SA LIBINGAN:

Si Maria Magdalena at si Maria na ina ni Jose ay tiningnan kung saan inilibing ang katawan ni Jesus matapos alisin ang Kaniyang katawan sa krus (Marcos 15:47). Pagkapahinga ng araw ng Sabbath, maaga silang gumising sa unang araw ng linggo at tumungo roon upang lagyan ng pabango ang katawan ni Jesus tulad ng kanilang kaugalian. Nang sila'y dumating doon, nasumpungan nilang wala doon si Jesus. Nakakita sila ng dalawang anghel na nagsabi sa kanila:

Wala Siya rito, datapuwat nagbangon: alalahanin ninyo ang salita Niya sa inyo nang Siya'y nasa Galilea pa,

Na sinasabi, Kinakailangan na ang Anak ng tao ay ibigay sa mga kamay ng mga taong makasalanan, at ipako sa krus, at magbangong muli sa ikatlong araw. (Lucas 24: 6-7)

Dahil nauna sa libingan, ang mga babae ang unang tumanggap ng kapahayagan ng pagkabuhay na maguli ni Jesus.

UNANG NANGARAL NG PAGKABUHAY NA MAGULI:

Nang marinig ng mga babae ang masayang balitang ito sila ay:

At nagsibalik mula sa libingan, at ibinalita ang lahat ng mga bagay na ito sa labingisa, at sa lahat ng mga iba pa.

At ang mga salitang ito'y inakala nilang walang kabuluhan; at hindi nila pinaniwalaan. (Lucas 24: 9 at 11)

UNANG NAKAKITA KAY JESUS:

Ang unang pagpapakita ni Cristo matapos Siyang mabuhay mula sa mga patay ay kay Maria Magdalena. Ang kuwentong ito ay isinalaysay sa Juan 20: 11-18. Pagkatapos noon ay ibinalita ni Maria ang mabuting balita...

... Nakita ko ang Panginoon; at kung paanong sinabi Niya sa kaniya ang mga bagay na ito. (Juan 20: 18)

UNANG NAHIKAYAT NA TAGA EUROPA:

Ang unang nahikayat ni Pablo mula sa Europa ay isang babaing nagngangalang Lydia:

At isang babaing nagngangalang Lidia... ay nakinig sa amin: na binuksan ng Panginoon ang kaniyang puso upang unawain ang mga bagay na sinalita ni Pablo. (Gawa 16: 14)

MAKAPANGYARIHANG IMPLUWENSIYA NG MGA BABAE

Dagdag pa sa mga espesyal na paraan ng paggamit sa mga babae sa plano ng Dios, mahalaga ring kilalanin ang kanilang makapangyarihang impluwensiya at bigyang babala sa tamang paggamit ng kapangyarihan. Ang unang impluwensiya ng babae sa lalake ay nang himukin ni Eva si Adam na magkasala. Ang unang kasalanan ay nagpapakita ng mahigpit na tali sa pagitan ng lalake at babae na maaaring gamitin sa mabuti at masama.

Dahil dito, inutos ng Dios sa mga taga Israel na huwag mag-aasawa ng mga hindi nila kababayan. Nagbigay Siya ng babala na ilalayo ng mga babaing ito ang puso ng kanilang asawang lalake mula sa Dios.

Hindi ba nagkasala si Salomon na hari ng Israel sa pamamagitan ng mga bagay na ito?... gayon ma'y pinapagkasala rin siya ng mga babaing taga ibang lupa. (Nehemias 13: 26)

Nang pag-aralan mo ang mga Kawikaan ni Salomon, nasumpungan mo ang maraming mga opinyon tungkol sa mga “kakaibang” mga babae. Natutuhan ni Salomon, sa kaniyang kalungkutan, ang makapangyarihan impluwensiya na isang babaing hindi makadios. Patuloy niya itong tinalakay sa Ecclesiastes kung saan tinukoy niya ang mga babaing hindi makadios na may mga pusong tulad ng silo at mga bitag, at mga kamay na may mga panali:

At nakasumpong ako ng bagay na lalong mapait kay sa kamatayan, sa makatuwid baga'y ang babae na ang puso ay may silo at mga bitag, at ang kaniyang mga kamay ay gaya ng may mga panali; ang nalulugod sa Dios ay tatakas sa kaniya; ngunit ang makasalanan ay makukuha niya. (Ecclesiastes 7: 26)

Sinabi ng Biblia na si Salomon ay...

...nagkaroon ng pitong daang asawa, na mga prinsesa, at tatlong daang babae: at iniligaw ng kaniyang mga asawa ang kaniyang puso... at ang kaniyang puso ay hindi naging sakdal sa Panginoon niyang Dios... (I Mga Hari 11: 3-4)

Si Samson, ang lalaking pinili ng Dios na magdala ng paglaya sa bansang Israel, ay nalinlang dahil sa makapangyarihang impluwensiya ng isang babae. Basahin ang kuwento ni Samson at Delilah na nakatala sa Mga Hukom 13-16.

Itinala ni Isaias na ang pangunguna ng mga babaing hindi makadios ang naging dahilan kung bakit ang Israel ay naligaw sa tamang landas:

... at mga babae ang mangagpupuno sa kanila. Oh bayan Ko, silang nagsisipatnubay sa iyo, mangagliligaw sa iyo, at sisira ng daan ng iyong mga landas. (Isaias 3: 12)

Sa Bagong Tipan, sinasabi na ang mga debotong mga Judiong babae ang naging sanhi ng malaking pag-uusig sa unang Iglesia:

Datapuwa't inudyukan ng mga Judio ang mga babaing masisipag sa kabanalan na may mga kalagayang mahal...at nangagbangon ng pag-uusig laban kay Pablo at kay Bernabe, at kanilang pinalayas sila sa kanilang mga hangganan. (Gawa 13: 50)

Ang makapangyarihang impluwensiya ng mga babae ay hindi masama. Binigyan ng Dios ang mga babae ng kapangyarihan. Kung ito'y gagamitin sa masama, ito ay makasisira. Kung gagamitin ito ng Espiritu Santo, ito ay isang puwersa na babago sa puso ng mga tao at ng takbo ng buong bansa. Ito ay makikita sa tala sa Biblia ng mga babaing katulad nila Debora at Esther.

MGA TANGING HAMON SA KABABAIHAN

Dahil sa makapangyarihang impluwensiya ng mga babae, nagbigay ang Biblia ng mga hamon para sa kababaihan.

ISANG HAMON SA TAIMTIM NA PAGMAMAHAL:

Ang unang hamon ay mula kay Salomon na naghahanap ng mga babaing tunay na nagmamahal sa Dios. Isinulat niya:

...isang tao sa isang libo ang aking nasumpungan; ngunit isang babae sa lahat ng mga yaon ay hindi ko nasumpungan. (Eclesiastes 7: 28)

Anong laking hamon na maging yaong babaing hinahanap sa libu-libo, isang babaing tunay na nagmamahal sa Dios!

ISANG HAMON SA DIREKSIYON:

Nais ng Dios na ang mga babae ay may direksiyon sa buhay, na may makadios na layunin sa pamumuhay:

Nagbibigay ng salita ang Panginoon; Ang mga babaing naghahayag ng mga balita ay malaking hukbo. (Awit 68: 11)

Marami sa mga layunin ng mga babae ay hindi sa pangwalang hanggan. Nagtatakda sila ng mga hantungan para sa pag-aasawa, edukasyon, at sa propesyon. Subalit kung natupad na ang mga ito, ano pa ang layunin ng pamumuhay?

Hinahamon ng Dios ang mga babae para sa buhay na may direksiyon. Kahit sila ay maybahay, mga estudyante, o mga babaing may karera, sila ay dapat maging sangkot sa pagdadala ng Ebanghelyo sa mundo. Kahit nakatira ka sa siyudad, nayon, o liblib na tribo, ikaw ay maaaring maging bahagi ng buong mundong paguugnayan (network) na may iisang layunin: Palaganapin ang mabuting balita ni Jesucristo.

ISANG HAMON SA DISIPLINA:

Nagsalita ang Dios kay Isaias na may tanging hamon:

Kayo’y magsibangon, kayong mga babaing tiwasay, at dinggin ninyo ang tinig ko; ninyong mga walang bahalang anak na babae, pakinggan ninyo ang aking pananalita. (Isaias 32: 9)

Basahin ang buong mensahe ng Panginoon sa Isaias 32: 10-20. Ito ay isinulat nang ang isang hukbo ay lulusob sa Juda bilang parusa sa kanilang kasalanan; subalit ito ay maaari ring ipatungkol sa mga babaing ang puso ay nasa mundo at ang mga kalayawan nito.

Ang mga babaing kinausap ng Dios ay sila na walang pakialam at nagpapasarap sa buhay sapagkat sila ay maraming salapi at kaligayahan. Lumayo sila sa Dios patungo sa mga kalayawan ng mundo. Ang bansa at mga siyudad na kanilang tinitirhan ay malapit nang sirain, subalit hindi nila alam ang nalalapit na kalamidad.

Ganoon ding hamon ang ibinibigay ng Dios sa mga babae ngayon. Marami ang palumagay at pinuno ang kanilang buhay ng mga pansamantalang kalayawan. Hindi nila alam na darating ang paghuhukom sa mundo at ang mga tao sa palibot nila ay humaharap sa walang hanggan na walang Cristo. Ang mga Kristiyanong kababaihan ay palumagay samantalang ang kanilang mga bansa ay nahuhulog sa walang Dios na mga rebolusyon. Nasisiyahan sila sa pamumuhay samantalang ang mga walang Dios ay humahawak ng gobyerno. Ang mensahe ng Dios sa kanila ay, “Bangon”!

Sa pamamagitan ng Propetang Isaias, sinabi ng Dios sa mga babae na ang kanilang mga lupa, bahay, at mga bukirin ay sisirain. Lahat ng mga bagay na makamundo at pansamantala, lahat ng kanilang hinahawakan ay masisira. Ang tanging paraan upang makaiwas sa paghuhukom ay ang bumangon sa ngalan ng Dios, kumawala sila sa masarap na buhay, at makinig at kumilos ayon sa mensahe ng Dios. Nakalulungkot na ang mga babae sa Juda na pinagbigyan ng mensaheng ito ay hindi sumunod. Dumating ang kahatulan, at ang mga siyudad ay nawasak tulad ng babala ng Dios.

Subalit may pangako ng pag-asa. Pagkatapos ng hatol, ang Espiritu ng Dios ay ibubuhos:

Hanggang sa mabuhos sa atin ang Espiritu mula sa itaas, at ang ilang ay maging mabungang bukid, at ang mabungang bukid ay mabilang na pinakagubat.

Kung magkagayo’y tatahan ang kahatulan sa ilang, at ang katuwiran ay titira sa mabungang bukid. (Isaias 32: 15-16)

Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nasayang na lupain ay magbubunga na makararanas ng gayon na lamang na paglago na ito ay magiging gubat. Bagama’t ang Dios ay nagpaparusa, Siya ay nagbabalik upang ibuhos ang Kaniyang Espiritu sa Kaniyang mga hinatulan. Mula sa tuyong lupa ay bubukal ang masaganang ani.

Kung ang mga babaing palumagay ay tatanggapin ang hamong ito at makikinig sa Panginoon, hindi sila papaluin. Kung kinikilala mo ang iyong kalagayang espirituwal, ang iyong kaabalahan sa mga bagay ng sanglibutan, at pagsisihan mo ang iyong mga kasalanan, patatawarin ka Niya.

Subalit ang mensahe ay lampas pa sa personal na pagsunod. Napigil sana ang kahatulan sa buong bansa sa pamamagitan ng pagbabagong espirituwal. Nagsalita ang Dios sa mga babae sa Juda na pangunahan ang pagbabagong espirituwal na ito. Ang sabi ng Dios ay, “Kung kayong mga babae ay makikinig sa Aking babala, magtindig at kumilos, mapipigilan ninyo ang kahatulan sa inyong bansa...”

Ang panawagan sa mga babae ay ipinararating sa buong mundo ngayon... “Magtindig kayo, mga kababaihan, na palumagay... pakinggan ninyo ang tinig Ko... makinig kayo sa Aking sasabihin.”

- Iwanan ang makamundong kalayawan!
- Magbago ka sa iyong buhay espirituwal!
- Kalawkawin mo ang iyong sarili at ang inyong mga bansa upang ang hatol ng Dios ay hindi mahulog sa inyo.

ISANG HAMON SA PAGTATALAGA:

Kailangan ang pagtatalaga upang tayo ay magbangon at kunin ang ating tamang puwesto bilang makadios na mga kababaihan. Ito ay tawag sa pagtatalaga:

Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na Siya ninyong katampatang pagsamba.

**At huwag kayong magsiyon sa sanglibutang ito: kundi mag-iba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios.
(Roma 12: 1-2)**

Ang pagtatalaga sa Dios at disiplina sa mga paraan ng Dios ay nagbubunga ng direksiyon na humahantong sa kaalaman ng lubusang kalooban ng Dios sa iyong buhay.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Maglista ng apat na tanging karangalan na ibinigay sa mga babae sa Biblia na tinalakay sa kabanatang ito:

(1) _____

(2) _____

(3) _____

(4) _____

2. Isulat ang Susing Talata na kinabisa mo:

3. Basahin ang bawat pangungusap. Kung ito ay TAMA, isulat ang letrang T sa puwang. Kung ito ay MALI, isulat ang letrang M sa puwang.

- a. ___ Si Salomon ay maraming asawa na naglayo ng kaniyang puso sa pagsunod sa Dios.
- b. ___ Mga babae ang umusig sa unang Iglesia, kasama si Pablo at Bernabe.
- c. ___ Ang makapangyarihang impluwensiya ng mga babae ay mula kay Satanas.
- d. ___ Walang magagawa ang mga Kristiyanong babae tungkol sa espirituwal na kalagayan ng kanilang mga bansa.
- e. ___ Ang pagtatalaga at disiplina sa Dios ay hindi nangangahulugan na makasusumpong ka ng direksiyon sa iyong buhay.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Ang konkordansiya ng Biblia ay tutulong sa iyo sa dagdag na pag-aaral tungkol sa paksa ng mga babae. Ang konkordansiya ay nagbibigay ng mga susing salita na ginamit sa Biblia at ng mga reperensya kung saan ginamit ang mga salitang ito.

Kung ikaw ay may konkordansiya, tingnan mo ang mga salitang ito:

Babae
Mga babae
Mga asawang babae
Asawang babae
Ina
May asawa
Pag-aasawa
Mag-aasawa
Balo

Makikita mo ang maraming reperensya na nakalista para sa bawat salita. Basahin mo ang mga reperensyang ito sa pagpapatuloy mo ng pag-aaral kung ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa mga babae.

Kung wala kang konkordansiya, guhitan mo ang bawat banggit ng salitang babae sa iyong Biblia habang nagbabasa ka nito. Sa bandang huli, magkakaroon ka ng bawat reperensya tungkol sa babae na naguhitan sa iyong Biblia.

IKA-LABINGAPAT NA KABANATA

PAGLILINGKOD SA MGA KABABAIHAN

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, may kakayahan kang:

- Isulat ang Susing Mga Talata na kinabisa mo.
- Magpasimula ng ministeryo ng kababaihan.
- Tukuyin ang mga pangangailangan ng mga babae.

SUSING MGA TALATA:

...At si Miriam na propetisa na kapatid ni Aaron, ay tumangan ng isang pandereta sa kaniyang kamay; at sumunod ang lahat ng mga babae sa kaniya, na may mga pandereta at nagsayawan.

At sila'y sinagot ni Miriam, Umawit kayo sa Panginoon, sapagkat siya'y nagtagumpay ng kaluwaluwalhati. (Exodo 15: 20-21)

PAMBUNGAD

Sa bawat manwal ng Harvestime International Institute may ibinibigay na maikling tagubilin kung paano gagamitin ang mga materiales na ito sa isang grupo. Buklatin mo ang unahan ng aklat ng ito at mababasa mo ang mga tagubilin. Makakatulong sa iyong ibahagi sa iba kung ano ang iyong natutuhan.

Sa pag-aaral mo ng kursong ito, maaaring nadama mo ang tawag na maglingkod sa mga kababaihan. Nandito sa kabanatang ito ang paraan kung paano magsimula ng ministeryo sa mga kababaihan. Kasali na rito ang mga mungkahi sa pagbubuo at pagpapalaganap ng inyong grupo at mga tagubilin sa pagtukoy sa mga espirituwal na pangangailangan ng mga babae.

ANG MINISTERYO BA SA KABABAIHAN AY AYON SA KASULATAN?

Ang unang grupo ng mga kababaihan ay itinatag ni Miriam, ang kapatid ni Moises. Nasusulat:

...At si Miriam na propetisa na kapatid ni Aaron, ay tumangan ng isang pandereta sa kaniyang kamay; at sumunod ang lahat ng mga babae sa kaniya, na may mga pandereta at nagsayawan.

At sila’y sinagot ni Miriam, Umawit kayo sa Panginoon, sapagkat siya’y nagtagumpay ng kaluwaluwalhati. (Exodo 15: 20-21)

Bumuo si Miriam ng grupo ng kababaihan upang magpuri at magluwalhati sa Dios.

Sa Bagong Tipan, nasusulat sa Gawa 9: 36-41 na si Dorcas ay may ministeryo sa mga babaing balo. Ang matatandang Kristiyanong mga babae ay inutusan ni Pablo na magturo sa mga nakababatang kababaihan (Tito 2: 3-4). Mula sa mga halimbawang ito makikita natin na ang ministeryo sa mga babae ay ayon sa Kasulatan.

BAKIT KAILANGAN ANG MINISTERYO SA KABABAIHAN?

Narito ang mga dahilan kung bakit mahalaga ang ministeryo sa kababaihan:

KAILANGAN NG MGA BABAE ANG EBANGHELYO:

Sa ngayon, kalahati ng populasyon ng mundo ay mga babae. Kailangan nilang marinig ang mabuting balita ng kaligtasan sa pamamagitan ni Jesucristo.

ANG MGA BABAE AY MAY KAKAIBANG MGA PROBLEMA:

Ang mga babae sa lahat ng bansa ay may mga espirituwal, pisikal, at emosyonal na pangangailangan. May mga problema sila, mga hamon at pangangailangan na kakaiba sa mga lalake. Kailangang malaman ng mga babae na may mga solusyon sa kanilang mga problema kay Jesucristo.

KAILANGAN NG MGA BABAE ANG ESPIRITUWAL NA PAGLAGO:

Kailangan ng mga babae na palaguin ang kanilang pagmamahal, pagtatalaga, disiplina, at direksiyon sa pamumuhay.

MAY ESPESYAL NA LUGAR ANG MGA BABAE SA PLANO NG DIOS:

Kailangan nilang maunawaan ang kanilang kakayahan, layunin, at dako sa ministeryo sa Katawan ni Cristo.

PAANO MAGPASIMULA NG MINISTERYO SA KABABAIHAN?

Narito ang pitong hakbang sa pagsisimula ng ministeryo sa kababaihan:

UNANG HAKBANG:

Pasimulan mong ipanalangin ang direksiyon mula sa Dios at ang mga babae sa iyong lugar.

IKALAWANG HAKBANG:

Tawagin ang maliit na grupo ng mga Kristiyanong babae upang tumulong sa pagbubuo ng ministryo. Piliin mo sila na hinipo ng Dios ang puso na may espirituwal na pangitain at layunin katulad ng sa iyo. Ipanalangin ninyong sama-sama ang mga kababaihan ng inyong komunidad.

IKATLONG HAKBANG:

Sa mga oras ng panalangin hingin mo sa Panginoon na tulungan kang tukuyin ang layunin ng inyong ministryo sa kababaihan. Ang “kakahayagan ng layunin” ay dapat sumagot sa mga tanong na “Bakit tayo magtatatag? Ano ang nais ng Dios na gawin sa pamamagitan natin?”

Mahalagang malaman ang layunin sapagkat ang sabi sa Biblia, “Kung walang pangitain, ang bayan ay sumasama.” Kung paanong ang bawat isa ay nangangailangan ng layunin para mabuhay, ang isang grupo ay nangangailangan din ng layunin upang mabuhay.

Maraming iba’t ibang mga layunin kung bakit itinatag ang ministryo sa kababaihan. Ang isang grupo ay may alin man sa mga layuning ito:

Panalangin: Maaari kayong magtagpo upang idalangin ang inyong komunidad, inyong bansa, mga lider, at ang buong mundo. Sa panalangin ay maaari mong maabot ang lahat ng mga rehiyon ng mundo at maging puwersa na tumutulong sa mga nage-ebanghelyo.

Pag-aaral ng Biblia: Maaaring ang layunin ninyo ay mag-aral ng Biblia na sama-sama upang matulungan ang mga kababaihan sa paglagong espirituwal.

Pagkalat ng Ebanghelyo: Ang layunin ninyo ay maaaring upang abutin ang inyong komunidad, siyudad, o nayon ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng mga “outreaches.”

Ministryo sa mga nakababatang babae: Maaari ninyong turuan ang mga nakababatang babae tulad ng utos sa Biblia. Kung gayon, ang iyong kakahayagan ng layunin ay nakasulat na sa Tito 2: 3-4.

Ministryo sa mga espesyal na mga grupo: Maaari kang magministryo sa mga espesyal na grupo ng mga babae, tulad ng mga dalagang ina, mga babaing nagumon sa drugs, mga lasengga, mga nakabilanggo, mga bata, mga “juvenile delinquents,” mga estudyante sa campus, mga babae sa mga bahay ng matatanda, at mga ospital. Maaari ka ring tawagin na maglingkod sa ibang mga rehiyon, o mga squatter areas.

Ang mga espesyal na mga grupo ay walang limitasyon ang paglilingkuran ng mga kababaihan. Suriin mo ang iyong komunidad. Anong mga nangangailangang grupo ang hindi naaabot? Ito ang maaaring maging hamon ng Dios para sa iyo.

Kaagapay ng Iglesia: Maaari kang magtatag ng grupo ng kababaihan bilang kaagapay ng iyong iglesia. Ang iyong pakay ay upang magbigay ng suporta sa iba't ibang programa ng iglesia.

Kaagapay ng Pagmimisyon: Ang pakay ng grupong ito ay upang mag-alay ng panalangin, pinansiyal, at materyal na tulong sa mga misyonero.

Mga Kristiyano para sa mundo: Ang pakay ng grupong ito ay upang matuon ang atensiyon, panalangin, at aksiyon sa layunin na abutin ang buong mundo ng Ebanghelyo ni Jesucristo.

IKA-APAT NA HAKBANG:

Magtakda ng petsa, oras, at lugar para sa unang miting.

IKA-LIMANG HAKBANG:

Ipahayag ang inyong grupo ng kababaihan upang malaman ng inyong komunidad ang tungkol sa petsa, oras, lugar, at pakay ng inyong mga miting. Nasa inyo na kung ang nais ninyong pag-aanunsiyo ay pasalita, o kampaniyang malakihan sa siyudad, kailangang makalat ang balita sa anumang paraan. Tulad ng sinabi sa Bagong Tipan, “Lumabas kayo sa mga highway, at himukin silang dumalo.”

Ang mga sumusunod ay mga mungkahi sa pagpapakalat ng balita tungkol sa inyong grupo. Ang mga paraang ito ay nakasalalay sa inyong kinalalagyang lugar at sa pondo ng grupo:

1. Humingi ng pahintulot sa iyong pastor na maglagay ng mga poster sa bulletin board ng iglesia at sa mga silid-aralan ng matatanda.
2. Hilingin ang pastor na ipahayag sa pulpito ang miting sa susunod na Linggo isang linggo bago ito maganap.
3. Kung kayo ay may church bulletin, hilingin ang pastor na ilimbag ang pahayag dito.
4. Magdala ng mga poster sa Christian Bookstore na malapit sa inyo. Humingi ng pahintulot sa may-ari na magkabit ng poster sa kanilang bulletin board at mag-iwan ng ilang kopya sa counter.
5. Kung ang inyong siyudad ay may Chamber of Commerce, magtanong kung papayag silang magbigay ng pulyeto sa bawat bagong residente na dadaan doon upang humingi ng impormasyon sa komunidad.
6. Magbigay ng mga pulyeto sa iyong komunidad, iglesia, kapisanan ng mga kababaihan, at sa iyong trabaho.

7. Mag-iwan ng mga pulyeto sa palengke, beauty parlor... at mga lugar na madalas puntahan ng mga babae. (Siguruhin na laging humingi ng permiso sa may-ari ng tindahan).

8. Ang public library ay maaaring may lugar para sa mga pahayag. Kung ganoon, maglagay ka roon ng mga pulyeto.

9. Magpadala ng sulat ng paanyaya sa:

- Mga asawa ng pastor.
- Listahan ng mga pangalan mula sa mga babaing taga roon.
- Mga lider ng sekular na grupo ng mga babae.
- Listahan ng mga babaing mula sa mga lokal na iglesia at denominasyon.

10. Ipahayag ang iyong mga miting sa radyo, telebisyon, at sa diyaryo, kung mayroong mga ganito sa iyong lugar.

IKA-ANIM NA HAKBANG:

Ikaw ngayon ay nakahanda nang magtipon bilang isang grupo ng kababaihan. Narito ang mga mungkahi para sa...

Unang Pagtitipon:

1. Kunin ang pangalan at tirahan ng mga dumalo. Madali mo silang makontak para sa mga hinaharap na miting.

2. Bago mag miting, maghanda ka ng kopya ng mga impormasyon ng pangalan at pakay ng iyong grupo. Ipamahagi ito at talakayin sa unang pagtitipon.

3. Pag-usapan ang mga plano mo sa grupo: Halimbawa, mga pagkakataon sa ministeryo, pagsasamasama, pagsasanay, atbp. Dapat makita ng mga babae ang mga personal at espirituwal na pakinabang sa pagkasangkot at mahamon sa mga plano ng lokal na grupong ito.

4. Mag-ukol ng panahon para umawit at sumamba, makinig ng Salita ng Dios, at manalangin para sa pangangailangan ng mga dumalo. Ang bahagi ng paglilingkod sa unang miting na ito ay mahalaga. Kung ang mga espirituwal na pangangailangan ng mga babae ay natagpo at natuto sila tungkol sa Dios at ng Kaniyang Salita, sila ay babalik sa mga susunod na miting.

5. Magbigay ng mga pulyeto sa mga dumalo upang ibalita nila sa iba ang inyong grupo. Himukin sila na gamitin ang mga pulyetong ito upang mag-anyaya ng iba sa mga miting.

Mga Susunod Na Miting:

Narito ang mga mungkahi para sa darating na mga miting:

1. Laging malugod na tanggapin ang mga bisita at ilarang ang kanilang mga pangalan. Bigyan sila ng kopya ng impormasyon tungkol sa pangalan at pakay ng inyong grupo.
2. Magbigay ng panahon para sa pag-awit at papuri, makinig ng Salita ng Dios, at panalangin sa mga pangangailangan.
3. Maaari mong pasimulang pag-aralan itong kursong ito, “*Kababaihan: Sa Panananwag ng Biblia.*” Maaari mo ring gamitin ang ibang kurso ng Harvestime International Institute.

IKA-PITONG HAKBANG:

Abisuhan ang mga dumalo sa unang miting sa pamamagitan ng card, tawag sa telepono, o pagbisita bago dumating ang susunod na miting. Ang gawaing ito ay dapat gawin sa lahat ng mga bisita ngayon at sa hinaharap. Himukin sila na bumalik at maging isang regular na miembro ng inyong grupo.

PAGSUSURI NG GRUPO

Pagisipan ang mga ito: Anong uri ng mga babae ang nasa iyong grupo? Anu-ano ang kanilang mga tanging kailangan? Kailangan mong malaman ito kung nais mong makapaglingkod sa kanila ng epektibo.

Kalagayan ng pag-aasawa: Ano ang kalagayang pampamilya ng mga babae sa grupo mo? Mahalaga ito sapagkat ang kanilang mga pangangailangan ay iba’t iba. Halimbawa, ang isang babaing walang asawa ay maaaring dumanas ng pagkalungkot, samantalang ang babaing may asawa at mga anak ay walang panahong mag-isa. Ang babaing nagpapalaki ng anak na nagiisa ay may ibang pangangailangan, gayon din ang biyuda o diborsiyada. Ang mga status sa pamilya na naroroon sa grupo mo ay:

- Walang asawa.
- May asawa at walang anak.
- May asawa at may mga anak.
- Balo na may mga anak.
- Balo na walang anak.
- Diborsiyada at hindi nag-asawang muli, nagpapalaki ng mga anak na mag-isa.
- Diborsiyada at hindi nag-asawang muli, walang anak.
- Diborsiyada at nag-asawang muli, walang anak.
- Diborsiyada at nagasawang muli, may mga anak.

Mga Trabaho: Ang mga babaing may iba’t ibang trabaho ay may iba’t ibang pangangailangan. Ang mga trabaho ng mga babae sa grupo mo ay maaaring isa sa mga ito. Pansinin na maaaring hindi lamang isa ang ginagawa ng babae, halimbawa, isang maybahay na nagtatrabaho rin sa labas.

- Estudyante
- Mga babaing sangkot sa ministeryo
- Mga negosyante/ may profesyon
- Retiradong mga babae
- Maybahay
- Manggagawa

Tirahan: Saan nakatira ang mga kababaihan mo? Ang kanilang palibot ang magpapakita ng kanilang pangangailangan at mga hamon:

- Mga Siyudad
- Mga Nayon
- Liblib na mga pook
- Lugar ng mahihirap
- Lugar ng mayayaman
- Lugar ng may kaya sa buhay (middle class)

Mga Kaugnayan: May mga personal na kaugnayan ang mga babae. Kung minsan ay nakararanas sila ng mga problema sa pakikitungo sa kanilang:

- Pamilya/asawa/mga anak
- Kasama sa trabaho
- Iglesia/mga kontak sa ministeryo
- Mga kaibigan
- Mga kapitbahay

Pinag-aralan: Suriin ang mga tinapos sa pag-aaral ng iyong grupo. Mahalaga ito sa paglalahad mo ng mga materiyales sa pagsasanay. Sila ay maaaring nakatapos ng:

- Walang tinapos (hindi nakakabasa)
- Elementary
- High school
- College
- Master's degree

Mga Pangangailangan: Ang pangangailangan nila ay maaaring espirituwal, pisikal, emosyonal, o materiyal. Dagdag pa rito, maaari silang nakikipagbuno sa mga espesyal na problema tulad ng pagkagumon sa alak o drugs. Ang mga sumusunod ay makatutulong sa iyong pagtukoy sa mga pangangailangan ng mga babae:

Espirituwal na pangangailangan:

- Kaligtasan
- Kabanalan

- Binyag sa tubig
- Bautismo sa Espiritu Santo
- Kagalingan at paglaya
- Paglagong espirituwal kasama ang mga kaloob ng Espiritu, mga Bunga ng Espiritu, pagka-alam ng kalooban ng Dios, paglutas ng mga problema sa buhay, ano ang gagawin kung may tukso.

Emosyonal na pangangailangan:

- Takot
- Kalungkutan
- Pagkasira ng loob
- Kapaitan
- Hindi marunong magpatawad
- Pagtingin sa sarili
- Galit
- Pagkapoot
- Ginigiyagis ng budhi
- Pagseselos

Pinansiyal na pangangailangan:

- Hindi sapat ang kita para sa mga pangangailangan
- Kailangan ng trabaho

Pisikal na pangangailangan:

- Karamdaman
- Problema sa timbang
- Problema sa hitsura

Mga espesyal na pangangailangan: Tulad ng mga sumusunod:

- Paghihiwalay ng mag-asawa
- Gustong magpakamatay
- Pagiging moral
- “Abortion”
- Drugs
- Sigarilyo
- Alak
- Kulam
- Mababang tingin sa iba
- Inaalihan ng demonyo
- Kamatayan

Ang isang epektibong ministryo sa mga babae ay dapat may ministryo ng pagpapayo para sa mga pangangailangan ng mga kaanib nito. Tukuyin ang mga pangangailangan ng iyong mga kababaihan sa pamamagitan ng pahid ng Espiritu Santo. Abutin mo sila na may pagibig at kahabagan upang matugunan ang mga pangangailangang ito.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang nagtatag ng unang grupo ng kababaihan na natala sa Biblia?

2. Bakit mahalaga na magkaroon ng kapahayagan ng pinapakay?

3. Maglista ng pitong mg hakbang sa pagpapasimula ng ministeryo sa kababaihan.

(1) _____

(2) _____

(3) _____

(4) _____

(5) _____

(6) _____

(7) _____

4. Isulat ang Susing Mga Talata na kinabisa mo.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata sa manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Kung interesado ka na magtatag ng ministryo sa kababaihan, maaari kang magpasimula ng kabanata ng Naomi Network. Ang Naomi Network ay ang kaagapay na mga kababaihan ng Harvestime International Network. Maaari mong gamitin ang mga sumusunod upang magpasimula ng iyong sangay.

ANG AMING PANGALAN

Ang pangalang “Naomi Network” ay nagpapakita ng pakay ng organisasyon ng kababaihan na ito na sakop ang buong mundo at lahat ng denominasyon.

NAOMI...

Ang pangalang “Naomi” ay mula sa isang pangunahing karakter sa aklat ni Ruth sa Banal na Biblia. Ang kahulugan nito ay “kaayaya,” subalit, ang buhay ni Naomi ay hindi laging kaayaya.

Dahil sa isang matinding kagutom, si Naomi, ang kaniyang asawa, at dalawang anak ay lumipat mula sa Israel tungo sa isang masamang bansa, sa Moab. Ang kaniyang dalawang anak ay nag-asawa ng mga babae mula sa makasalanang mga pamilya. Pagkalipas ng ilang panahon, namatay ang kaniyang asawa at mga anak. Ang isang manugang na si Orpha ay nagbalik sa kaniyang mga kamag-anak na hindi makadios. Nasaktan ang kalooban at may kapaitan, sinabi niya sa kaniyang mga kaibigan na huwag na siya tawaging “Naomi”, kundi “Mara”, na ang kahulugan ay “mapait.” Ang kaniyang buhay ay nawalan ng kahulugan, pakay at direksiyon dahil sa mapapait na nangyari sa kaniyang buhay.

Subalit naghimala ang Dios at nabago ang takbo ng buhay ni Naomi. Ibinalik siya sa kaniyang bayang pinagmulan at ibinalik lahat ng nawala sa kaniya. Sa wakas, naturuan niya ang kaniyang manugang na si Ruth sa tamang landas at plano ng Dios.

Sa buong mundo, maraming babae na ang buhay ay kailangang baguhin ng Dios. Sila ay malungkot, nasaktan at may kapaitan, walang layunin at direksiyon sa buhay. Nagahahnap sila ng isang grupo na hindi lamang nagsasama-sama para magsaya o para mag-aral ng Biblia. Kailangan nila ng “support group” na magtuturo sa kanila kung paanong ipamuhay ang mga prinsipyo ng Salita ng Dios, at madiskubre ang pakay ng Dios sa kanilang buhay. Ang Naomi Network ay ninanais na abutin ang mga “Mara” ng mundong ito upang sila ay makapanumbalik sa kanilang espirituwal na buhay, maibalik ang nawala sa kanila, masanay, mahimok, at maturuan upang makasangkot sa malawakang espirituwal na pag-aani.

NETWORK...

Ang salitang “Network” ay nagpapakita ng estruktura ng organisasyong ito. Tayo ay mga kababaihan ng iba’t ibang kultura, lahi, at denominasyon na nagsama-sama dahil sa ating pagtatalaga para sa isang tiyak na layunin.

ANG AMING LAYUNIN

Naniniwala kami na ang pundasyon ng matagumpay na buhay Kristiyano ay nakasalalay sa mga prinsipyo ng pagmamahal, pagtatalaga, disiplina, at direksiyon. Ang layunin ng organisasyong ito ay magtindig ng isang network ng kababaihan na:

Nagmamahal... sa Salita ng Dios upang maunawaan ito nang personal, ipamuhay ito, at epektibong ibahagi ito sa iba.

**Magpakailanman, Oh Panginoon, ang Iyong Salita ay natatag sa Langit.
(Awit 119: 89)**

Ang kapahayagan ng Dios sa Kaniyang Salita ay sa pamamagitan ng mga tao, mga prinsipyo, mga hula at mga pangako. Sa pagkaunawa at pagsunod, ang pagmamahal sa Salita ng Dios ay nagbubunga ng pagtatalaga, disiplina, at direksiyon sa buhay na inilarawan sa Roma 12: 1-2.

Itinalaga...sa mga paraan ng Dios, upang maging katulad ni Cristo at puspos ng Espiritu Santo.

Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na Siya ninyong katampatang pagsamba. (Roma 12:1)

Disiplinado...sa plano ng Dios na may makadios na pakay at layunin sa bawat larangan ng buhay at paglilingkod; hindi sumusunod sa mga gawi ng sanglibutan, kundi sa padron ng Dios.

At huwag kayong magsiyon sa sanglibutang ito: kundi mag-iba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip; (Roma 12:2a)

May direksiyon... nakatuon sa kalooban ng Dios bilang mga sinanay at sinugong mga manggagawa na naglilingkod sa espirituwal na bukirin ng sanglibutan.

...upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios. (Roma 12: 2b)

ANG AMING POSISYON

Maraming mga pangunahing doktrina sa Biblia na pinagkakaisahan natin bilang mga tunay na mananampalataya, halimbawa, ang kinasihan na katotohanan ng Biblia (Awit 119:89). Mayroon ding isang itinalagang pakay, ang hamon ng Dakilang Utos (Mateo 28:19-20). Ang mga pangunahing doktrinang ito ang nag-uugnay sa mga kaanib ng Naomi Network bilang isang makapangyarihang puwersa para sa Dios.

Sa ganitong pag-uugnayan, hindi pinahihintulutan ang kompetisyon ng mga denominasyon. Sa halip, ang bawat isang babae ay kaisa sa layunin at espiritu sa isang komunidad ng mga mananampalataya na hindi nagpapaligsahan.

Ngayo'y ipinamamanhik ko sa inyo , mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Jesucristo, na kayong lahat ay mangagsalita ng isa lamang bagay, at huwag mangagkaroon sa inyo ng mga pagkakabahabahagi; kundi kayo'y mangalubos sa isa lamang pag-iisip at isa lamang paghatol. (I Corinto 1: 10)

Upang huwag magkaroon ng pagkakabahabahagi sa katawan; kundi ang mga sangkap ay mangagkaroon ng magkasing-isang pag-iingat sa isa't isa. (I Corinto 12: 25)

ESTRAKTURA NG ORGANISASYON

Ang Naomi Network ay ministryong kaugnay ng Harvestime International Network na may opisina sa Estados Unidos. Ang mga kaugnay na mga sangay ng Naomi Network ay nagsasarili sa palakad sa ilalim ng mga sumusunod na mga patakaran ng organisasyon:

Ang direktor ng sangay ng Naomi Network ay dapat:

- Ipinanganak na muli at may bautismo ng Espiritu Santo.
- Nakatalaga sa layunin at posisyon ng organisasyon ng Naomi Network.
- Gumawa ng taunang report sa opisina tungkol sa mga ginagawa ng sangay nito.

Ang iba pang mga opisyaless ng sangay ay ang assistant director, isang secretary, tisureira, at mga lider ng mga ministryo sa labas.

Dapat isali ng mga sangay sa programa ng pagsasanay nila ang mga materiyales ng Harvestime International Institute. Hindi ang ibig sabihin ay dapat ito ang ituturo sa bawat miting. Mabuting magkaroon ng balanse ng mga tagpagsalita at ibang programa ayon sa direksiyon ng Espiritu Santo. Subalit sapagkat ang pakay ng Naomi Network ay magtatag ng network ng mga itinalaga, disiplinado, at mga may direksiyon na kababaihan, isang organisadong plano ng pag-aaral ang kinakailangan upang maabot ang pakay na ito. Ang mga materiyales ng Harvestime International Institute ay makatutugon dito.

Ang mga sangay ay dapat bigyan ng pagkakataon ang mga kaanib na maglingkod sa lokal at internasyonal na larangan. Ang Naomi Network ay hindi lamang isang Kristiyanong kapisanan ng mga kababaihan o isang Bible Study. Ang ating tiyak na layunin ay ang madala ang mga babae sa kalooban ng Dios bilang mga sinanay at kasangkot na mga manggagawa sa espirituwal na bukirin ng mundo.

Ang mga gawain ay dapat nakatuon sa pandaigdig na evangelismo:

- Dapat ipanalangin ang tiyak na mga bansa at mga dagdag na manggagawa sa pag-aani ng mundo.
- Magbigay ng mga report tungkol sa lokal at pandaigdig na ministeryo kung saan kasali ang sangay na ito.
- Kahit ano ang programang inihanda sa bawat miting: kung may tagpagsalita, may pelikula, o isang aralin mula sa materiyales ng Harvestime International Institute, dapat itong makatulong sa pag-abot ng layunin ng Naomi Network.

Ang lokal na sangay ay dapat magbigay ng pagkakataon sa mga matatandang babae na turuan ang mga nakababatang babae tulad ng sinabi sa Kasulatan:

Ang pag-uugnay na ito ay dapat matupad ang mga layunin na sinasaad sa Tito 2: 3-5).

Ang pag-uugnayan ay dapat isulong: Himukin ang mga kaanib na patuloy na mag-uugnayan sa isa't isa sa pagitan ng mga nakatakdang pagtitipon. Magkaroon ng panahon para makapaglingkod, pananalangin, pag-aaral, at “fellowship” na personal.

IKA-LABINGLIMANG KABANATA

LAHAT NG MGA BABAE SA BIBLIA

MGA LAYUNIN:

Sa pagtatapos ng kabanatang ito, may kakayahan kang:

- Ipagpatuloy ang iyong personal na pag-aaral ng “*Kababaihan: Sa pananaw ng Biblia.*”

SUSING TALATA:

Ang mga bagay na ito nga’y nangyari sa kanila na pinakahalimbawa; at pawang nangasulat sa pagpapaalaala sa atin... (I Corinto 10:11)

PAMBUNGAD

Sa kursong ito, pinag-aralan mo ang papel ng mga babae mula sa paglalang hanggang sa kapanahunan ng Iglesia. Ang mga ito ay nakatuon sa mga gawain ng mga babae sa halip na sa pag-aaral ng kanilang mga talambuhay. Ang pakay nito ay upang madiskubre mo ang iyong dako sa Katawan ni Cristo.

Marami pang matututuhan tungkol sa iyong gagampanang papel sa pamamagitan ng pag-aaral ng talambuhay ng mga babae sa Biblia. Upang magawa mo itong pag-aaral na ito, ang kabanatang ito ay nagbigay ng pangalan at reperensya ng bawat babaing binanggit sa Biblia. Hinihimok namin na ipagpatuloy mo ang iyong pag-aaral sa pamamagitan ng pag-aaral ng talambuhay ng mga babaing ito.

PAG-AARAL NG TALAMBUHAY

Ang talambuhay ay kuwento ng buhay ng isang tao. Ang paraan na ito ng pag-aaral ng Biblia ay nakatuon sa buhay ng mga personalidad sa Biblia. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng buhay ng mga karakter sa Biblia, matututo ka mula sa kanilang mga karanasan. Ang sabi ng Biblia ay:

Ang mga bagay na ito nga’y nangyari sa kanila na pinakahalimbawa; at pawang nangasulat sa pagpapaalaala sa atin... (I Corinto 10:11)

Ang mga pangyayari sa buhay ng mga personalidad sa Biblia ay natala dahil sa pagkasi ng Espiritu Santo para sa iyong kapakinabangan. Ang kanilang mga karanasan ay makapagtuturo sa iyo ng mga dakilang araling espirituwal. Sa pagtingin sa kanilang mga kabiguan, matututo kang iwasan ang mga pagkakamali nila. Mapauunlad mo naman ang

mga positibong katangiang espirituwal sa iyong buhay sa pagbasa mo ng kanilang mga tagumpay.

Narito ang paraan ng pag-aaral ng talambuhay:

UNANG HAKBANG: PILIIN ANG BABAENG PAG-AARALAN.

Piliin mo ang babae na nais mong pag-aralan. Maaari kang mamili mula sa Hebreo 11, Galacia 3: 7, o Lucas 4:27.

IKALAWANG HAKBANG: MAGTIPON NG IMPORMASYON.

Tipunin mo ang lahat ng impormasyon sa Biblia tungkol sa babaing ito. Gamitin mo ang mga aklat sa pag-aaral ng Biblia kung mayroon ka nito. Halimbawa, kung ikaw ay may konkordansiya, hanapin mo ang pangalan ng babae at ang lahat ng reperensya tungkol sa kaniya sa Biblia.

Kung wala ka nito, magtipon ka ng mga reperensya mula sa Biblia mismo. Karamihan sa mga reperensya tungkol sa isang tao ay matatagpuan sa aklat ding yaon. Magagamit mo rin ang listahan sa “Para Sa Dagdag Na Pag-aaral” sa kabanatang ito. Ilista mo ang lahat ng reperensya tungkol sa babaing pinag-aaralan mo, basahin ang bawat talata, at pag-aralan ito.

IKATLONG HAKBANG: SURIIN ANG IMPORMASYON.

Ang listahan sa ibaba ang tumutukoy sa mga impormasyon na dapat mong makalap para sa pag-aaral ng talambuhay. Maaaring hindi ibinigay sa Biblia ang lahat ng impormasyon na ito patungkol sa isang tao, subalit pilitin mong isali ang lahat ng impormasyon tungkol sa kaniya.

Gamitin mo ang “form” na nasa kabanatang ito upang isulat at suriin ang impormasyong iyong natipon. Ang mga impormasyon sa talambuhay na kailangan ay:

Pangalan at kahulugan ng pangalan.

Mga kamag-anak: Magulang, mga kapatid, mga ninuno, mga anak.

Kapanganakan: Lugar, kahalagahan ng kapanganakan, di pangkaraniwang pangyayaring nakapalibot sa pagkapanganak.

Pagkabata at maagang pagsasanay.

Lugar na pinangyarihan: Saan naganap ang kuwento ng buhay ng babaing ito?

Mga kaibigan at kasamahan, mga personal na kaugnayan.

Trabaho o Gawain: Anong posisyon ang hawak niya? Paano siya kumikita?

Paglalarawan ng pisikal na hitsura.

Mga positibong katangian ng karakter.

Mga negatibong katangian ng karakter.

Mahahalagang pangyayari:

Unang enkuwentro sa Dios

Pagkahikayat
Tawag sa paglilingkod
Pinakamatinding krisis sa buhay ng babae:
(Halimbawa, nang sumunod si Ruth kay Naomi)
Kamatayan: Kailan, saan, di pangkaraniwang pangyayari.

IKA-APAT NA HAKBANG: IPAMUHAY ANG NATUTUHAN.

Gumawa ka ng mga personal na pagsasabuhay ng napag-aralan mo. Halimbawa: Anu-ano ang mga positibong katangian ng kaniyang karakter? Hingin sa Dios na ikaw ay maging tulad niya. Anu-ano ang kaniyang mga negatibong katangian? Nakikita mo ba ang mga ito sa iyong buhay? Hingin sa Dios na tulungan kang maiwaksi ito.

Sumulat ka ng isang pangungusap bilang buod ng pinakamahalagang katotohanan na natutuhan mo tungkol sa babaing ito. Halimbawa, ang buod tungkol sa buhay ni Eva ay “Ang pagsuway ay laging may kabayaran.”

PANGHULING HAMON

Sa huling hamon na ito, nagtatapos ka sa iyong pag-aaral ng “*Kababaihan: Sa Pananaw ng Biblia.*” Inaasahan namin na nasiyahan ka sa pagkaalam kung ano ang sinasabi ng Dios tungkol sa **iyó** sa Kaniyang Salita. Ang dalangin namin ay magamit mo sana ang iyong natutuhan upang ikaw ay makisangkot sa tanging dako ng ministryo para sa iyo sa Katawan ni Cristo. Sana ay gamitin mo rin ang manwal na ito upang ikalat ang iyong natutuhan sa ibang kababaihan na maaaring naghahanap ng kanilang sariling dako sa Panginoong Jesucristo.

Ngayon... Gamitin mo ang sumusunod na “form” at mga reperensya sa “Para Sa Dagdag Na Pag-aaral” sa kabanatang ito.

PAG-AARAL NG BIBLIA SA PAMAMAGITAN NG TALAMBUHAY

Unang Hakbang: Piliin ang taong pag-aaralan mo.

Ikalawang Hakbang: Magtipon ng Impormasyon.

Ilista ang mga reperensya sa Biblia kung saan nakatala ang buhay ng taong ito:

Ikatlong Hakbang: Suriin ang Impormasyon:

Pangalan at kahulugan ng pangalan:

Mga kamag-anak: Magulang, mga kapatid, mga ninuno, mga anak:

Kapanganakan: Lugar, kahalagahan ng kapanganakan, di pangkaraniwang pangyayaring nakapalibot sa pagkapanganak:

Pagkabata at maagang pagsasanay:

Lugar na pinangyarihan: Saan naganap ang kuwento ng buhay ng babaing ito?:

Mga kaibigan at kasamahan, mga personal na kaugnayan:

Trabaho o Gawain: Anong posisyon ang hawak niya? Paano siya kumikita?:

Paglalarawan ng pisikal na hitsura:

Mga positibong katangian ng karakter:

Mga negatibong katangian ng karakter:

Mahahalagang pangyayari:

Unang enkuwentro sa Dios:

Pagkahikayat:

Tawag sa paglilingkod:

Pinakamatinding krisis sa buhay ng babae:

Kamatayan: Kailan, saan, di pangkaraniwang pangyayari:

Ika-apat na Hakbang: Ipamuhay Ang Iyong Natutuhan.

Mga positibong katangian na maaari kong paunlarin:

Mga negatibong katangian na dapat kong iwaksi:

Ang pinakadakilang katotohanan sa pag-aaral na ito ay...

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

LAHAT NG MGA BABAE SA BIBLIA

Ang magkakapangalan ay may katabing numero upang malaman na ibang babae ang tinutukoy. Halimbawa: Miriam 1, Miriam 2, atbp.

Abi (Abiah) II Mga Hari 18:2; I Mga Cronica 2:24

Abigail 1 I Samuel 25: 3-42; 27:3; 30:5; II Samuel 2:2; 3:3; I Mga Cronica 3:1

Abigail 2 II Samuel 17:25; I Cronica 2:16,17

Abihail 1 I Mga Cronica 2:29

Abihail 2 II Mga Cronica 11:18

Abishag I Mga Hari 1:3,15; 2:17,21,22

Abital II Samuel 3:4; I Mga Cronica 3:3

Achsah Josue 15:16,17; Mga Hukom 1:12; I Mga Cronica 2:49

Adah 1 Genesis 4: 19,20,23

Adah 2 Genesis 36:2

Agar Galacia 4:24,25

Ahinoam 1 I Samuel 14: 50

Ahinoam 2 I Samuel 25:43; 27:3; 30:5; II Samuel 2:2; 3:2; I Mga Cronica 3:1

Ablai I Mga Cronica 2:31

Aholah Ezekiel 23”4,5,36,44

Aholibamah Genesis 36:2,5,14,18,25

Anna Lucas 2:36-38

Anah Genesis 36:2

Apphia Filemon 1:2

Asenath Genesis 41:45,50; 46:20

Atarah I Mga Cronica 2:26

Athaliah II Mga Hari 8:26; 11:1-3; 13-20; II Mga Cronica 22:2, 10-12; 23:12,13,21; 24:7

Azubah 1 I Mga Cronica 2:18,19

Azubah 2 I Mga Hari 22:42; II Mga Cronica 20:31

Baara I Mga Cronica 8:8

Bashemath 1 Genesis 26:34

Bashemath 2 Genesis 36:24

Basmath I Mga Hari 4:15

Bathsheba II Samuel 11:3; 12:24; I Mga Hari 1:11,15,16,28,31; 2:13,18,19; I Mga Cronica 3:5

Bathshua I Mga Cronica 3:5

Bernice Gawa 25:13,23; 26:30

Bilhah Genesis 29:29; 30:3-7; 35:22,25; 37:2; 46:25; I Mga Cronica 7:13

Bithiah I Mga Cronica 4:18

Chloe I Corinto 1:11

Claudia II Timoteo 4:21

Cozbi Mga Bilang 25:15,18

Damaris Gawa 17:34

Debora 1 Genesis 35:8

Debora 2 Hukom 4:4,5,9,10,14; 5: 1,7,12,15

Delila Hukom 16:4,6,10,12,13,18

Dinah Genesis 30:21; 34:1,3,5,13,25,26; 46:15

Dorcias (Tabitha) Gawa 9:36,39

Drusilla Gawa 24:24

Eglah II Samuel 3:5; I Mga Cronica 3:3

Elisabeth Lucas 1:5,7,13,24,36,40,41,57

Elisheba Exodo 6:23

Ephah I Mga Cronica 2:46

Ephratah I Mga Cronica 2:50; 4:4

Ephrath I Mga Cronica 2:19

Esther Aklat ni Esther

Eunice II Timoteo 1:5

Euodias Filemon 4:2

Eva Genesis 3:20; 4:1; II Corinto 11:3; I Timoteo 2:13

Gomer Oseas 1:3

Hadassah (Esther) Aklat ni Esther

Hagar II Samuel 3:4; I Mga Hari 1:5; II Mga Hari 2:13; I Mga Cronica 3:2

Haggith II Samuel 3:4; I Mga Hari 1:5; II Mga Hari 2:13; I Mga Cronica 3:2

Hammoleketh I Mga Cronica 7:18

Hamutal II Mga Hari 23:31; 24:18; Jeremias 52:1

Hannah I Samuel 1:2-22; 2: 1,21

Hazelelponi I Mga Cronica 4:3

Helah I Mga Cronica 4: 5,7

Hephzibah II Mga Hari 21:1

Herodias Mateo 14:3,6; Marcos 6:17,19,22; Lucas 3:19

Hodesh I Mga Cronica 8: 9

Hodiah I Mga Cronica 4:19

Hoglah Mga Bilang 26:33; 27:1; 36:11; Josue 17:30

Huldah II Mga Hari 22;14; II Mga Cronica 34:22

Hushim II Mga Cronica 8: 8,11

Ina ni Ichabod I Samuel 4: 19-22

Iscah Genesis 11:29

Jael Hukom 4:17,18,21,22; 5:6,24

Jecholiah II Mga Hari 15:2; II Mga Cronica 26:3

Jedidah II Mga Hari 22:1

Jehoaddan II Mga Hari 14:2; II Mga Cronica 25:1

Jehosheba II Mga Hari 11:2

Jehudijah II Mga Cronica 4:18

Jemima Job 42:14

Anak na babae ni Jephthath Hukom 11:34,35,40

Jerioth I Mga Cronica 2:18

Jerusha II Mga Hari 15:33; II Mga Cronica 27:1

Jezebel 1 I Mga Hari 16:31; 18:4,13,19; 19:12; 21:5-25; II Mga Hari 9:7,10,22,30,36.37

Jezebel 2 Apocalipsis 2:20

Joanna Lucas 8:3; 24:10

Jochebed Exodo 6:20; Bilang 26:59

Judah Jeremias 3:7,8,10

Judith Genesis 26:34

Julia Roma 16:15

Keren-happuch Job 42:14

Keturah Genesis 25:1,4; I Mga Cronica 1:32,33

Kezia Job 42:14

Leah Genesis 29:16-32; 30:9-20; 31:4,14,33; 33:1,2,7; 34:1; 35:23,26; 46:15,18; 49:31
Ruth 4:11

Lois II Timoteo 1:5

Lo-ruhamah Oseas 1:6,8

Asawa ni Lot Genesis 19:26; Lucas 17:32

Lydia Gawa 16:14,20

Maachah 1 Genesis 22:24

Maachah 2 II Samuel 3:3; I Mga Cronica 3:2

Maachah 3 I Mga Hari 15:2; II Mga Cronica 11:20-22

Maachah 4 I Mga Hari 15:10,13; II Mga Cronica 15:16

Maachah 5 I Mga Cronica 2:48

Maachah 6 I Mga Cronica 7:15,16

Maachah 7 I Mga Cronica 8:29; 9:35

Mahalath I Mga Cronica 7:18

Mahalath 1 Genesis 28:9

Mahalath 2 II Mga Cronica 11:18

Mahlah Bilang 26:33; 27:1; 36:11; Josue 17:3

Asawa ni Manoah Hukom 13:2-23

Mara Ruth 1:20

Martha Lucas 10:38,40,41; Juan 11:1,5,9,20,24,30,39

Maria Ina ni Jesus 1 Mateo 1:16,18,20; 2:11; 13:55; Mark 6:3; Lucas 1:27-56; 2:5,16,19,34; Gawa 1:14

Maria Magdalena 2 Mateo 27:56,61; 28:1; Marcos 15:40,47; 16:1,9; Lucas 8:2; Juan 19:25; 20:1,11,16,18

Maria ng Betania 3 Marcos 14:3-9; Lucas 10:39,42; Juan 11:1-45; 12:3

Maria 4 Mateo 27:56,61; 28:1; Marcos 15:40,47; 16:1; Lucas 24:10; Juan 19:25

Maria 5 Gawa 12:12

Maria 6 Roma 16: 6

Matred Genesis 36:39; I Mga Cronica 1:50

Mehetabel Genesis 36:39; I Mga Cronica 1:50

Meshullemeth II Mga Hari 21:19

Michaiah II Mga Cronica 13:2

Michal I Samuel 14:49; II Samuel 3:13,14; 6:16,20,21,23; I Mga Cronica 15:29

Milcah 1 Genesis 11:29; 22: 20,23,24; 15: 24,47

Milcah 2 Bilang 26:33; 27:1; 36:11; Josue 17:3

Miriam 1 Exodo 15:20,21; Bilang 12;1,4,5,10,15; 20:1; Deuteronomio 24:9; I Mga Cronica 6:3; Mikias 6:4

Miriam 2 I Mga Cronica 4:17

Naamah 1 Genesis 4:22

Naamah 2 I Mga Hari 14:21,31; II Mga Cronica 12:13

Naarah I Mga Cronica 4: 5,6

Naomi Aklat ni Ruth

Nehushta II Mga Hari 24:8

Noahdiah Nehemias 6:14

Noah Bilang 26:33; 27:1; 36: 11; Josue 17:3

Orpha Ruth 1:4,14

Penninah I Samuel 1:2,4

Persis Roma 16:12

Panuel Lucas 2:36

Febe Roma 16:1,2

Asawa ni Pilato Mateo 27:19

Asawa ni Potiphar Genesis 39:7,8,9,12,19

Priscilla (Prisca) Gawa 18: 2,18,26; Roma 16:3; I Corinto 16:19; II Timoteo 4:19

Puah Exodo 1:15

Reyna ng Sheeba I Mga Hari 10:1,4,10,13; II Mga Cronica 9:1,3,9,12; Mateo 12:42; Lucas 11:31

Rachel Genesis 29: 16-31; 30:1-25; 31:4-34; 33:1,2,7; 35:16-25; 46:19-25; Ruth 4:11; I Samuel 10:2; Jeremias 31:15; Mateo 2:18

Rahab 1 Josue 2:1,3,6; 17, 23,25; Hebreo 11:31; Santiago 2:25

Rahab 2 Mateo 1:5

Rebekah Genesis 22:23; 24:25,26,27,28,29:12; 35:8; 49:31; Roma 9:10

Reumah Genesis 22:24

Rhoda Gawa 12:13

Rizpah II Samuel 3:17; 21:8,10,11

Ruth Aklat ni Ruth

Salome Mateo 20:20; 27:56; Marcos 16:1-8

Samaritana Juan 4:7-42

Sapphira Gawa 5:1

Sarah 1 Genesis 11;12;16-18;20;21;23-35; 49:31; Isaias 51:2; Roma 4:19; 9:9; Hebreo 11:11; I Pedro 3:6

Sarah 2 Genesis 46:17; Bilang 26:45; I Mga Cronica 7:30

Shelomith 1 Levitico 24:11

Shelomith 2 I Mga Cronica 3:19

Shelomith 3 II Mga Cronica 11:2

Sherah I Mga Cronica 11:24

Shimeath II Mga Hari 12:21; II Mga Cronica 24:25

Shimrith II Mga Cronica 24:26

Shiphrah Exodo 1:15

Shomer II Mga Hari 12:21; II Mga Cronica 24:25

Shunamita II Mga Hari 4: 8-37; 8:1-6

Suzana Lucas 8:3

Syntyche Filipos 4:2

Babaing taga Syrophoenicia Mateo 15:21-28; Marcos 7:24-30

Tabitha (Dorcas) Gawa 9: 36,39

Tahpenas I Mga Hari 11:19,20

Tamar 1 Genesis 38: 6,11,13,24; Ruth 4:12; I Mga Cronica 2:4

Tamar 2 II Samuel 13:1-32; I Mga Cronica 3:9

Tamar 3 II Samuel 14: 27

Taphath I Mga Hari 4:11

Thamar Mateo 1:3

Timna Genesis 36:12

Tirzah Bilang 26:33; 27:1; 36:11; Josue 17:3

Tryphena Roma 16: 12

Tryphosa Roma 16:12

Vashti Esther 1:9,11; 2:15-17,19; 2:1,4,17

Babaing mabait Kawikaan 31: 10-31

Balo ng Zarephath I Mga Hari 17:8-24; Lucas 4:25,26

Babae ng Endor I Samuel 28: 7-25

Babaing patriota ng Thebez Hukom 9:53

Zebudah II Mga Hari 23:36

Zeresh Esther 5:10; 14; 6:13

Zeruah I Mga Hari 11:26

Zeruiah I Samuel 26:6; II Samuel 2:13,18; 3:39; 8:16; 14:1; 16:9-23; I Mga Hari 1:7; 2:5,22; I Mga Cronica 2:16; 11:6,39; 18:12,15; 26:28; 27:24

Zibiah II Mga Hari 12:1; II Mga Cronica 24:1

Zillah Genesis 4:19,22,23

Zilpah Genesis 29:24; 30:9,10; 35:26; 37:2; 46:18

Zipporah Exodo 2:21; 4:25; 18:2

MGA SAGOT SA PANSARILING PAGSUSULIT

UNANG KABANATA:

1. Ang mga pangunahing reprints ay Genesis 2:18 AT 21-24. Maaari mo ring gamitin ang Genesis 1: 27
2. Nagtatag ng mga siyudad at komunidad. Genesis 1:28.
3. Hindi lamang pisikal kundi espirituwal na relasyon.
4.

<u>Relasyon</u>	<u>Reperensya</u>
Pagibig	Efeso 5: 25-26
Makakasama	Genesis 2:18
Katulong	Genesis 2:18
Matibay na pasiya	Genesis 2: 24
5. Katulad ng pagtulong ng Dios sa Kaniyang bayan.
6. At nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan, ayon sa larawan ng Dios siya nilalang; nilalang Niya sila na lalake at babae. (Genesis 1:27)

IKALAWANG KABANATA:

1. Genesis 3:15
2. At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong. (Genesis 3:15)
3. a. Tama b. Mali c. Mali d. Tama e. Tama
4.

a. LB Genesis 3:3	d. A Genesis 3:15
b. LB Genesis 3:7	e. L Genesis 3:17
c. LB Genesis 3:10	f. B Genesis 3:16

IKATLONG KABANATA:

1. Ang lingap ay magdaraya, at ang kagandahan ay walang kabuluhan; Ngunit ang babae na natatakot sa Panginoon, ay siya'y pupurihin. (Kawikaan 31:10)
2. Ang kahulugan ng Kawikaan ay “maikling salawikain sa halip na maraming salita.”
3. Ang babaing kakaiba ay ang babaing malayo sa Dios, hindi banal, hindi matuwid.
4. Ang babaing mabait ay ang babae ng Dios, banal, matuwid.
5. Kung hindi mo nasagutan ng tama ang ilan sa mga tanong na ito, balikan mo ang Ikatlong Kabanata.

- | | |
|------|------|
| a. M | j. M |
| b. M | k. M |
| c. M | l. B |
| d. M | m. B |
| e. B | n. M |
| f. M | o. M |
| g. M | p. B |

h. B
i. M

q. B
r. M

IKA-APAT NA KABANATA:

1. 3,1,2,6,5,4
2. Ihambing mo ang iyong listahan sa mga layunin sa Ika-Apat ng Kabanata.
3. Ang mga pangyayari sa Aklat ni Ruth ay nangyari sa panahon ng mga Hukom.
4. Moab at Bethlehem.
5. Hindi kilala ang may akda.
6. At sinabi ni Ruth, Huwag mo ipamanhik na kita'y iwan, at bumalik na humiwalay sa iyo; sapagkat kung saan ka pumaroon, ay paroroon ako; ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Dios ay aking Dios: Kung saan ka mamamatay, ay mamamatay ako, at doon ako ililibing; hatulan ako ng Panginoon at lalo na, maliban ang kamatayan ang maghiwalay sa iyo at sa akin.
(Ruth 1: 16-17)
7. a. Tama b. Mali c. Mali d. Mali e. Mali f. Tama

IKA-LIMANG KABANATA:

1. Sapagka't kung ikaw ay lubos na tumahimik sa panahong ito, ay magtataglay nga ng katiwasayan at kaligtasan ang mga Judio sa ibang dako, ngunit ikaw at ang sangbahayan ng iyong magulang ay mapapahamak: at sinong nakakaalam na kung kaya ka pinasapit sa kaharian ay dahil sa bagay na ito. (Esther 4: 14)
2. Ihambing mo ang iyong mga sagot sa mga layunin sa Ika-Limang Kabanata.
3. 4,1,2,3
4. Hindi kilala ang may akda.
5. Sa palasyo ng Shushan.

IKA-ANIM NA KABANATA:

1. Kung ginagawa mo o hindi ang kalooban ng Ama.
2. Sapagkat sinomang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama na nasa Langit, ay siyang Aking kapatid na lalake at Aking kapatid na babae, at ina. (Mateo 12:50)
3. 3,7,1,6,5,4,2

IKA-PITONG KABANATA:

1. At mayroon ding iba't ibang mga bagay na ginawa si Jesus, na kung susulating isa-isa, ay inaakala ko na kahit sa sanglibutan ay hindi magkakasiya ang lahat ng mga aklat na susulatin. (Juan 21: 25)

- | | |
|---------------------------|----------------|
| 2. Ang Nawalang Pilak | Lucas 15:8-10 |
| Ang Matiyagang Balo | Lucas 18:1-8 |
| Ang Sampung Mga Dalaga | Mateo 25: 1-13 |
| Ang Babae na may Lebadura | Mateo 13: 33 |

3. Ang Biyanang Babae ni Pedro	Mateo 8:1-15
Babaing Dinudugo	Mateo 9:20-22
Anak ng Caneneo	Mateo 15: 21-28
Baluktot na Babae	Lucas 13:11-13
Anak na Babae ni Jairo	Mateo 9: 18-19
Anak na Lalake ng Balo sa Nain	Lucas 7:11-15
Kapatid na Lalake ni Maria at Marta	Juan 11: 1-44

IKA-WALONG KABANATA:

1. Oo't sa Aking mga lingkod na lalake at sa Aking mga lingkod na babae, sa mga araw na yaon ibubuhos Ko ang Aking Espiritu; at magsisipanghula sila. (Gawa 2:18)
2. Ihambing mo ang iyong mga sagot sa mga "subheadings" ng kabanatang ito. Ang mga pamagat na ito ang nagbabanggit ng ministeryo ng mga kababaihan sa Mga Gawa.
3. a. Mali b. Mali c. Mali d. Mali

IKA-SIYAM NA KABANATA:

1. At ang mga nagsipangalat nga ay nagsipaglakbay, na ipinangangaral ang Salita. (Gawa 8:4)
2. 2,4,5,3,1

IKA-SAMPUNG KABANATA:

1. Walang magiging Judio o Griego man, walang magiging alipin o malaya man, walang magiging lalake o babae man; sapagkat kayong lahat ay iisa kay Cristo Jesus. (Galacia 3: 28)
2. a. Tama b. Mali c. Mali d. Tama e. Tama f. Mali g. Mali h. Tama

IKA-LABINGISANG KABANATA:

1. Na pasakop kayo sa isa't isa sa takot kay Cristo. (Efeso 5:21)
2. Upang makapaglingkod kayo sa Panginoon nang walang sagabal.
3. a. Mali b. Tama c. Mali d. Tama e. Tama f. Mali g. Tama h. Mali
4. Ang isang babae ay dapat manamit nang may kahinhinan at dapat niyang pagbutihin ang espirituwal na paglago higit sa panglabas na anyo.

IKA-LABINGDALAWANG KABANATA:

1. Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo. (Efeso 4: 12)
2. Tingnan ang Efeso 4:12
 - Ikasasakdal ng mga banal.
 - Sa gawain ng paglilingkod.
 - Sa ikatitibay ng Katawan ni Cristo.

3. Gawin natin ito:

- Magkaisa sa pananampalataya.
 - Abutin natin ang pagkakilala kay Cristo
 - Abutin natin ang kasakdalan, na si Cristo ang ating modelo.
 - Maging matatag, hindi nalilinlang ng mga maling doktrina.
 - Lumagong espirituwal kay Cristo.
- (Tingnan ang Efeso 4:12-15)

IKA-LABINGTATLONG KABANATA:

1. Basahin ang mga “subheadings” sa Ika-Labingtatlong Kabanata. Maaaring nailista mo ang alinman sa mga parangal na ito.
2. Nagbibigay ng salita ang Panginoon; ang mga babaing naghahayag ng mga balita ay malaking hukbo. (Awit 68:11)
3. a. Tama b. Tama c. Mali d. Mali e. Mali

IKA-LABING APAT NA KABANATA:

1. Miriam.
2. Kailangan ng grupo ang layunin para mabuo kung paanong kailangan ng mga tao ang layunin upang mabuhay.
3. Una: Manalangin.
Ikalawa: Tumawag ng isang grupo ng mga babae upang tumulong sa pagtatatag.
Ikatlo: Tukuyin ang pakay ng grupo.
Ika-apat: Itatag ang estruktura ng organisasyon.
Ika-lima: Magtakda ng petsa, oras, at dako para sa unang miting.
Ika-anim: Ipahayag ang miting.
Ika-pito: Tawagan ang lahat ng dumalo sa unang miting.

4.

...At si Miriam na propetisa na kapatid ni Aaron, ay tumangan ng isang pandereta sa kaniyang kamay; at sumunod ang lahat ng mga babae sa kaniya, na may mga pandereta at nagsayawan.

At sila’y sinagot ni Miriam, Umawit kayo sa Panginoon, sapagkat siya’y nagtagumpay ng kaluwaluwalhati. (Exodo 15: 20-21)

IKA-LABING LIMANG KABANATA:

Walang pagsusulit sa kabanatang ito.